Kung nagbayad ka para sa mga serbisyong nakuha mo na, maaari kang maging kwalipikado na ma-reimburse (mabayaran) kung matutugunan mo ang **lahat** ng kondisyong ito:

- Ang serbisyong nakuha mo ay sakop na serbisyo na responsibilidad ng Molina Healthcare na bayaran. Hindi ka ire-reimburse ng Molina Healthcare para sa isang serbisyo na hindi sakop ng Molina Healthcare.
- Nakuha mo ang sakop na serbisyo habang ikaw ay kwalipikadong miyembro ng Molina Healthcare.
- Hihilingin mong bayaran ka sa loob ng isang taon mula sa petsa na nakuha mo ang sakop na serbisyo.
- Magpapakita ka ng patunay na ikaw, o ang isang tao sa ngalan mo, ay binayaran ang sakop na serbisyo, tulad ng isang detalyadong resibo mula sa provider.
- Nakuha mo ang sakop na serbisyo mula sa isang provider na naka-enroll sa Medi-Cal na nasa network ng Molina Healthcare. Hindi mo kailangang matugunan ang kondisyong ito kung nakakuha ka ng pang-emergency na pangangalaga, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o ibang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na gawin ng mga provider na wala sa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).
- Kung ang sakop na serbisyo ay karaniwang nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kailangan mong magbigay ng patunay mula sa provider na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa sakop na serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare kung ire-reimburse ka nila sa isang sulat na tinatawag na Abiso ng Aksyon (NOA). Kung matutugunan mo ang lahat ng kondisyon sa itaas, dapat bayaran ka ng provider na naka-enroll sa Medi-Cal para sa buong halagang binayaran mo. Kung tumanggi ang provider na bayaran ka, babayaran ka ng Molina Healthcare para sa buong halagang binayaran mo.

Kung naka-enroll ang provider sa Medi-Cal ngunit wala sa network ng Molina Healthcare at tumangging bayaran ka, babayaran ka ng Molina Healthcare, ngunit hanggang sa halaga lang na babayaran ng FFS na Medi-Cal. Babayaran ka ng Molina Healthcare para sa buong halagang mula sa bulsa para sa pangangalagang pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o ibang serbisyo na



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga provider na wala sa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung hindi mo matugunan ang isa sa mga kondisyon sa itaas, hindi ka babayaran ng Molina Healthcare.

Hindi ka babayaran ng Molina Healthcare kung:

- Humingi ka at nakakuha ng mga serbisyong hindi sakop ng Medi-Cal, gaya ng mga serbisyo para sa medikal na procedure para pagandahin ang hitsura.
- Ang serbisyo ay hindi sakop na serbisyo para sa Molina Healthcare.
- Mayroon kang hindi pa natutugunan na Buwanang Gastos ng Residente ng Medi-Cal.
- Pumunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma ka sa isang form na nagsasabing gusto mo pa ring matingnan at babayaran mo mismo ang mga serbisyo.
- Mayroon kang mga co-pay ng Medicare Part D para sa mga gamot na sakop ng iyong Medicare Part D plan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

3. Paano makakakuha ng pangangalaga

Pagkuha ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan

MANGYARING BASAHIN ANG MGA SUMUSUNOD NA IMPORMASYON PARA MALAMAN MO KUNG KANINO O ANONG GRUPO NG MGA PROVIDER MAAARING MAKUHA ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.

Maaari kang magsimulang makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong petsa ng pagkabisa ng pagpapatala sa Molina Healthcare. Palaging dalhin ang iyong Molina Healthcare Identification (ID) card, Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), at anumang iba pang health insurance card. Huwag kailanman hayaang gamitin ng sinuman ang iyong BIC card o Molina Healthcare ID card.

Ang mga bagong miyembro na may coverage lang ng Medi-Cal ang dapat pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) sa network ng Molina Healthcare. Ang mga bagong miyembro na may Medi-Cal at komprehensibong iba pang coverage sa kalusugan ay hindi kailangang pumili ng PCP.

Ang network ng Molina Healthcare Medi-Cal ay isang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nagtatrabaho sa Molina Healthcare. Kung mayroon ka lang coverage ng Medi-Cal, ikaw ay dapat pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa oras na naging miyembro ka ng Molina Healthcare. Kung hindi ka pipili ng PCP, pipili ang Molina Healthcare ng isa para sa iyo.

Maaari kang pumili ng parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa Molina Healthcare, hangga't available ang PCP.

Kung mayroon kang doktor na gusto mong panatilihin, o gusto mong humanap ng bagong PCP, pumunta sa Direktoryo ng Provider para sa listahan ng lahat ng PCP at iba pang provider sa network ng Molina Healthcare. Ang Direktoryo ng Provider ay may iba pang impormasyon upang matulungan kang pumili ng PCP. Kung kailangan mo ng



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaari mo ring mahanap ang Direktoryo ng Provider sa website ng Molina Healthcare sa www.MolinaHealthcare.com.

Kung hindi mo makuha ang pangangalagang kailangan mo mula sa isang kalahok na provider sa network ng Molina Healthcare, ang iyong PCP o espesyalista sa network ng Molina Healthcare ay dapat humingi ng pag-apruba sa Molina Healthcare na ipadala ka sa isang provider na wala sa network. Tinatawag itong referral. Hindi mo kailangan ng referral para pumunta sa isang provider na wala sa network para makakuha ng mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga na nakalista sa ilalim ng heading na “Sensitibong pangangalaga” sa bandang huli ng kabanatang ito.

Basahin ang natitirang bahagi ng kabanatang ito para alamin pa ang tungkol sa mga PCP, Direktoryo ng Provider, at network ng provider.

Ang programang Medi-Cal Rx ay nangangasiwa sa coverage ng iniresetang gamot para sa outpatient. Para alamin pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)

Ang iyong primary care provider (PCP) ay ang lisensyadong provider na pinupuntahan mo para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ka rin ng iyong PCP na makakuha ng iba pang uri ng pangangalaga na kailangan mo. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pag-enroll sa Molina Healthcare. Depende sa iyong edad at kasarian, maaari kang pumili ng isang general practitioner, OB/GYN, family practitioner, internist, o pediatrician bilang iyong PCP.

Ang isang nurse practitioner (NP), physician assistant (PA), o certified nurse midwife ay maaari ding kumilos bilang iyong PCP. Kung pipili ka ng isang NP, PA, o sertipikadong nurse midwife, maaari kang magtalaga ng isang doktor para mangasiwa sa iyong pangangalaga. Kung ikaw ay nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon ka ring iba pang komprehensibong insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Maaari kang pumili ng Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP), Pederal na Kwalipikadong Health Center (FQHC), o Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC) bilang iyong PCP. Depende sa uri ng provider, maaari kang pumili ng isang PCP para sa iyong sarili at sa iyong iba pang miyembro ng pamilya na miyembro ng Molina Healthcare, hangga't available ang PCP.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Tandaan: Ang mga American Indian ay maaaring pumili ng isang IHCP bilang kanilang PCP, kahit na ang IHCP ay wala sa Molina Healthcare network.

Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pagpapatala, itatalaga ka ng Molina Healthcare sa isang PCP. Kung ikaw ay itinalaga sa isang PCP at gustong magpalit, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Ang pagbabago ay nangyayari sa unang araw ng susunod na buwan.

Ang iyong PCP ay:

- Aalamin ang iyong nakaraan at kasalukuyang kalusugan at mga pangangailangan
- Pananatilihin ang iyong mga rekord ng kalusugan
- Ibibigay sa iyo ang pang-iwas sa sakit at regular na pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo
- Ire-refer ka sa isang espesyalista kung kailangan mo
- Aayusin ang pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito

Maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Provider para makahanap ng PCP sa network ng Molina Healthcare. Ang Direktoryo ng Provider ay may listahan ng mga IHCP, FQHC, at RHC na nakikipagtulungan sa Molina Healthcare.

Maaari mong mahanap ang Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare online sa www.MolinaHealthcare.com, o maaari kang humiling ng Direktoryo ng Provider na ipadala sa iyo sa koreo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaari ka ring tumawag para malaman kung ang PCP na gusto mo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Pagpili ng mga doktor at iba pang provider

Alam mo na ang iyong pangangalagang pangkalusugan ay kailangan ang pinakamabuti kaya pinakamaganda kung pipiliin mo ang iyong PCP. Pinakamagandang manatili sa isang PCP upang malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto mong lumipat sa isang bagong PCP, maaari kang magpalit anumang oras. Dapat kang pumili ng PCP na nasa network ng provider ng Molina Healthcare at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Ang iyong bagong pagpipilian ay magiging iyong PCP sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong gawin ang pagbabago.

Para palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaari mo ring bisitahin www.Molinahealthcare.com at magparehistro para sa MyMolina. Ito ang portal ng miyembro ng Molina Healthcare (web site) kung saan maaari mong malaman ang impormasyon tungkol sa iyong katayuan sa Molina Healthcare online.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Maaaring palitan ng Molina Healthcare ang iyong PCP kung ang PCP ay hindi kumukuha ng mga bagong pasyente, umalis sa network ng Molina Healthcare, hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyente na kaedad mo, o kung may mga alalahanin sa kalidad sa PCP na hindi nalutas. Ang Molina Healthcare o ang iyong PCP ay maaari ring hilingin sa iyo na lumipat sa isang bagong PCP kung hindi ka makakasundo o sumasang-ayon sa iyong PCP, o kung ikaw ay hindi nakapunta o nahuli sa mga appointment. Kung kailangang palitan ng Molina Healthcare ang iyong PCP, sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare sa sulat.

Kung nagbago ang iyong PCP, makakakuha ka ng sulat at bagong ID card ng miyembro ng Molina Healthcare sa koreo. Magkakaroon ito ng pangalan ng iyong bagong PCP. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

Ilang bagay na dapat pag-isipan kapag pumipili ng PCP:

- Nag-aalaga ba ang PCP ng mga bata?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa isang klinika na gusto kong gamitin?
- Malapit ba ang opisina ng PCP sa aking tahanan, trabaho, o paaralan ng aking mga anak?
- Malapit ba ang opisina ng PCP sa aking tinitirhan at madali bang makarating sa opisina ng PCP?
- Nagsasalita ba ng aking wika ang mga doktor at kawani?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa isang ospital na gusto ko?
- Ibinibigay ba ng PCP ang mga serbisyong kailangan ko?
- Ang mga oras ba ng opisina ng PCP ay angkop sa aking iskedyl?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa mga espesyalistang ginagamit ko?

Initial Health Appointment (IHA)

Inirerekomenda ng Molina Healthcare na, bilang bagong miyembro, bisitahin mo ang iyong bagong PCP sa loob ng 120 araw para sa iyong unang appointment sa kalusugan, na tinatawag na Initial Health Appointment (IHA). Ang layunin ng unang appointment sa kalusugan ay tulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong nakaraang at kasalukuyang pangangalagang pangkalusugan at mga pangangailangan. Maaaring magtanong sa iyo ang iyong PCP tungkol sa iyong nakaraan at kasalukuyang kalusugan o maaaring hilingin sa iyo na sagutan ang isang questionnaire. Sasabihin din sa iyo ng iyong PCP ang tungkol sa pagpapayo sa edukasyon sa kalusugan at mga klase na makakatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka para mag-iskedyul ng iyong unang appointment sa kalusugan, sabihin sa taong sumasagot sa telepono na ikaw ay miyembro ng Molina Healthcare. Ibigay ang iyong Molina Healthcare ID number.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Dalhin ang iyong Medi-Cal BIC card, Molina Healthcare ID card at anumang iba pang health insurance card sa iyong appointment. Magandang ideya na magdala ng listahan ng iyong gamot at mga tanong sa iyong pagpapatingin. Maging handa na makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Siguraduhing tumawag sa opisina ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi makakapunta sa iyong appointment.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong unang appointment sa kalusugan, tawagan ang team ng Initial Health Appointment (IHA): (844) 236-2448 (TTY/TDD o 711).

Karaniwang pangangalaga

Ang regular na pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pangangalaga para sa pag-iwas sa sakit, tinatawag ding wellness o well care. Tinutulungan ka nitong manatiling malusog at nakakatulong na hindi ka magkasakit. Kasama sa pangangalaga sa pag-iwas sa sakit ang mga regular na check-up, screening, pagbabakuna, edukasyon sa kalusugan, at pagpapayo.

Inirerekomenda ng Molina Healthcare na ang mga bata, lalo na, ay makakuha ng regular na routine at pangangalaga para sa pag-iwas sa sakit. Makukuha ng mga miyembro ng Molina Healthcare ang lahat ng inirerekomendang serbisyo sa maagang pag-iwas sa sakit na inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics at ng Centers for Medicare and Medicaid Services. Kasama sa mga screening na ito ang screening ng pandinig at paningin, na makakatulong na matiyak ang malusog na pag-unlad at pag-aaral. Para sa listahan ng mga serbisyong inirerekomenda ng pediatrician, basahin ang mga alituntunin ng “Bright Futures” mula sa American Academy of Pediatrics sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.

Kasama rin sa regular na pangangalaga ang pangangalaga kapag ikaw ay may sakit. Sinasakop ng Molina Healthcare ang karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP.

Ang iyong PCP ay:

- Ibibigay sa iyo ang karamihan sa iyong regular na pangangalaga, kabilang ang mga regular na check-up, pagbabakuna (mga iniksyon), paggamot, mga gamot, kinakailangang pagsusuri, at payong medikal.
- Pananatilihin ang iyong mga rekord ng kalusugan.
- Ire-refer ka sa mga espesyalista kung kinakailangan.
- Mag-o-order ng X-ray, mga mammogram, o lab work kung kailangan mo ang mga ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Kapag kailangan mo ng regular na pangangalaga, tatawagan mo ang iyong PCP para sa isang appointment. Tiyaking tawagan ang iyong PCP bago ka kumuha ng pangangalagang medikal maliban kung ito ay isang emergency. Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.

Para alamin pa ang tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasakop ng Molina Healthcare at kung ano ang hindi nito sinasakop, basahin ang Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” at Kabanata 5, “Pangangalaga ng bata at kabataan para makaiwas sa sakit” sa handbook na ito.

Lahat ng provider na nasa network ng Molina Healthcare ay maaaring gumamit ng mga tulong at serbisyo upang makipag-usap sa mga taong may mga kapansanan. Maaari din silang makipag-usap sa iyo sa ibang wika o format. Sabihin sa iyong provider o sa Molina Healthcare kung ano ang kailangan mo.

Network ng provider

Ang network ng provider ng Medi-Cal ay ang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa Molina Healthcare upang magbigay ng mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal sa mga miyembro ng Medi-Cal.

Ang Molina Healthcare ay isang pinamamahalaang plano sa pangangalagang pangkalusugan. Kapag pinili mo ang aming Medi-Cal Plan, pinipili mong kunin ang iyong pangangalaga sa pamamagitan ng aming programa sa pangangalagang medikal. Dapat mong makuha ang karamihan sa iyong mga sakop na serbisyo sa pamamagitan ng Molina Healthcare mula sa aming mga provider na nasa network. Maaari kang pumunta sa isang provider na wala sa network nang walang referral o paunang pag-apruba para sa emergency na pangangalaga o para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya. Maaari ka ring pumunta sa isang provider na wala sa network para sa agarang pangangalaga sa labas ng lugar kapag ikaw ay nasa lugar na hindi namin pinaglilingkuran. Dapat ay mayroon kang referral o paunang pag-apruba para sa lahat ng iba pang serbisyo na wala sa network, o hindi sasakupin ang mga ito.

Tandaan: Ang mga American Indian ay maaaring pumili ng isang IHCP bilang kanilang PCP, kahit na ang IHCP ay wala sa Molina Healthcare network.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Kung ang iyong PCP, ospital, o iba pang provider ay may moral na pagtutol sa pagbibigay sa iyo ng sakop na serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya o aborsyon, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Para sa higit pang kaalaman tungkol sa moral na pagtutol, basahin ang "Moral na pagtutol" sa ibang pagkakaton sa kabanatang ito.

Kung ang iyong provider ay may moral na pagtutol sa pagbibigay sa iyo ng mga sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, matutulungan ka niya na makahanap ng ibang provider na magbibigay sa iyo ng mga serbisyong kailangan mo. Matutulungan ka rin ng Molina Healthcare na makahanap ng provider na magsasagawa ng serbisyo.

Mga provider na nasa network

Gagamitin mo ang mga provider sa network ng Molina Healthcare para sa karamihan ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha ka ng pangangalaga para sa pag-iwas sa sakit at regular na pangangalaga mula sa mga provider na nasa network. Gagamitin mo rin ang mga espesyalista, ospital, at iba pang provider sa network ng Molina Healthcare.

Upang makakuha ng Direktoryo ng Provider ng mga provider na nasa network, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaari mo ring mahanap ang Direktoryo ng Provider online sa www.MolinaHealthcare.com. Upang makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Dapat kang makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Molina Healthcare bago ka magpatingin sa isang provider na wala sa network maliban kung:

- Kung kailangan mo ng emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.
- Kung ikaw ay nasa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare at kailangan ng agarang pangangalaga, pumunta sa anumang pasilidad ng agarang pangangalaga.
- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kung wala ka sa isa sa mga kaso na nakalista sa itaas at hindi ka nakakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago kumuha ng pangangalaga mula sa isang provider sa labas ng network, maaari kang maging responsable sa pagbabayad para sa anumang pangangalaga na nakuha mo mula sa mga provider na wala sa network.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga provider na wala sa network na nasa loob ng lugar ng serbisyo

Ang mga provider na wala sa network ay mga provider na walang kasunduan na makipagtulungan sa Molina Healthcare. Maliban sa pangangalagang pang-emergency at pangangalaga na paunang inaprubahan ng Molina Healthcare, maaaring kailanganin mong magbayad para sa anumang pangangalagang makukuha mo mula sa mga provider na wala sa network sa iyong lugar ng serbisyo.

Kung kailangan mo ng medikal na kinakailangang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na hindi available sa network, maaari mong makuha ang mga ito mula sa isang provider na wala sa network nang libre. Maaaring aprubahan ng Molina Healthcare ang isang referral sa isang provider na wala sa network kung ang mga serbisyong kailangan mo ay hindi available sa network o napakalayo sa iyong tahanan. Para sa mga pamantayan ng oras o distansya ng Molina Healthcare para sa kung saan ka nakatira, pumunta sa <https://www.molinahealthcare.com/members/ca/mem/medicaid/medical/care/providers.aspx>, na may impormasyon sa mga pamantayan sa oras o distansya at naaprubahang Alternative Access Standards (AAS). Kung bibigyan ka namin ng referral sa isang provider na wala sa network, babayaran namin ang pangangalaga sa iyo.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, dapat kang pumunta sa isang provider ng agarang pangangalaga na nasa network ng Molina Healthcare. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na nasa network. Kailangan mong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) upang makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare.

Kung kukuha ka ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang iyon. Maaari kang magbasa pa tungkol sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga sa kabanatang ito.

Tandaan: Kung ikaw ay isang American Indian, maaari kang makakuha ng pangangalaga sa isang IHCP sa labas ng aming network ng provider nang walang referral. Ang IHCP na wala sa network ay maaari ding mag-refer ng mga miyembro ng American Indian sa provider na nasa network nang hindi muna nangangailangan ng referral mula sa PCP na nasa network.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyong wala sa network, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Sa labas ng lugar ng serbisyo

Kung ikaw ay nasa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare at nangangailangan ng pangangalaga na **hindi** emergency o apurahan, tawagan kaagad ang iyong PCP. O tumawag sa 1-888-665-4621 (numero ng TTY ng Mga Serbisyo para sa Miyembro o 711).

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Sinasakop ng Molina Healthcare ang pang-emergency na pangangalaga na wala sa network. Kung maglalakbay ka sa Canada o Mexico at kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital, sasakupin ng Molina Healthcare ang iyong pangangalaga. Kung ikaw ay naglalakbay sa ibang bansa sa labas ng Canada o Mexico at nangangailangan ng pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, **hindi** sasakupin ng Molina Healthcare ang iyong pangangalaga.

Kung nagbayad ka para sa pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico, maaari mong hilingin sa Molina Healthcare na bayaran ka. Susuriin ng Molina Healthcare ang iyong kahilingan. Alamin pa ang tungkol sa pagbabayad, basahin ang Kabanata 2, “Tungkol sa iyong planong pangkalusugan” sa handbook na ito.

Kung ikaw ay nasa ibang estado o nasa isang Teritoryo ng Estados Unidos gaya ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands, ikaw ay sakop para sa emergency na pangangalaga. Hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid. (Medi-Cal ang tawag sa Medicaid sa California lang.) Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng California, sabihin sa doktor sa ospital o emergency room sa lalong madaling panahon na mayroon kang Medi-Cal at miyembro ka ng Molina Healthcare.

Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng iyong Molina Healthcare ID card. Sabihin sa ospital at sa mga doktor na singilin ang Molina Healthcare. Kung makakakuha ka ng bill para sa mga serbisyong nakuha mo sa ibang estado, tawagan kaagad ang Molina Healthcare. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor upang ayusin na bayaran ng Molina Healthcare ang iyong pangangalaga.

Kung ikaw ay nasa labas ng California at may pang-emergency na pangangailangan na kumuha ng mga iniresetang gamot para sa outpatient, patawagin ang botika sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273.

Tandaan: Ang mga American Indian ay maaaring makakuha ng mga serbisyo sa mga IHCP na wala sa network.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Ang programa ng California Children's Services (CCS) ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit, o malalang problema sa kalusugan at nakakatugon sa mga tuntunin ng programa ng CCS. Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa isang karapat-dapat na kondisyong medikal at ang Molina Healthcare ay walang espesyalista na nasa panel ng CCS sa network na makakapagbigay ng pangangalaga na kailangan mo, maaari kang pumunta sa isang provider sa labas ng network ng provider nang libre. Para alamin pa ang tungkol sa programa ng CCS, basahin ang Kabanata 4, "Mga benepisyo at serbisyo" sa handbook na ito.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pangangalaga na wala sa network o sa labas ng lugar ng serbisyo, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Kung sarado ang opisina at gusto mo ng tulong mula sa isang kinatawan ng Molina Healthcare, tawagan ang Nurse Advice Line sa 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Kung ikaw ay naglalakbay sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan ng agarang pangangalaga, hindi sasakupin ng Molina Healthcare ang iyong pangangalaga. Para sa higit pa tungkol sa agarang pangangalaga, basahin ang "Agarang pangangalaga" sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Mga Delegadong Modelong MCP

Ang Molina Healthcare ay nagtatalaga ng mga miyembro sa Mga Medikal na Grupo/IPA. Ang mga Medikal na Grupo/IPA ay mayroong kontrata sa Molina Healthcare at may network ng mga provider. Ang mga Medikal na Grupo/IPA ay nag-oorganisa ng isang grupo ng mga doktor, espesyalista, at iba pang provider ng mga serbisyong pangkalusugan upang matingnan ang mga miyembro ng Molina Healthcare. Ang iyong doktor, kasama ang Medikal Grupo/IPA, ay nangangalaga ng lahat ng iyong medikal na pangangailangan. Maaaring kabilang dito ang pagkuha ng pag-apruba upang magpatingin sa mga espesyalistang doktor o mga serbisyong medikal tulad ng mga lab test, x-ray, at/o pagpasok sa ospital.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkuha ng pag-apruba, ang pangangalaga na wala sa-network o sa labas ng lugar ng serbisyo, tawagan ang iyong medikal na grupo/IPA gamit ang numero ng telepono na matatagpuan sa iyong ID card o maaari kang tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Molina upang tulungan ka sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Paano gumagana ang pinamamahalaang pangangalaga

Ang Molina Healthcare ay isang pinamamahalaang plano sa pangangalagang pangkalusugan. Ang Molina Healthcare ay nagbibigay ng pangangalaga sa mga miyembrong nakatira sa Sacramento, San Diego, Riverside, at San Bernardino County. Sa pinamamahalaang pangangalaga, ang iyong PCP, mga espesyalista, klinika, ospital, at iba pang provider ay nagtutulungan upang pangalagaan ka.

Ang Molina Healthcare ay nakikipagkontrata sa mga medikal na grupo upang magbigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng Molina Healthcare. Ang medikal na grupo ay binubuo ng mga doktor na mga PCP at espesyalista. Nakikipagtulungan ang grupong medikal sa iba pang provider tulad ng mga laboratoryo at supplier ng matibay na kagamitang pangmedikal. Ang grupong medikal ay konektado rin sa isang ospital. Tingnan ang iyong Molina Healthcare ID card para sa mga pangalan ng iyong PCP, medikal na grupo, at ospital.

Kapag sumali ka sa Molina Healthcare, pipili ka o itatalaga sa isang PCP. Ang iyong PCP ay bahagi ng isang medikal na grupo. Ang iyong PCP at medikal na grupo ay namamahala sa pangangalaga para sa lahat ng iyong medikal na pangangailangan. Maaaring i-refer ka ng iyong PCP sa mga espesyalista o mag-order ng mga lab test at X-ray. Kung kailangan mo ng mga serbisyong nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), susuriin ng Molina Healthcare o ng iyong medikal na grupo ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at magpapasya kung aaprubahan ang serbisyo.

Sa karamihang sitwasyon, dapat kang pumunta sa mga espesyalista at iba pang propesyonal sa kalusugan na nagtatrabaho sa parehong medikal na grupo ng iyong PCP. Maliban sa mga emergency, kailangan mo ring kumuha ng pangangalaga sa ospital mula sa ospital na konektado sa iyong medikal na grupo. Kung mayroon kang medikal na emergency, maaari kang makakuha ng pangangalaga kaagad sa anumang emergency room, ospital o pasilidad ng agarang pangangalaga, kahit na hindi ito konektado sa iyong medikal na grupo. Para alamin pa, basahin ang “Agarang pangangalaga” at “Pang-emergency na pangangalaga” sa Kabanata 3 ng handbook na ito.

Minsan, maaaring kailanganin mo ang isang serbisyo na hindi available mula sa provider sa medikal na grupo. Kung ganoon, ire-refer ka ng iyong PCP sa provider na nasa ibang medikal na grupo o nasa labas ng network. Hihilingin ng iyong PCP ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para pumunta ka sa provider na ito.

Sa karamihang sitwasyon, dapat ay mayroon kang paunang pahintulot mula sa iyong PCP, medikal na grupo, o Molina Healthcare bago ka makapunta sa provider na wala sa network o provider na hindi bahagi ng iyong medikal na grupo. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa network.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga miyembrong mayroong Medicare at Medi-Cal

Ang mga miyembrong may Medicare at Medi-Cal ay dapat magkaroon ng access sa mga provider na bahagi ng kanilang coverage ng Medicare gayundin sa mga provider na kasama sa coverage ng plano ng Medi-Cal. Sumangguni sa Medicare Advantage EOC o sa Direktoryo ng Provider ng Medicare Advantage kung naaangkop.

Mga doktor

Pipili ka ng doktor o iba pang provider mula sa Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare bilang iyong PCP. Ang PCP na pipiliin mo ay dapat na isang provider na nasa network. Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O hanapin ito online sa www.MolinaHealthcare.com.

Kung pipili ka ng bagong PCP, dapat mo ring tawagan ang PCP na gusto mo upang tiyakin na tumatanggap siya ng mga bagong pasyente.

Kung mayroon kang doktor bago ka naging miyembro ng Molina Healthcare, at ang doktor na iyon ay hindi bahagi ng network ng Molina Healthcare, maaari mong panatilihin ang doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Ito ay tinatawag na pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari mong basahin pa ang tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa Kabanata 2, "Tungkol sa iyong planong pangkalusugan" sa handbook na ito. Para alamin pa, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Kung kailangan mo ng isang espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa isang espesyalista sa network ng Molina Healthcare. Ang ilang espesyalista ay hindi nangangailangan ng referral. Para sa higit pang kaalaman sa mga referral, basahin ang "Mga Referral" sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Tandaan, kung hindi ka pipili ng PCP, pipili ang Molina Healthcare ng isa para sa iyo, maliban kung mayroon kang iba pang komprehensibong coverage ng kalusugan bilang karagdagan sa Medi-Cal. Alam mong kailangan ng iyong pangangalagang pangkalusugan ang pinakamabuti, kaya pinakamabuti kung pipili ka. Kung ikaw ay nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kang ibang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP mula sa Molina Healthcare.

Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, dapat kang pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare. Tiyaking tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente. Para palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaari mo ring palitan ang iyong PCP pagkatapos mong magpatala sa MyMolina.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.

Kung hindi ito emergency at kailangan mo ng pangangalaga sa ospital, ang iyong PCP ang magpapasya kung saang ospital ka pupunta. Kakailanganin mong pumunta sa isang ospital na ginagamit ng iyong PCP at nasa network ng provider ng Molina Healthcare. Inililista ng Direktoryo ng Provider ang mga ospital sa network ng Molina Healthcare.

Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kang pumunta sa isang espesyalista sa kalusugan ng kababaihan sa network ng Molina Healthcare para sa sakop na pangangalagang kinakailangan upang magbigay ng mga serbisyong pang-iwas sa sakit at regular na pangangalaga ng kababaihan. Hindi mo kailangan ng referral o awtorisasyon mula sa iyong PCP para makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng kababaihan, maaari kang tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaari mo ring tawagan ang 24/7 Nurse Advice Line sa 1-888-275-8750 (Ingles) o 1-866-648-3537 (Spanish) O maghanap ng isa online sa www.Molinahealthcare.com.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, ang iyong provider ay hindi kailangang nasa network ng provider ng Molina Healthcare. Maaari kang pumili ng alinmang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Para sa tulong sa paghahanap ng provider ng Medi-Cal sa labas ng network ng provider ng Molina Healthcare, tumawag sa 1-888-665-4621.

Direktoryo ng Provider

Ang Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare ay naglilista ng mga provider sa network ng Molina Healthcare. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa Molina Healthcare.

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare ang mga ospital, PCP, espesyalista, nurse practitioner, nurse midwife, physician assistant, family planning provider, FQHC, outpatient mental health provider, long-term services and supports (LTSS) provider, Freestanding Birth Centers (mga FBC), IHCP, at RHC.

Ang Direktoryo ng Provider ay mayroong mga pangalan, specialty, address, numero ng telepono, oras ng negosyo, at wikang ginagamit ng provider sa network ng Molina Healthcare, at kung tumatanggap sila ng mga bagong pasyente. Ipinapakita rin ng Direktoryo ng Provider kung ipinaalam ng isang provider sa Molina Healthcare na



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

nag-aalok sila ng mga serbisyong nagpapatunay ng kasarian. Nagbibigay din ito ng pisikal na accessibility para sa gusali, tulad ng paradahan, mga rampa, hagdan na may mga handrail, at mga banyong may malalawak na pinto at grab bar.

Para alamin pa ang tungkol sa edukasyon ng isang doktor, mga propesyonal na kwalipikasyon, pagkumpleto ng residency, pagsasanay, at sertipikasyon ng board, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Maaari mong mahanap ang online na Direktoryo ng Provider sa

www.MolinaHealthcare.com.

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Makakahanap ka ng listahan ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Makakahanap ka rin ng parmasya na malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.

Napapanahong pag-access sa pangangalaga

Ang iyong provider na nasa network ay dapat magbigay ng napapanahong access sa pangangalaga batay sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Sa pinakamababa, dapat siyang magbigay sa iyo ng appointment na nakalista sa mga time frame na ipinapakita sa talahanayan sa ibaba. Dapat pahintulutan ng Molina Healthcare ang isang referral para sa pangangalaga sa isang provider na wala sa network kung ang mga serbisyong kailangan mo ay hindi available sa network sa loob ng napapanahong mga pamantayan sa pag-access na ito.

Uri ng appointment	Dapat kang makakuha ng appointment sa loob ng:
Mga appointment sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga appointment sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 na oras
Mga appointment sa pangunahing pangangalaga na hindi agaran (regular).	10 araw ng negosyo



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Iba pang pamantayan sa oras ng paghihintay	Dapat kang makakonekta sa loob ng:
Mga appointment na hindi agaran (regular) ng pangangalaga ng espesyalista kabilang ang psychiatrist	15 araw ng negosyo
Mga appointment sa pangangalaga ng hindi agaran (regular) sa provider ng pangangalaga sa kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw ng negosyo
Mga appointment para sa follow-up na pangangalaga na hindi-agaran (regular) sa provider ng pangangalaga sa kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw ng negosyo pagkatapos ng huling appointment
Mga appointment na hindi agaran (regular) para sa mga pantulong (sumusuporta) na serbisyo para sa pagsusuri o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kondisyong pangkalusugan	15 araw ng negosyo
Mga oras ng paghihintay sa telepono ng Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga normal na oras ng negosyo	10 minuto
Mga oras ng paghihintay sa telepono para sa Nurse Advice Line	30 minuto (nakakonekta sa nurse)

Minsan ang paghihintay ng mas matagal para sa isang appointment ay hindi isang problema. Maaaring bigyan ka ng iyong provider ng mas mahabang oras ng paghihintay kung hindi ito makakasama sa iyong kalusugan. Dapat tandaan sa iyong rekord na ang mas mahabang oras ng paghihintay ay hindi makakasama sa iyong kalusugan. Maaari mong piliing maghintay para sa isang appointment sa ibang pagkakataon o tawagan ang Molina Healthcare upang pumunta sa isa pang provider na iyong pinili. Igagalang ng iyong provider at ng Molina Healthcare ang iyong nais.

Maaaring magrekomenda ang iyong doktor ng partikular na iskedyul para sa mga serbisyong pang-iwas sa sakit, follow-up na pangangalaga para sa mga kasalukuyang kondisyon, o mga tuloy-tuloy na referral sa mga espesyalista, depende sa iyong mga pangangailangan.

Sabihin sa amin kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter, kabilang ang sign language, kapag tumawag ka sa Molina Healthcare o kapag kukuha ka ng mga sakop na serbisyo. Ang mga serbisyo ng interpreter ay magagamit nang libre. Lubos naming hindi hinihiyay ang paggamit ng mga menor de edad o miyembro ng pamilya bilang mga interpreter. Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo ng interpreter na ibinibigay namin, tumawag sa 1-888-665-4621.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter, kabilang ang sign language, sa isang parmasya ng Medi-Cal Rx, tawagan ang Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 711, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Oras ng paglalakbay o distansya sa pangangalaga

Dapat sundin ng Molina Healthcare ang mga pamantayan sa oras ng paglalakbay o distansya para sa iyong pangangalaga. Nakakatulong ang mga pamantayang iyon na matiyak na makakakuha ka ng pangangalaga nang hindi kinakailangang maglakbay nang napakalayo mula sa iyong tinitirhan. Ang mga pamantayan sa oras ng paglalakbay o distansya ay depende sa county kung saan ka nakatira.

Kung ang Molina Healthcare ay hindi makapagbigay ng pangangalaga sa iyo sa loob ng mga pamantayang ito sa oras ng paglalakbay o distansya, maaaring payagan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na alternatibong pamantayan sa pag-access. Para sa mga pamantayan ng oras o distansya ng Molina Healthcare para sa kung saan ka nakatira, pumunta sa www.MolinaHealthcare.com. O tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Itinuturing na malayo kung hindi ka makararating sa provider na iyon sa loob ng mga pamantayan sa oras ng paglalakbay o distansya ng Molina Healthcare para sa iyong county, anuman ang alternatibong pamantayan sa pag-access na maaaring gamitin ng Molina Healthcare para sa iyong ZIP Code.

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa provider na matatagpuan malayo sa iyong tinitirhan, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Matutulungan ka nila na makahanap ng pangangalaga sa isang provider na mas malapit sa iyo. Kung hindi mahanap ng Molina Healthcare ang pangangalaga para sa iyo mula sa isang mas malapit na provider, maaari mong hilingin sa Molina Healthcare na ayusin ang transportasyon para makapunta ka sa iyong provider, kahit na malayo ang provider na iyon kung saan ka nakatira.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga provider ng parmasya, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.

Mga appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Tawagan ang iyong PCP.
- Ihanda ang iyong Molina Healthcare ID number sa pagtawag.
- Mag-iwan ng mensahe kasama ang iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang opisina.
- Dalhin ang iyong Medi-Cal BIC card at Molina Healthcare ID card sa iyong appointment.
- Humingi ng transportasyon sa iyong appointment, kung kinakailangan.
- Humingi ng kinakailangang tulong sa wika o mga serbisyo ng interpreting bago ang iyong appointment upang magkaroon ng mga serbisyo sa oras ng iyong pagpapatingin.
- Maging nasa oras para sa iyong appointment, dumating nang ilang minuto na maaga upang mag-sign in, punan ang mga form, at sagutin ang anumang tanong na maaaring mayroon ang iyong PCP.
- Tumawag kaagad kung hindi ka makakarating sa iyong appointment o mahuhuli.
- Ihanda ang iyong mga katanungan at impormasyon ng gamot.

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Kung kailangan mo ng tulong sa pagpapasya kung gaano kabilis mong kailangan ng pangangalaga at hindi available ang iyong PCP para makipag-usap sa iyo, tawagan ang Molina Healthcare Nurse Advice Line sa 1-888-275-8750 (Ingles) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Pagpunta sa iyong appointment

Kung wala kang paraan upang makapunta sa at mula sa iyong mga appointment para sa mga sakop na serbisyo, makakatulong ang Molina Healthcare na ayusin ang transportasyon para sa iyo. Depende sa iyong sitwasyon, maaari kang maging kwalipikado para sa alinman sa Medikal na Transportasyon o Hindi Medikal na Transportasyon. Ang mga serbisyo sa transportasyong ito ay hindi para sa mga emergency at magagamit nang libre.

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911**. Available ang transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na hindi nauugnay sa emergency na pangangalaga.

Para alamin pa, basahin ang "Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emergency" sa Kabanata 4 ng handbook na ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Pagkansela at muling pag-iskedyul

Kung hindi ka makapunta sa iyong appointment, tawagan kaagad ang opisina ng iyong provider. Karamihan sa mga provider ay hinihiling sa iyo na tumawag 24 na oras (1 araw ng negosyo) bago ang iyong appointment kung kailangan mong kanselahin. Kung napalampas mo ang mga paulit-ulit na appointment, maaaring tumigil ang iyong provider sa pagbibigay ng pangangalaga sa iyo at kailangan mong maghanap ng bagong provider.

Pagbabayad

Hindi mo kailangang magbayad para sa mga sakop na serbisyo maliban kung mayroon kang Buwanang Gastos ng Residente para sa pangmatagalang pangangalaga. Para alamin pa, basahin ang “Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at Buwanang Gastos ng Residente” sa Kabanata 2. ng handbook na ito. Sa karamihang sitwasyon, hindi ka makakakuha ng bill mula sa isang provider. Dapat mong ipakita ang iyong Molina Healthcare ID card at ang iyong Medi-Cal BIC card kapag nakakuha ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o mga gamot, upang malaman ng iyong provider kung sino ang sisingilin. Maaari kang makakuha ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o statement mula sa provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bayarin.

Kung makakakuha ka ng bayarin, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Kung makakakuha ka ng bayarin para sa mga gamot, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Sabihin sa Molina Healthcare ang halagang sinisingil sa iyo, ang petsa ng serbisyo, at ang dahilan ng pagsingil. Tutulungan ka ng Molina Healthcare na malaman kung ang singil ay para sa isang sakop na serbisyo o hindi. Hindi mo kailangang bayaran ang mga provider para sa anumang halagang dapat bayaran ng Molina Healthcare para sa anumang sakop na serbisyo. Kung kumuha ka ng pangangalaga mula sa provider na wala sa network at hindi ka nakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Molina Healthcare, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang nakuha mo.

Dapat kang makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Molina Healthcare bago ka magpatingin sa isang provider na wala sa network maliban kung:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Kailangan mo ng emergency na pangangalaga, kung saan tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.
- Kailangan mo ng mga serbisyo o serbisyo sa pagpapalano ng pamilya na may kaugnayan sa pagsusuri para sa mga impeksiyon na nakukuha sa pakikipagtalik, kung saan maaari kang pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip, kung saan maaari kang pumunta sa provider na nasa network o sa provider ng plano sa kalusugan ng isip ng county nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kung kailangan mong kumuha ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa provider na wala sa network dahil hindi ito available sa network ng Molina Healthcare, hindi mo kailangang magbayad hangga't ang pangangalaga ay sakop na serbisyo ng Medi-Cal at nakakuha ka ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Molina Healthcare para dito. Para alamin pa ang tungkol sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at mga sensitibong serbisyo, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Kung nakakuha ka ng bayarin o hihilingin na magbayad ng co-pay na sa tingin mo ay hindi mo kailangang magbayad, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Kung magbabayad ka ng bayarin, maaari kang maghain ng claim form sa Molina Healthcare. Kakailanganin mong sabihin sa Molina Healthcare sa sulat ang tungkol sa item o serbisyong binayaran mo. Babasahin ng Molina Healthcare ang iyong claim at magpapasya kung maibabalik sa iyo ang pera.

Para sa mga tanong tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Kung makakakuha ka ng mga serbisyo sa sistema ng Veterans Affairs o makakuha ng hindi sakop o hindi awtorisadong mga serbisyo sa labas ng California, maaari kang maging responsable para sa pagbabayad.

Hindi ka babayaran ng Molina Healthcare kung:

- Ang mga serbisyo ay hindi sakop ng Medi-Cal gaya ng mga serbisyo para sa pagpapaganda ng hitsura.
- Mayroon kang hindi pa natutugunan na Buwanang Gastos ng Residente ng Medi-Cal.
- Pumunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma ka sa isang form na nagsasabing gusto mo pa ring matingnan at babayaran mo mismo ang mga serbisyo.
- Hinihiling mong mabayaran ka para sa mga co-pay ng Medicare Part D para sa mga gamot na sakop ng iyong Medicare Part D plan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga referral

Kung kailangan mo ng isang espesyalista para sa iyong pangangalaga, ang iyong PCP o ibang espesyalista ay magbibigay sa iyo ng referral sa isa. Ang isang espesyalista ay provider na nakatuon sa isang uri ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang doktor na nagre-refer sa iyo ay makikipagtulungan sa iyo upang pumili ng isang espesyalista. Upang makatulong na matiyak na maaari kang pumunta sa isang espesyalista sa napapanahong paraan, ang DHCS ay nagtatakda ng mga time frame para sa mga miyembro upang makakuha ng mga appointment. Ang mga time frame na ito ay nakalista sa "Napapanahong pag-access sa pangangalaga" sa mas naunang bahagi sa kabanatang ito. Matutulungan ka ng opisina ng iyong PCP na mag-set up ng appointment sa isang espesyalista.

Kasama sa iba pang serbisyo na maaaring mangailangan ng referral ang mga in-office procedure, X-ray, at lab work.

Maaaring bigyan ka ng iyong PCP ng form na dadalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala ito pabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga't sa tingin niya ay kailangan mo ng paggamot. Ang mga serbisyo ng espesyalista ay dapat ibigay ng mga doktor na bahagi ng Molina o Medical Group/IPA network. Kung walang available na espesyalista na nasa network, tutulong kami sa paghahanap ng provider upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Kung mayroon kang problema sa kalusugan na nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal sa loob ng mahabang panahon, maaaring kailanganin mo ng tuloy-tuloy na referral. Ang pagkakaroon ng tuloy-tuloy na referral ay nangangahulugan na maaari kang pumunta sa parehong espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi kumukuha ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng tuloy-tuloy na referral o gusto mo ng kopya ng referral policy ng Molina Healthcare, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Hindi mo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga pagpapatingin sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN).
- Mga pagpapatingin sa agaran o emergency na pangangalaga
- Mga serbisyong sensitibo ng nasa hustong gulang, tulad ng pangangalaga sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para alamin pa, tumawag sa Office of Family Planning Information at Referral Service sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo sa HIV (12 taon o mas matanda)



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Mga serbisyo sa impeksyong naililipat sa pakikipagtalik (12 taon o mas matanda)
- Mga serbisyo sa Chiropractic (maaaring kailanganin ang referral kapag ibinigay ng mga FQHC, RHC, at IHCP na wala sa network)
- Inisyal na pag-assess ng kalusugan ng isip
- Mga pagpapatingin sa mga kalahok na may espesyalidad na provider na nasa network
- Mga Health Worker sa Komunidad
- Mga Serbisyo ng Doula

Ang mga menor de edad ay maaari ding makakuha ng ilang outpatient na paggamot sa kalusugan ng isip o pagpapayo at paggamot at mga serbisyo sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak (SUD) nang walang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga. Para alamin pa, basahin ang “Mga serbisyo na kailangan ng pahintulot ng menor de edad” sa huling bahagi ng kabanatang ito at “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak” (SUD) sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Mga referral sa California Cancer Equity Act

Ang mabisang paggamot ng mga kumplikadong kanser ay depende sa maraming salik. Kabilang dito ang pagkuha ng tamang diyagnosis at pagkuha ng napapanahong paggamot mula sa mga eksperto sa kanser. Kung ikaw ay na-diagnose na may kumplikadong kanser, pinapayagan ka ng bagong California Cancer Care Equity Act na humingi ng referral mula sa iyong doktor para makakuha ng paggamot sa kanser mula sa cancer center na nasa network at itinalaga ng National Cancer Institute (NCI), site na affiliated sa NCI Community Oncology Research Program (NCORP), o kwalipikadong academic cancer center.

Kung ang Molina Healthcare ay walang cancer center na nasa network at itinalaga ng NCI, papayagan ka ng Molina Healthcare na humingi ng referral para makakuha ng paggamot sa kanser mula sa isa sa mga center na ito sa California na wala sa network, kung magkakasundo sa pagbabayad ang center na wala sa network at ang Molina Healthcare, maliban kung pipili ka ng ibang provider sa paggamot ng kanser.

Kung ikaw ay na-diagnose na may kanser, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare para malaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo mula sa isa sa mga cancer center na ito.

Handa nang huminto sa paninigarilyo? Para malaman ang tungkol sa mga serbisyo sa Ingles, tumawag sa 1-800-300-8086. Para sa Espanyol, tumawag sa 1-800-600-8191. Para alamin pa, pumunta sa www.kickitca.org.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng iyong PCP o espesyalista na humingi ng pahintulot sa Molina Healthcare bago mo makuha ang pangangalaga. Ito ay tinatawag na paghingi ng paunang pag-apruba o paunang pahintulot.

Nangangahulugan ito na dapat tiyakin ng Molina Healthcare na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan (kailangan).

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, iwasan na maging malubha ang iyong sakit o kapansanan, o bawasan ang matinding sakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Para sa mga miyembrong wala pang edad na 21, ang mga serbisyo ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pangangalaga na medikal na kinakailangan para ayusin o tulungang maibsan ang isang pisikal o pangkaisipan na sakit o kondisyon.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay **palaging** nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit na makuha mo ang mga ito mula sa isang provider sa network ng Molina Healthcare:

- Pagpapaospital, kung hindi emergency
- Mga serbisyo sa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, kung hindi isang emergency o agarang pangangalaga
- Outpatient na operasyon
- Pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyo ng skilled nursing sa isang nursing facility (kabilang ang adult at pediatric Subacute Care Facilities na kinontrata sa Department of Health Care Services Subacute Care Unit) o mga intermediate care facility (kabilang ang Intermediate Care Facility for the Developmentally Disabled (ICF/DD), ICF/DD-Habilitative (ICF/DD-H), ICF/DD-Nursing (ICF/DD-N))
- Mga espesyal na paggamot, imaging, testing, at mga procedure
- Mga serbisyong medikal na transportasyon kapag hindi ito isang emergency
- Mga Serbisyo sa Suporta sa Komunidad

Ang mga serbisyong pang-emergency na ambulansya ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Ang Molina Healthcare ay may limang araw ng negosyo mula nang makuha ng Molina Healthcare ang impormasyong makatwirang kailangan upang magpasya (aprubahan o tanggihan) ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kapag ang kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ay ginawa ng provider at nalaman ng Molina Healthcare na ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon ay maaaring seryosong ilagay sa panganib ang iyong buhay



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

o kalusugan o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na paggana, ang Molina Healthcare ay gagawa ng isang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) na desisyon sa loob ng hindi hihigit sa 72 oras. Nangangahulugan ito na pagkatapos makuha ang kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), bibigyan ka ng Molina Healthcare ng abiso nang mabilis hangga't kinakailangan ng iyong kondisyong pangkalusugan at hindi lalampas sa 72 oras o limang araw pagkatapos ng kahilingan para sa mga serbisyo. Sinusuri ng mga klinikal o medikal na kawani tulad ng mga doktor, nars, at pharmacist ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi naiimpluwensyahan ng Molina Healthcare ang desisyon ng mga tagasuri na tanggihan o aprubahan ang coverage o mga serbisyo sa anumang paraan. Kung hindi aprubahan ng Molina Healthcare ang kahilingan, padadalhan ka ng Molina Healthcare ng sulat na Abiso ng Aksyon (NOA). Sasabihin sa iyo ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon.

Kokontakin ka ng Molina Healthcare kung ang Molina Healthcare ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon o mas maraming oras upang suriin ang iyong kahilingan.

Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na wala ito sa network ng Molina Healthcare o wala sa iyong lugar ng serbisyo. Kabilang dito ang labor at panganganak kung ikaw ay buntis. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa ilang partikular na serbisyo ng sensitibong pangangalaga. Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga, basahin ang "Sensitibong pangangalaga" sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Mga pangalawang opinyon

Maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na sinasabi ng iyong provider na kailangan mo o tungkol sa iyong diagnosis o plano sa paggamot. Halimbawa, maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon kung gusto mong tiyakin na tama ang iyong diagnosis, hindi ka sigurado na kailangan mo ng iniresetang paggamot o operasyon, o sinubukan mong sundin ang isang plano sa paggamot at hindi ito gumana. Magbabayad ang Molina Healthcare para sa pangalawang opinyon kung ikaw o ang iyong provider na nasa network ay hihilingin ito, at makukuha mo ang pangalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Molina Healthcare upang makakuha ng pangalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network. Kung gusto mong makakuha ng pangalawang opinyon, ire-refer ka namin sa isang kwalipikadong provider na nasa network na maaaring magbigay sa iyo nito.

Upang humingi ng pangalawang opinyon at makakuha ng tulong sa pagpili ng provider, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Ang iyong provider na nasa network ay maaari ding tumulong sa iyo na makakuha ng referral para sa pangalawang opinyon kung gusto mo ng isa.

Kung walang provider sa Molina Healthcare network na makakapagbigay sa iyo ng pangalawang opinyon, ang Molina Healthcare ay magbabayad para sa pangalawang opinyon mula sa provider na wala sa network. Sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare sa loob ng limang araw ng negosyo kung ang provider na pinili mo para sa pangalawang opinyon ay naaprubahan. Kung mayroon kang hindi gumagaling, matindi, o malubhang karamdaman, o may agaran at seryosong banta sa iyong kalusugan, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, paa, o pangunahing bahagi ng katawan o paggana ng katawan, sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare sa sulat sa loob ng 72 oras.

Kung tatanggihan ng Molina Healthcare ang iyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng karaingan. Para alamin pa ang tungkol sa mga karaingan basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 ng handbook na ito.

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, hindi mo kailangan ng pahintulot ng magulang o tagapag-alaga upang makakuha ng ilang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at maaari mong matanggap ang mga ito nang kumpidensyal, na nangangahulugan na ang iyong magulang o tagapag-alaga ay hindi aabisuhan o kokontakin kung makuha mo ang mga serbisyong ito nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad.

Makukuha mo ang mga sumusunod na serbisyo sa anumang edad nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga:

- Mga serbisyo para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagbubuntis at nauugnay sa pagbubuntis, kabilang ang mga serbisyo sa aborsyon
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, tulad ng mga serbisyo sa pagpipigil sa pagbubuntis (hal., birth control)



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Kung ikaw ay nasa **edad na 12 o mas matanda** bilang karagdagan sa mga serbisyo sa itaas, maaari mo ring makuha ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga:

- Paggamot o pagpapayo sa kalusugan ng isip para sa outpatient. Ito ay depende sa iyong maturity at kakayahang makibahagi sa iyong pangangalagang pangkalusugan, ayon sa pagpapasiya ng isang propesyonal na tao.
- Pag-diagnose at paggamot sa mga impeksyon, nakakahawa, o naipapasang sakit, kabilang ang para sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, pag-diagnose, at paggamot sa impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (STI) para sa mga STI tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex
- Mga serbisyo para sa karahasan ng intimate partner
- Paggamot sa substance use disorder (SUD) para sa pag-abuso sa droga at alkohol kabilang ang screening, assessment, interbensyon, at mga serbisyo ng referral

Maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad mula sa alinmang provider o klinika ng Medi-Cal. Ang mga provider ay hindi kailangang nasa network ng Molina Healthcare. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP o paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kung gumagamit ka ng provider na wala sa network para sa mga serbisyong **hindi** nauugnay sa sensitibong pangangalaga, maaaring hindi sakop ang mga ito.

Upang humanap ng provider ng Medi-Cal sa labas ng network ng Molina Healthcare Medi-Cal para sa mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad, o para humingi ng tulong sa transportasyon para makapunta sa isang provider, tawagan ang Molina Healthcare Member Services sa 1-888-665-4621.

Para sa higit pa sa mga serbisyo sa pagpipigil sa pagbubuntis, basahin ang “Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at wellness at pamamahala sa hindi gumagaling na sakit” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Ang Molina Healthcare ay hindi sinasakop ang mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad na mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip (SMHS) o karamihan sa mga serbisyo ng SUD. Sinasakop ng county kung saan ka nakatira ang mga serbisyong ito. Para alamin pa, kabilang ang kung paano i-access ang mga serbisyong ito, basahin ang “Specialty Mental Health Services (SMHS)” at “Substance Use Disorder (SUD) Treatment Services” sa Kabanata 4 ng handbook na ito. Para alamin pa, tumawag sa 1-888-665-4621, Opsyon 1.

Para sa listahan ng lahat ng walang bayad na numero ng telepono ng mga county para sa SMHS, pumunta sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Para sa isang listahan ng mga walang bayad na numero ng telepono ng lahat ng county para sa mga serbisyo ng paggamot sa SUD, pumunta sa:

https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx.

Maaaring makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng nars na 24/7 sa 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Maaari ka ring humiling na kumuha ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyong medikal sa isang partikular na paraan o format, kung available. Maaari mo itong ipadala sa iyo sa ibang lokasyon. Para alamin pa ang tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na nauugnay sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang "Abiso ng mga kasanayan sa privacy" sa Kabanata 7 ng handbook na ito.

Mga serbisyo para sa sensitibong pangangalaga sa nasa hustong gulang

Kung ikaw ay nasa hustong gulang na 18 taong gulang o mas matanda, hindi mo kailangang pumunta sa iyong PCP para sa partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Maaari kang pumili ng alinmang doktor o klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagpapalano ng pamilya at birth control. Para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang at mas matanda, kasama sa mga serbisyong ito ang sterilization.
- Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis at iba pang mga serbisyong nauugnay sa pagbubuntis
- Pag-iwas sa sakit at pagsusuri sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa mga impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik
- Pangangalaga sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa aborsyon ng outpatient

Para sa sensitibong pangangalaga, ang doktor o klinika ay hindi kailangang nasa network ng Molina Healthcare. Maaari mong piliing pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Molina Healthcare. Kung nakakuha ka ng pangangalagang hindi nakalista rito bilang sensitibong pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network, maaaring kailanganin mong bayaran ito.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor o klinika para sa mga serbisyong ito, o tulong sa pagkuha sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O tumawag sa 24/7 nurse line sa 1-888-275-8750 (Ingles) o 1-866-648-3537 (Espanyol).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Ang Molina Healthcare ay hindi magbibigay ng impormasyon sa iyong mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga sa iyong plan policy holder ng Molina Healthcare o pangunahing subscriber, o sa sinumang enrollee sa Molina Healthcare, nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot. Maaari kang makakuha ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyong medikal sa isang partikular na paraan o format, kung magagamit, at ipadala ito sa iyo sa ibang lokasyon. Para alamin pa ang tungkol sa kung paano humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon na nauugnay sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang "Abiso ng mga kasanayan sa privacy" sa Kabanata 7 ng handbook na ito.

Moral na pagtutol

Ang ilang provider ay may moral na pagtutol sa ilang sakop na serbisyo. May karapatan silang **hindi** magbigay ng ilang sakop na serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon sa mga serbisyo. Ang mga serbisyong ito ay magagamit mo pa rin mula sa ibang provider. Kung ang iyong provider ng serbisyo ay may moral na pagtutol, tutulungan ka nilang maghanap ng ibang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Matutulungan ka rin ng Molina Healthcare na makahanap ng provider.

Ang ilang ospital at provider ay hindi nagbibigay ng isa o mahigit pa sa mga serbisyong ito kahit na sila ay sakop ng Medi-Cal:

- Pagpaplano ng pamilya
- Mga serbisyo sa pagpipigil sa pagbubuntis, kabilang ang emergency na pagpipigil sa pagbubuntis
- Sterilization, kabilang ang tubal ligation sa oras ng labor at panganganak
- Mga paggamot sa infertility
- Aborsyon

Para matiyak na pipili ka ng provider na makakapagbigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo at ng iyong pamilya, tawagan ang doktor, medikal na grupo, independent practice association, o klinika na gusto mo. Itanong kung kaya at ibibigay ng provider ang mga serbisyong kailangan mo. O tumawag sa Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Ang mga serbisyong ito ay available sa iyo. Sisiguraduhin ng Molina Healthcare na magagamit mo at ng iyong mga miyembro ng pamilya ang mga provider (mga doktor, ospital, at klinika) na magbibigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo. Kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng tulong sa paghahanap ng provider, tawagan ang Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang kondisyong pang-emergency o nagbabanta sa buhay. Ito ay para sa mga serbisyong kailangan mo upang maiwasan ang malubhang pinsala sa iyong kalusugan mula sa isang biglaang pagkakasakit, pinsala, o komplikasyon ng isang kondisyon na mayroon ka na. Karamihan sa mga appointment sa agarang pangangalaga ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung humingi ka ng appointment sa agarang pangangalaga, makakakuha ka ng appointment sa loob ng 48 oras. Kung ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga na kailangan mo ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), makakakuha ka ng appointment sa loob ng 96 na oras ng iyong kahilingan.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang iyong PCP. Kung hindi mo matawagan ang iyong PCP, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O maaari kang tumawag sa linya ng Nurse Advice sa 1-888-275-8750 (Ingles) o 1-866-648-3537 (Espanyol) upang malaman ang antas ng pangangalaga na pinakamaganda para sa iyo.

Maaari kang tumawag sa numero ng Nurse Advice Line sa 1-888-275-8750 (TTY/TDD o 711) anumang oras na nakakaranas ka ng mga sintomas o nangangailangan ng impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga rehistradong nurse ay available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang masuri ang mga sintomas at tumulong sa paggawa ng magagandang desisyon sa pangangalaga sa kalusugan.

Ang mga rehistradong nurse na ito ay hindi nagda-diagnose; ina-asses nila ang mga sintomas at ginagabayan ang pasyente sa pinakaangkop na antas ng pangangalaga na sumusunod sa mga espesyal na idinisenyong algorithm (mga instruksyon sa paggamot) na natatangi sa Nurse Advice Line. Maaaring i-refer ka ng Nurse Advice Line sa PCP, isang espesyalista, 911 o sa ER. Sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga pasyente, at paggabay sa iyo sa mga susunod na hakbang sa pangangalaga, maaari nitong mabawasan ang mga gastos at maling paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Ang mga pangangailangan ng agarang pangangalaga ay maaaring:

- Sipon
- Pananakit ng lalamunan
- Lagnat
- Pananakit ng tainga
- Na-sprain na kalamnan
- Mga serbisyo sa maternity

Kapag nasa loob ka ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare at nangangailangan ng agarang pangangalaga, dapat mong makuha ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga mula sa provider na nasa network. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa agarang pangangalaga mula sa mga provider na nasa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng provider ng agarang pangangalaga na nasa network, tumawag sa 1-888-665-4621, (TTY/TDD o 711) o pumunta sa www.MolinaHealthcare.com.

Kung ikaw ay nasa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, ngunit nasa loob ng Estados Unidos, hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) upang makakuha ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo. Pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Hindi sakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung ikaw ay naglalakbay sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan ng agarang pangangalaga, hindi sasakupin ng Molina Healthcare ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan o mga serbisyo sa karamdaman sa pang-aabuso sa droga o alak, tawagan ang iyong county na programa ng mental health o substance use disorder, o Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621, TTY/TDD o 711. Tawagan ang iyong county mental health o substance use disorder program o ang iyong Molina Healthcare Behavioral Health Plan anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Upang mahanap ang lahat ng walang bayad na numero ng telepono ng mga county online, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Kung kukuha ka ng mga gamot bilang bahagi ng iyong sakop na pagpapatingin sa agarang pangangalaga habang naroon ka, sasakupin ang mga ito ng Molina Healthcare bilang bahagi ng iyong sakop na pagpapatingin. Kung ang iyong provider ng agarang pangangalaga ay magbibigay sa iyo ng reseta na kailangan mong dalhin sa isang parmasya, ang Medi-Cal Rx ang magpapasya kung ito ay sakop. Para alamin pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang "Mga inireresetang gamot na sakop ng Medi-Cal Rx" sa Kabanata 4 ng handbook na ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Pang-emergency na pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Para sa emergency na pangangalaga, **hindi** mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Molina Healthcare.

Sa loob ng Estados Unidos (kabilang ang mga teritoryo gaya ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands), may karapatan kang gumamit ng anumang ospital o iba pang setting para sa pang-emergency na pangangalaga.

Kung ikaw ay nasa labas ng Estados Unidos, tanging ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico ang sakop. Ang pang-emergency na pangangalaga at iba pang pangangalaga sa iba pang bansa ay hindi sakop.

Ang pang-emergency na pangangalaga ay para sa mga kondisyong medikal na nagbabanta sa buhay. Ang pangangalagang ito ay para sa isang karamdaman o pinsala na maaaring asahan ng isang maingat na (makatwirang) layperson (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot na, kung hindi ka kaagad maalagaan, ilalagay mo ang iyong kalusugan (o ang kalusugan ng iyong hindi pa isinisilang na sanggol) sa malubhang panganib. Kabilang dito ang panganib ng malubhang pinsala sa iyong mga paggana ng katawan, mga organo ng katawan, o mga bahagi ng katawan. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Aktibong pagle-labor
- Nabaling buto
- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Nahihirapang huminga
- Matinding pagkasunog
- Overdose sa droga
- Nahimatay
- Matinding pagdurugo
- Mga kondisyong pang-emergency sa psychiatric, tulad ng matinding depresyon o pag-iisip ng pagpapakamatay

Huwag pumunta sa ER para sa regular na pangangalaga o pangangalaga na hindi kailangan kaagad. Dapat kang makakuha ng regular na pangangalaga mula sa iyong PCP, na higit na nakakakilala sa iyo. Hindi mo kailangang tanungin ang iyong PCP



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

o Molina Healthcare bago ka pumunta sa ER. Gayunpaman, kung hindi ka sigurado kung ang iyong kondisyong medikal ay isang emergency, tawagan ang iyong PCP. Maaari mo ring tawagan ang 24/7 Nurse Advice Line sa 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, pumunta sa pinakamalapit na ER kahit na wala ito sa network ng Molina Healthcare. Kung pupunta ka sa isang ER, hilingin sa kanila na tawagan ang Molina Healthcare. Ikaw o ang ospital na in-admit ka ay dapat tumawag sa Molina Healthcare sa loob ng 24 na oras pagkatapos mong makatanggap ng pang-emergency na pangangalaga. Kung ikaw ay naglalakbay sa labas ng Estados Unidos maliban sa Canada o Mexico at nangangailangan ng pang-emergency na pangangalaga, **hindi** sasakupin ng Molina Healthcare ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa ospital na wala sa network pagkatapos ng iyong emergency (post-stabilization care), tatawagan ng ospital ang Molina Healthcare.

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nasa krisis, mangyaring makipag-ugnayan sa **988** Suicide and Crisis Lifeline. **Tumawag o mag-text sa 988 o makipag-chat online sa 988lifeline.org/chat**. Ang **988** Suicide and Crisis Lifeline ay nagbibigay ng libre at kumpidensyal na suporta para sa sinumang nasa krisis. Kasama rito ang mga taong nasa emosyonal na pagkabalisa at ang mga nangangailangan ng suporta para sa isang krisis sa pagpapakamatay, kalusugan ng isip, at/o pang-aabuso sa droga at alak.

Tandaan: Huwag tumawag sa **911** maliban kung makatuwirang naniniwala kang mayroon kang medikal na emergency. Kumuha lamang ng pang-emergency na pangangalaga para sa isang emergency, hindi para sa regular na pangangalaga o simpleng karamdaman tulad ng sipon o namamagang lalamunan. Kung ito ay isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.

Ang Molina Healthcare Nurse Advice Line ay nagbibigay sa iyo ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw- araw ng taon. Tawagan ang Nurse Advice Line sa 1-888-275-8750 (Ingles) o 1-866-648-3537 (Spanish) (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Nurse Advice Line

Ang Molina Healthcare Nurse Advice Line ay maaaring magbigay sa iyo ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw ng taon.

Tawagan ang Nurse Advice Line sa 1-888-275-8750 (Ingles) o 1-866-648-3537 (Spanish) (TTY/TDD o 711) sa:

- Makipag-usap sa isang nurse na sasagot sa mga medikal na tanong, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulong sa iyong magpasya kung dapat kang pumunta kaagad sa isang provider
- Humingi ng tulong sa mga medikal na kondisyon tulad ng diabetes o hika, kabilang ang payo tungkol sa kung anong uri ng provider ang maaaring tama para sa iyong kondisyon

Ang Nurse Advice Line **ay hindi** makakatulong sa mga appointment sa klinika o pag-refill ng gamot. Tawagan ang opisina ng iyong provider kung kailangan mo ng tulong sa mga ito.

Maaaring tumawag ang mga miyembro sa 1-888-275-8750 (TTY/TDD o 711) anumang oras na nakakaranas sila ng mga sintomas o nangangailangan ng impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga rehistradong nurse ay available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang masuri ang mga sintomas at tumulong sa paggawa ng magagandang desisyon sa pangangalaga sa kalusugan.

Ang mga rehistradong nurse na ito ay hindi nagda-diagnose; ina-asses nila ang mga sintomas at ginagabayan ang pasyente sa pinakaangkop na antas ng pangangalaga na sumusunod sa mga espesyal na idinisenyong algorithm (mga instruksyon sa paggamot) na natatangi sa Nurse Advice Line. Maaaring i-refer ka ng Nurse Advice Line sa iyong PCP, isang espesyalista, 911 o sa ER. Sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga pasyente, at paggabay sa iyo sa mga susunod na hakbang sa pangangalaga, maaari nitong mabawasan ang mga gastos at maling paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Mga Paunang Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan

Ang paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan, o paunang direktiba, ay isang legal na paraan. Maaari mong ilista sa form ang pangangalagang pangkalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka makapagsalita o makagawa ng mga desisyon sa ibang pagkakataon. Maaari mo ring ilista kung anong pangangalagang pangkalusugan ang **hindi** mo gusto. Maaari mong pangalanan ang isang tao, tulad ng isang asawa, upang gumawa ng mga desisyon para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo magagawa.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).

Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.

O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Ang mga miyembrong nakipag-ugnayan sa Molina Case Manager ay maaaring humiling ng impormasyon tungkol sa mga paunang direktiba mula sa kanilang Care Manager. Ang mga miyembro ay maaari ding humiling ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga paunang direktiba sa pamamagitan ng pagtawag sa Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaari kang makakuha ng form para sa paunang direktiba sa mga parmasya, ospital, mga opisina abogado, at opisina ng mga doktor. Maaaring kailanganin mong magbayad para sa form. Maaari ka ring maghanap at mag-download ng libreng form online. Maaari mong hilingin sa iyong pamilya, PCP, o isang taong pinagkakatiwalaan mo na tulungan kang sagutan ang form.

May karapatan kang ilagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na rekord. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas ng paunang direktiba. Sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare ang tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi hihigit sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago.

Para alamin pa, maaari kang tumawag sa Molina Healthcare sa 1-888-665-4621.

Donasyon ng organ at tissue

Makakatulong ka sa pagliligtas ng mga buhay sa pamamagitan ng pagiging organ o tissue donor. Kung ikaw ay nasa pagitan ng 15 at 18 taong gulang, maaari kang maging isang donor na may nakasulat na pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga. Maaari mong baguhin ang iyong isip tungkol sa pagiging isang organ donor anumang oras. Kung gusto mong alamin pa ang tungkol sa donasyon ng organ o tissue, makipag-usap sa iyong PCP. Maaari ka ring pumunta sa website ng Department of Health and Human Services ng Estados Unidos sa www.organdonor.gov.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

4. Mga benepisyo at serbisyo

Anong mga benepisyo at serbisyo ang sinasakop ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga benepisyo at serbisyong sakop ng Molina Healthcare. Ang iyong mga sakop na serbisyo ay libre hangga't ang mga ito ay medikal na kinakailangan at ibinibigay ng provider na nasa network ng Molina Healthcare. Dapat kang humingi sa Molina Healthcare ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network maliban sa ilang partikular na sensitibong serbisyo, pang-emergency na pangangalaga, at agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare. Maaaring sakupin ng iyong planong pangkalusugan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan mula sa provider na wala sa network, pero dapat kang humingi sa Molina Healthcare ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para dito.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, iwasan na maging malubha ang iyong sakit o kapansanan, o bawasan ang matinding sakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan upang ayusin o tumulong na maibsan ang pisikal o sa isip na sakit o kondisyon. Para sa higit pa sa iyong mga sakop na serbisyo, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay nakakakuha ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Para alamin pa, basahin ang Kabanata 5, “Pangangalaga ng bata at kabataan para makaiwas sa sakit” sa handbook na ito.

Ang ilan sa mga pangunahing benepisyo at serbisyong pangkalusugan na ibinibigay ng Molina Healthcare ay nakalista sa ibaba. Ang mga benepisyo at serbisyo na may star (*) ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Acupuncture*
- Malubha (panandaliang paggamot) na mga therapy at serbisyo sa kalusugan sa tahanan
- Pagsusuri sa allergy at mga iniksyon
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology*
- Mga serbisyo sa pamamahala ng pangunahing pangangalaga
- Paggamot sa kalusugan ng pag-uugali*
- Pagsusuri ng biomarker*
- Rehabilitasyon ng puso
- Mga serbisyo ng Chiropractic*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Mga pag-assess sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo ng Health Worker sa Komunidad (CHW)
- Mga Suporta sa Komunidad
- Mga serbisyo ng Complex Care Management (CCM)
- Mga serbisyo sa ngipin - limitado (isinasagawa ng medikal na propesyonal/pangunahing provider ng pangangalaga (PCP) sa isang medikal na opisina)
- Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis
- Mga serbisyo ng Doula
- Matibay na kagamitang pangmedikal (DME)*
- Mga serbisyong dyadic
- Mga pagpatitingin sa emergency room
- Mga serbisyo ng Enhanced Care Management (ECM)
- Enteral at parenteral na nutrisyon*
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (maaari kang pumunta sa isang provider na wala sa network)
- Pangangalagang nagpapatunay ng kasarian
- Mga serbisyo at device na pang-habilitative*
- Mga hearing aid
- Pangangalaga sa kalusugan sa tahanan*
- Pangangalaga sa hospisyo*
- Mga pagbabakuna (mga shot)
- Pangangalagang medikal at surgical ng inpatient*
- Intermediate care facility para sa mga serbisyo sa kapansanan sa pag-unlad
- Lab at radiology*
- Mga pangmatagalang therapy at serbisyo sa kalusugan sa tahanan*
- Pangmatagalang mga serbisyo at suporta
- Pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol
- Paggamot sa kalusugan ng isip
- Occupational therapy*
- Organ at bone marrow transplant*
- Orthotics/prostheses*
- Ostomy at urological na mga supply
- Mga serbisyo sa ospital para sa outpatient
- Outpatient na mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Operasyon para sa outpatient*
- Palliative na pangangalaga*
- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga serbisyo para sa mga bata
- Physical therapy*
- Mga serbisyo ng podiatry*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga serbisyo at device na pang-rehabilitasyon*
- Mga serbisyo ng skilled nursing, kabilang ang mga subacute na serbisyo
- Mga pagpapatingin sa espesyalista
- Speech therapy*
- Mga serbisyo na nagbibigay ng medikal na serbisyo sa mga taong walang tirahan
- Paggamot sa pang-aabuso sa droga at alak
- Mga serbisyo sa operasyon
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender*
- Mga serbisyo sa transitional na pangangalaga
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin*
- Mga serbisyong pangkalusugan ng kababaihan



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).

Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.

O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Ang mga kahulugan at paglalarawan ng mga sakop na serbisyo ay nasa Kabanata 8, “Mahahalagang numero at salita na dapat malaman” sa handbook na ito.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, iwasan na maging malubha ang iyong sakit o kapansanan, o bawasan ang matinding sakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga serbisyong kinakailangan para sa paglaki at pag-unlad na naaangkop sa edad, o para makamit, mapanatili, o mabawi ang kakayahang paggana.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang , medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung kinakailangan upang itama o mapaganda ang mga depekto at sakit na pisikal at sa isip o kondisyon sa ilalim ng benepisyo ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager (kilala rin bilang Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment (EPSDT)). Kabilang dito ang pangangalaga na kinakailangan upang ayusin o tumulong na maibsan ang sakit na pisikal at sa isip o kondisyon o mapanatili ang kondisyon ng miyembro upang maiwasan itong lumala.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay hindi kasama ang:

- **Mga paggamot na hindi pa nasusubok o sinusuri pa**
- **Mga serbisyo o item na hindi karaniwang tinatanggap bilang epektibo**
- **Mga serbisyo sa labas ng normal na haba at tagal ng paggamot o mga serbisyong walang mga klinikal na alituntunin**
- **Mga serbisyo para sa kaginhawahan ng caregiver o provider**

Nakikipag-coordinate ang Molina Healthcare sa iba pang programa upang matiyak na nakukuha mo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na ang mga serbisyong iyon ay sakop ng ibang programa at hindi ng Molina Healthcare.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay kinabibilangan ng mga sakop na serbisyo na makatwiran at kinakailangan upang:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Protektahan ang buhay,
- Pigilan ang malubhang sakit o malubhang kapansanan,
- Mapawi ang matinding pananakit,
- Makamit ang paglaki at pag-unlad na naaangkop sa edad, o
- Makamit, mapanatili, at mabawi ang kapasidad sa paggana

Para sa mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang lahat ng sakop na serbisyong nakalista sa itaas kasama ang anumang iba pang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, screening, pagbabakuna, mga serbisyong diagnostic, paggamot, at iba pang hakbang upang itama o mapaganda ang mga depekto at sakit na pisikal at sa isip at kondisyon, kinakailangan ng benepisyo ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager. Ang benepisyong ito ay kilala bilang benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diyagnostiko, at Paggamot (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

Ang Medi-Cal for Kids and Teens ay nagbibigay ng mga serbisyo na pang-iwas sa sakit, diyagnostiko, at paggamot para sa mga naka-enroll na sanggol, bata, at nagbibinata at nagdadalaga na wala pang 21 taong gulang. Sinasakop ng Medi-Cal for Kids and Teens ang mas maraming serbisyo kaysa sa mga serbisyong ibinibigay sa mga nasa hustong gulang. Ito ay idinisenyo para matiyak na ang mga bata ay makakakuha ng maagang pagtuklas at pangangalaga para maiwasan o ma-diagnose at magamot ang mga problema sa kalusugan sa lalong madaling panahon. Ang layunin ng Medi-Cal for Kids and Teens ay tiyaking makukuha ng bawat bata ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila ito – ang tamang pangangalaga sa tamang bata sa tamang oras sa tamang setting.

Makikipag-ugnayan ang Molina Healthcare sa iba pang mga programa para matiyak na makukuha mo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na sinasakop ng ibang programa ang mga serbisyong iyon at hindi ng Molina Healthcare. Basahin ang “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Mga benepisyo ng Medi-Cal na sakop ng Molina Healthcare

Mga outpatient (para sa nakakalakad) na serbisyo.

Mga pagbabakuna sa nasa hustong gulang (mga bakuna)

Maaari kang makakuha ng mga pagbabakuna (mga bakuna) para sa nasa hustong gulang mula sa provider na nasa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kapag ang mga ito ay serbisyo na pang-iwas sa pagkakasakit. Sinasakop ng



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Molina Healthcare ang mga pagbabakuna (mga bakuna) na inirerekomenda ng Komite sa Pagpapayo sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna (ACIP) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) bilang mga serbisyo na pang-iwas sa pagkakasakit, kabilang ang mga pagbabakuna (mga bakuna) na kailangan mo kapag nagbibiyahe ka.

Makakakuha ka rin ng ilang serbisyo sa pagbabakuna (mga bakuna) para sa nasa hustong gulang mula sa parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para alamin pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Pangangalaga sa alerhiya

Sinasakop ng Molina Healthcare ang pagsusuri at paggamot sa alerhiya, kabilang ang allergy desensitization, hypo-sensitization, o immunotherapy.

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng anesthesia na medikal na kinakailangan kapag kumuha ka ng outpatient na pangangalaga. Maaaring kabilang dito ang anesthesia para sa mga procedure sa ngipin kapag ibinigay ng isang anesthesiologist na maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyo ng chiropractic

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng chiropractic, na limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manu-manong pagmamanipula. Ang mga serbisyo ng chiropractic ay limitado sa maximum na dalawang serbisyo bawat buwan, o kombinasyon ng dalawang serbisyo bawat buwan mula sa mga sumusunod na serbisyo: acupuncture, audiology, occupational therapy, at speech therapy. Ang mga limitasyon ay hindi naaangkop sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring paunang aprubahan ng Molina Healthcare ang iba pang mga serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Ang mga miyembrong ito ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng chiropractic:

- Mga batang wala pang 21 taong gulang
- Mga buntis hanggang sa katapusan ng buwan na kinabibilangan ng 60 araw pagkatapos ng pagtatapos ng pagbubuntis
- Mga residente sa isang skilled nursing facility, intermediate care facility, o subacute care facility
- Lahat ng miyembro kapag ang mga serbisyo ay ibinibigay sa outpatient na mga departamento ng ospital ng county, mga outpatient na klinika, Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (mga FQHC), o Mga Panlalawigang



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Klinikang Pangkalusugan (mga RHC) sa network ng Molina Healthcare. Hindi lahat ng FQHC, RHC, o mga ospital ng county ay nagbibigay ng outpatient na mga serbisyo ng chiropractic.

Mga pag-assess sa kalusugan ng pag-iisip

Sinasakop ng Molina Healthcare ang taunang pag-assess ng kalusugan kaugnay sa pag-iisip para sa mga miyembrong 65 taong gulang o mas matanda na hindi kwalipikado para sa katulad na pag-assess bilang bahagi ng taunang wellness visit sa ilalim ng programa ng Medicare. Ang pag-assess ng kalusugan kaugnay sa pag-iisip ay hinahanap ang mga palatandaan ng sakit na Alzheimer's o dementia.

Mga serbisyo ng Health Worker sa Komunidad (CHW)

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng CHW para sa mga indibidwal kapag inirerekomenda ng isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner para maiwasan ang sakit, kapansanan, at iba pang kondisyon ng kalusugan o ang paglubha ng mga ito; pahabain ang buhay; at itaguyod ang pisikal at pangkaisipang kalusugan at kahusayan. Tumawag sa (844) 926-6590 o mag-email sa CA_SDOH_Connectors@molinahealthcare.com para makipag-usap sa isang community connector tungkol sa kung paano mag-enroll. Ang mga serbisyo ng CHW ay walang limitasyon sa lokasyon ng serbisyo at ang mga miyembro ay maaaring makatanggap ng mga serbisyo sa mga setting, na tulad ng emergency room. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- Edukasyong pangkalusugan at indibidwal na suporta o adbokasiya, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa mga hindi gumagaling o nakakahawang sakit; kondisyon sa pag-uugali, bago at pagkatapos manganak, at kalusugan ng bibig; at pag-iwas sa karahasan o pinsala
- Pagtataguyod at pagtuturo tungkol sa kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paggawa ng mga plano ng aksyon para matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng sakit
- Pag-navigate sa kalusugan, kabilang ang pagbibigay ng impormasyon, pagsasanay, at suporta para makatulong na makakuha ng pangangalagang pangkalusugan at mga mapagkukunan sa komunidad
- Mga serbisyo ng screening at pag-assess na hindi nangangailangan ng lisensya, at tulong para iugnay ang miyembro sa mga serbisyo para mapabuti ang kanilang kalusugan

Ang mga serbisyo ng CHW para sa pag-iwas sa karahasan ay available sa mga miyembro na nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon gaya ng tinukoy ng isang lisensyadong practitioner:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Ang miyembro ay marahas na nasaktan bilang resulta ng karahasan sa komunidad.
- Ang miyembro ay nasa malaking panganib na makaranas ng marahas na pinsala bilang resulta ng karahasan sa komunidad.
- Ang miyembro ay nakaranas ng paulit-ulit na pagkakalantad sa karahasan sa komunidad.

Ang mga serbisyo ng CHW para sa pag-iwas sa karahasan ay partikular sa karahasan sa komunidad (hal., karahasan ng gang). Ang mga serbisyo ng CHW ay maaaring ibigay sa mga miyembro para sa interpersonal/karahasan sa tahanan sa pamamagitan ng iba pang mga paraan na may kasamang pagsasanay/karanasan na partikular sa mga pangangailangang iyon.

Mga serbisyo ng dialysis at hemodialysis

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga paggamot sa pamamagitan ng dialysis. Sinasakop din ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng hemodialysis (paulit-ulit na dialysis) kung magsusumite ang iyong doktor ng kahilingan at aaprubahan ito ng Molina Healthcare.

Hindi kasama sa sakop ng Medi-Cal ang:

- Kaghinhawahan, kombinyente, o marangyang kagamitan, supply, at mga feature
- Mga item na hindi medikal, gaya ng mga generator o accessory para gawing portable ang home dialysis equipment para sa pagbibiyahe

Mga serbisyo ng Doula

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng doula na ibinibigay ng mga provider na doula na nasa network sa panahon ng pagbubuntis ng miyembro; sa pagle-labor at panganganak, kabilang ang pagsilang ng patay na sanggol, nakunan, at aborsyon; at sa loob ng isang taon pagkatapos ng pagbubuntis ng miyembro. Hindi sakop ng Medi-Cal ang lahat ng serbisyo ng doula. Ang mga serbisyo ng Doula ay walang kasamang pagtukoy ng mga medikal na kondisyon, pagbibigay ng medikal na payo, o anumang uri ng klinikal na pag-assess, pagsusuri, o procedure. Ang mga sumusunod na serbisyo ng Medi-Cal ay hindi bahagi ng benepisyo ng doula:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali
- Pagtatahi ng tiyan pagkatapos ng cesarean section sa pamamagitan ng clinician
- Pangangasiwa ng klinikal na kaso
- Mga klase ng grupo tungkol sa edukasyon sa panganganak
- Komprehensibong edukasyong pangkalusugan, kabilang ang oryentasyon, pag-assess, at pagpapalano (Mga serbisyo ng programa para sa Komprehensibong mga Serbisyo Bago at Pagkatapos Manganak)



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa pagbubuntis, panganganak, at panahon pagkatapos manganak
- Hypnotherapy (serbisyo sa kalusugan ng isip na walang espesyalidad (NSMHS))
- Pagkonsulta tungkol sa lactation, mga klase ng grupo, at mga supply
- Mga serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad na Medikal na Kinakailangan
- Mga serbisyo sa nutrisyon (pag-assess, pagpapayo, at pagbuo ng plano sa pangangalaga)
- Transportasyon

Kung kailangan o gusto ng miyembro ng doula o mga serbisyong nauugnay sa pagbubuntis na **hindi** sakop, maaaring humiling ng pangangalaga ang miyembro o doula. Tawagan ang PCP ng miyembro o ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Healthcare.

Ang mga provider na Doula ay mga manggagawa sa panganganak na nagbibigay ng edukasyong pangkalusugan, adbokasiya, at pisikal, emosyonal, at hindi medikal na suporta para sa mga buntis at natapos manganak na tao bago, habang, at pagkatapos ng panganganak, kabilang ang suporta sa panahon ng, pagsilang ng patay na sanggol, nakunan, at aborsyon.

Ang sinumang buntis o natapos manganak na miyembro ay maaaring makatanggap ng mga sumusunod na serbisyo mula sa provider na doula na nasa network:

- Isang inisyal na pagpapatingin
- Hanggang walong karagdagang pagpapatingin na maaaring pinaghalong mga pagpapatingin bago at pagkatapos manganak
- Suporta habang nagle-labor at nanganganak (kabilang ang labor at panganganak na nagreresulta sa pagsilang ng patay na sanggol), aborsyon o nakunan
- Hanggang dalawang pinalawig na tatlong oras na pagpapatingin pagkatapos manganak pagkatapos ng pagbubuntis

Ang mga miyembro ay maaaring makatanggap ng hanggang siyam na karagdagang pagpapatingin pagkatapos manganak na may karagdagang nakasulat na rekomendasyon mula sa isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner.

Ang sinumang buntis o natapos manganak na miyembro na gusto ng mga serbisyo ng doula ay maaaring maghanap ng doula sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Dapat makipag-ugnayan ang Molina Healthcare para sa access sa mga serbisyo ng doula na wala sa network para sa mga miyembro kung hindi available ang provider na doula na nasa network.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga serbisyong dyadic

Sinasakop ng Molina Healthcare ang medikal na kinakailangang mga serbisyong Dyadic sa pangangalaga ng Kalusugan ng Pag-uugali (DBH) para sa mga miyembro at kanilang mga tagapag-alaga. Ang dyad ay isang batang edad 0 hanggang 20 at ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Pinaglilingkuran ng dyadic na pangangalaga ang mga magulang o tagapag-alaga at ang bata nang magkasama. Tina-target nito ang kapakanan ng pamilya para suportahan ang malusog na paglaki ng bata at kalusugan ng isip.

Kasama sa mga serbisyong dyadic na pangangalaga ang:

- Mga DBH na well-child visit
- Dyadic na mga komprehensibong serbisyo para sa Mga Suporta sa Komunidad
- Dyadic na pangkaisipan at pang-edukasyon na mga serbisyo
- Dyadic na mga serbisyo sa magulang o tagapag-alaga
- Dyadic na pagsasanay sa pamilya, at
- Pagpapayo para sa paglaki ng bata, at mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina

Outpatient na operasyon

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga outpatient na mga procedure sa operasyon. Para sa ilang procedure, kakailanganin mong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago makuha ang mga serbisyong iyon. Itinuturing na elective ang mga diagnostic procedure at ilang outpatient na medikal o dental na procedure. Dapat kang makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyo ng doktor

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo ng podiatry (sa paa)

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng podiatry bilang medikal na kinakailangan para sa diyagnosis at para sa medikal, surgical, mekanikal, minamanipula, at elektrikal na paggamot sa paa ng tao. Kabilang dito ang paggamot para sa bukung-bukong at para sa mga litid na konektado sa paa. Kasama rin dito ang paggamot ng mga kalamnan at litid ng binti na hindi kailangan ng operasyon na kumokontrol sa mga paggana ng paa.

Mga therapy na paggamot

Sinasakop ng Molina Healthcare ang iba't ibang therapy sa paggamot, kabilang ang:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Chemotherapy
- Radiation therapy

Pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol:

- Panganganak sa isang birthing center, tahanan, o ospital batay sa kung ano ang gusto ng miyembro at kung ano ang medikal na pinakamabuti para sa kanila.
- Mga breast pump at supply
- Edukasyon at mga tulong sa pagpapasuso
- Pangangasiwa ng pangangalaga
- Pagpapayo
- Diyagnosis ng mga genetic na sakit ng sanggol at pagpapayo
- Mga Serbisyo ng Doula
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina
- Pangangalaga sa bagong silang na sanggol
- Edukasyon sa nutrisyon
- Edukasyong pangkalusugan na may kaugnayan sa pagbubuntis
- Pangangalaga bago manganak, sa panganganak at pagkatapos manganak mula sa sertipikadong nurse midwife (CNM), lisensyadong midwife (LM) o doktor, batay sa gusto ng miyembro at kung ano ang medikal na pinakamabuti para sa kanila
- Mga pag-assess at referral sa kalusugan kaugnay sa pakikisalamuha o pakikitungo at sa isip
- Mga bitamina at mineral na suplemento

Ang bawat buntis at natapos manganak na miyembro ay maaaring makatanggap ng lahat ng serbisyo na nasa itaas. Maaaring makipag-ugnayan ang mga miyembro sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyo.

Pinalawig na coverage pagkatapos manganak

Sinasakop ng Molina Healthcare ang buong saklaw na coverage hanggang sa 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis, anuman ang mga pagbabago sa kita, o kung paano natapos ang pagbubuntis.

Mga serbisyo ng telehealth

Ang Telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang wala sa parehong aktwal na lokasyon ng iyong provider. Maaaring kabilang sa Telehealth ang pagkakaroon ng live na pakikipag-usap sa iyong provider sa pamamagitan ng telepono, video, o iba pang paraan. O maaaring kabilang sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong provider nang walang live na pag-uusap. Makakakuha ka ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Maaaring hindi available ang Telehealth para sa lahat ng sakop na serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong provider para malaman kung aling mga serbisyo ang maaari mong makuha sa pamamagitan ng telehealth. Mahalaga na ikaw at ang iyong provider ay sumang-ayon na ang paggamit ng telehealth para sa isang serbisyo ay angkop para sa iyo. May karapatan ka sa mga personal na serbisyo. Hindi mo kinakailangang gumamit ng telehealth kahit na sumang-ayon ang iyong provider na ito ay angkop para sa iyo.

Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip

Outpatient na mga serbisyo sa kalusugan ng isip

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga inisyal na pag-assess sa kalusugan ng isip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kang makakuha ng pag-assess ng kalusugan ng isip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider sa kalusugan ng isip na nasa network ng Molina Healthcare nang walang referral.

Ang iyong PCP o provider sa kalusugan ng isip ay maaaring gumawa ng referral para sa higit pang screening sa kalusugan ng isip sa isang espesyalista sa network ng Molina Healthcare para magpasya sa antas ng pangangalaga na kailangan mo. Kung makikita sa iyong mga resulta ng screening na ikaw ay bahagya o katamtamang mahina dahil sa isang kondisyon sa kalusugan ng isip, maaaring magbigay ang Molina Healthcare ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa iyo. Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip tulad ng:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip ng indibidwal at grupo (psychotherapy)
- Pagsusuri ng sakit sa isip kapag sinabi ng mga doktor para suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip
- Pagpapahusay sa kakayahan ng pag-iisip para mapahusay ang atensyon, memorya, at paglutas ng problema
- Mga outpatient na serbisyo para sa layunin ng pagsubaybay sa therapy sa pamamagitan ng gamot
- Mga outpatient na serbisyo sa laboratoryo
- Mga gamot para sa outpatient na hindi pa sakop sa ilalim ng Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), mga supply at suplemento
- Pagkonsulta para sa isip
- Family therapy na kinabibilangan ng hindi bababa sa dalawang miyembro ng pamilya. Kasama sa mga halimbawa ng family therapy ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Psychotherapy ng magulang at anak (edad 0 hanggang 5)
 - Interactive therapy ng magulang at anak (edad 2 hanggang 12)
 - Cognitive-behavioral na couple therapy (mga nasa hustong gulang)



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng Molina Healthcare, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaari kang ilipat sa isang Behavioral Health Team para matiyak na ikaw ay inuugnay sa napapanahon, at naaangkop na mga serbisyo.

Kung ang paggamot na kailangan mo para sa sakit sa kalusugan ng isip ay hindi available sa network ng Molina Healthcare o ang iyong PCP o mental health provider ay hindi maibibigay ang pangangalaga na kailangan mo sa oras na nakalista sa itaas sa “Napapanahong pag-access sa pangangalaga,” sasakupin at tutulungan ka ng Molina Healthcare na makakuha ng mga serbisyo sa labas ng network.

Kung ipapakita ng iyong screening sa kalusugan ng isip na ikaw ay may mas mataas na antas ng kapansanan at nangangailangan ng may espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (SMHS), maaari kang i-refer ng iyong PCP o provider sa kalusugan ng isip sa planong pangkalusugan ng isip ng county para makuha ang pangangalaga na kailangan mo. Tutulungan ka ng Molina Healthcare na i-coordinate ang iyong unang appointment sa isang provider ng planong pangkalusugan ng isip ng county para piliin ang tamang pangangalaga para sa iyo. Para alamin pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nasa krisis, makipag-ugnayan sa **988 Suicide and Crisis Lifeline**. **Tumawag o mag-text sa 988 o makipag-chat online sa 988lifeline.org/chat**. Ang **988 Suicide and Crisis Lifeline** ay nagbibigay ng libre at pribadong tulong. Makakakuha ng tulong ang sinuman, kabilang ang mga nasa emosyonal na pagkabalisa at ang mga nangangailangan ng suporta para sa krisis sa pagpapakamatay, kalusugan ng isip, at/o paggamit ng droga o pag-inom ng alak.

Mga serbisyo ng pang-emergency na pangangalaga

Mga inpatient at outpatient na serbisyo na kailangan para gamutin ang isang medikal na emergency

Sinasakop ng Molina Healthcare ang lahat ng serbisyong kailangan para gamutin ang isang medikal na emergency na mangyayari sa Estados Unidos (kabilang ang mga teritoryo tulad ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands. Sinasakop din ng Molina Healthcare ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico.

Ang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyon na may matinding pananakit o malubhang pinsala. Napakaseryoso ng kondisyon na, kung hindi ito makakakuha ng agarang medikal na atensyon, maaaring asahan ng isang maingat (makatuwiran) na ordinaryong tao (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na magreresulta ito sa alinman sa mga sumusunod:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Malubhang panganib sa iyong kalusugan
- Malubhang pinsala sa mga paggana ng katawan
- Malubhang pagpalya sa paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan
- Malubhang panganib sa mga kaso ng isang buntis na nasa aktibong labor, ibig sabihin ay labor sa panahon kung kailan magaganap ang alinman sa mga sumusunod:
 - Walang sapat na oras para ligtas kang ilipat sa ibang ospital bago manganak
 - Ang paglipat ay maaaring magdulot ng banta sa iyong kalusugan o kaligtasan o sa iyong hindi pa isinisilang na anak

Kung ang isang provider ng emergency room ng ospital ay magbibigay sa iyo ng hanggang 72 oras na supply ng outpatient na inireresetang gamot bilang bahagi ng iyong paggamot, sasakupin ng Molina Healthcare ang inireresetang gamot bilang bahagi ng iyong sakop na pang-emergency na pangangalaga. Kung ang provider sa emergency room ng ospital ay magbibigay sa iyo ng reseta na kailangan mong dalhin sa isang outpatient na parmasya upang mapunan, sasakupin ng Medi-Cal Rx ang reseta na iyon.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na supply ng isang gamot mula sa outpatient na parmasya habang nagbibiyaha, ang Medi-Cal Rx ang mananagot sa pagsakop sa gamot, at hindi ang Molina Healthcare. Kung ang parmasya ay nangangailangan ng tulong sa pagbibigay sa iyo ng pang-emergency na supply ng gamot, patawagin sila sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273.

Mga pang-emergency na serbisyo ng transportasyon

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng ambulansya para matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa isang emergency.

Nangangahulugan ito na ang iyong kondisyon ay sapat na malubha na ang ibang mga paraan ng pagpunta sa isang lugar ng pangangalaga ay maaaring ilagay sa panganib ang iyong kalusugan o buhay. Walang mga serbisyo na sinasakop sa labas ng Estados Unidos maliban sa pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan sa iyo na maospital sa Canada o Mexico. Kung kukuha ka ng mga pang-emergency na mga serbisyo ng ambulansya sa Canada o Mexico at hindi ka naospital sa yugto ng pangangalagang iyon, hindi sasakupin ng Molina Healthcare ang iyong mga serbisyo ng ambulansya.

Pangangalaga ng hospisyo at pangangalaga para maibsan ang pananakit

Sinasakop ng Molina Healthcare ang pangangalaga ng hospisyo at pangangalaga para maibsan ang pananakit para sa mga bata at nasa hustong gulang, na tumutulong na mabawasan ang pisikal, emosyonal, sosyal at espirituwal na mga kakulangan sa



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

ginhawa. Ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang o mas matanda ay maaaring hindi makakuha ng pangangalaga ng hospisyo at mga serbisyo sa pangangalaga para gamutin (pagpapagaling) nang sabay.

Pangangalaga ng hospisyo

Ang pangangalaga ng hospisyo ay isang benepisyo para sa mga miyembrong may nakamamatay na sakit. Kinakailangan sa pangangalaga ng hospisyo na ang miyembro ay magkaroon ng inaasahang itatagal ng buhay na anim na buwan o mas mababa. Ito ay isang interbensyon na pangunahing nakatuon sa pamamahala ng sakit at sintomas sa halip na sa isang lunas upang mapahaba ang buhay.

Kasama sa pangangalaga ng hospisyo ang:

- Mga serbisyo ng pag-aalaga
- Mga serbisyo na pisikal, para makabalik sa paggana o pananalita
- Mga serbisyong medikal at kaugnay sa pakikisalamuha o pakikitungo
- Mga serbisyo ng home health aide at maybahay
- Mga medikal na supply at appliance
- Ilang gamot at biological na serbisyo (maaaring available ang ilan sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Tuloy-tuloy na mga serbisyo ng pag-aalaga nang 24 na oras sa panahon ng krisis at kung kinakailangan para mapanatili sa bahay ang miyembrong may nakamamatay na sakit
 - Inpatient at respite (para magpahinga ang nag-aalaga) na pangangalaga na hanggang limang magkakasunod na araw sa isang ospital, skilled nursing facility, o hospice facility
 - Panandaliang inpatient na pangangalaga para sa pagkontrol sa pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, skilled nursing facility, o hospice facility

Maaaring hingin sa iyo ng Molina Healthcare na kumuha ka ng pangangalaga ng hospisyo mula sa isang provider na nasa network maliban kung ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay hindi available sa network.

Pangangalaga para maibsan ang pananakit

Ang pangangalaga para maibsan ang pananakit ay pangangalaga na nakatuon sa pasyente at pamilya na nagpapabuti sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-anticipate, pag-iwas, at paggamot sa pagdurusa. Ang pangangalaga para maibsan ang pananakit ay available sa mga bata at nasa hustong gulang na may malubha o nakamamatay na sakit. Hindi nito hinihiling na ang miyembro ay mayroong itatagal ng buhay na anim na buwan o mas maikli. Maaaring ibigay ang pangangalaga para maibsan ang pananakit kasabay ng pangangalagang panglunas.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Kasama sa pangangalaga para maibsan ang pananakit ang:

- Maagang pagpapalano ng pangangalaga
- Pag-assess at pagkonsulta tungkol sa pangangalaga para maibsan ang pananakit
- Plano ng pangangalaga kasama ang lahat ng awtorisadong pangangalaga para maibsan ang pananakit at pangangalagang panglunas
- Kabilang sa team ng pangangalaga para maibsan ang pananakit ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Doktor ng medisina o osteopathy
 - Physician assistant
 - Rehistradong nurse
 - Licensed vocational nurse o nurse practitioner
 - Social worker
 - Pari
- Pangangasiwa ng pangangalaga
- Pamamahala ng pananakit at sintomas
- Kalusugan ng isip at mga serbisyong medikal at kaugnay sa pakikisalamuha o pakikitungo

Ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang o mas matanda ay hindi maaaring sabay na makakuha ng parehong pangangalagang panglunas at pangangalaga ng hospisyo. Kung nakakakuha ka ng pangangalaga para maibsan ang pananakit at kwalipikado para sa pangangalaga ng hospisyo, maaari mong hilinging ilipat ka sa pangangalaga ng hospisyo anumang oras.

Pagkakaospital

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng anesthesiologist na medikal na kinakailangan sa panahon ng mga sakop na pananatili sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang provider na dalubhasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal o kaugnay sa ngipin na mga procedure.

Inpatient na mga serbisyo ng ospital

Sinasakop ng Molina Healthcare ang inpatient na pangangalaga ng ospital na medikal na kinakailangan kapag na-admit ka sa ospital.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (RWGS) ay isang sakop na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang o mas bata pa at nakakakuha ng inpatient na mga serbisyo ng ospital sa isang intensive care unit. Kabilang dito ang individual sequencing, trio sequencing para sa isang magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing.

Ang RWGS ay isang bagong paraan para masuri ang mga kondisyon sa tamang oras para maapektuhan ang pangangalaga sa Intensive Care Unit (ICU) ng mga batang isang taong gulang o mas bata pa. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa programa ng Mga Serbisyo sa Mga Bata sa California (CCS), maaaring sakupin ng CCS ang pananatili sa ospital at ang RWGS.

Mga serbisyo sa operasyon

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga medikal na kinakailangang operasyon na isinasagawa sa isang ospital.

Mga serbisyo at device na rehabilitative at habilitative (therapy)

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at device para tulungan ang mga taong may mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na mga kondisyon para makuha o mabawi ang mga kakayahan ng isip at katawan.

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo na rehabilitative at habilitative na inilarawan sa seksyong ito kung ang lahat ng sumusunod na kinakailangan ay natutugunan:

- Ang mga serbisyo ay medikal na kinakailangan
- Ang mga serbisyo ay para tugunan ang kondisyon sa kalusugan
- Ang mga serbisyo ay para tulungan kang panatilihin, matutunan, o mapabuti ang mga kakayahan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Makukuha mo ang mga serbisyo sa isang pasilidad na nasa network, maliban kung sasabihin ng doktor na nasa network na medikal na kinakailangan mo na kumuha ng mga serbisyo sa ibang lugar o ang isang pasilidad na nasa network ay hindi available para gamutin ang iyong kondisyon ng kalusugan

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyong rehabilitative/habilitative:

Acupuncture

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng acupuncture para maiwasan, baguhin, o maibsan ang pag-unawa sa malubha, patuloy na hindi gumagaling na pananakit na nagreresulta mula sa isang pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Ang outpatient na mga serbisyo ng acupuncture, na mayroon o walang electric stimulation ng mga karayom, ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan kasama ng audiology, chiropractic, occupational therapy, at mga serbisyo ng speech therapy kapag ibinigay ng isang doktor, dentista, podiatrist, o acupuncturist. Ang mga limitasyon ay hindi naaangkop sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring paunang aprubahan ng Molina Healthcare (maagang pahintulutan) ang higit pang mga serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Audiology (pandinig)

Sakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng audiology. Ang outpatient na audiology ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan, kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, chiropractic, occupational therapy, at speech therapy (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring paunang aprubahan ng Molina Healthcare (maagang pahintulutan) ang higit pang mga serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (BHT) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyo ng Medi-Cal for Kids and Teens. Kasama sa BHT ang mga serbisyo at programa sa paggamot tulad ng applied behavior analysis at mga programa ng interbensyon sa pag-uugali na batay sa ebidensya na bubuo o ibabalik hanggang sa lawak na magagawa, ang paggana ng isang miyembrong wala pang 21 taong gulang.

Ang mga serbisyo ng BHT ay nagtuturo ng mga kasanayan gamit ang pag-oobserba ng pag-uugali at reinforcement o sa pamamagitan ng pag-utos na ituro ang bawat hakbang ng tina-target na pag-uugali. Ang mga serbisyo ng BHT ay batay sa maaasahang ebidensya. Ang mga ito ay hindi sinusubukan pa lang. Kasama sa mga halimbawa ng mga serbisyo ng BHT ang mga interbensyon sa pag-uugali, cognitive na mga package para sa interbensyon sa pag-uugali, komprehensibong paggamot ng pag-uugali, at applied behavioral analysis.

Ang mga serbisyo ng BHT ay dapat medikal na kinakailangan, inireseta ng isang lisensyadong doktor o psychologist, inaprubahan ng Molina Healthcare, at ibinigay sa paraang sumusunod sa naaprubahang plano sa paggamot.

Rehabilitasyon ng puso

Sinasakop ng Molina Healthcare ang inpatient at outpatient na rehabilitative na mga serbisyo sa puso.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Matibay na kagamitang pangmedikal (DME)

- Sinasakop ng Molina Healthcare ang pagbili o pag-upa ng mga DME na supply, kagamitan, at iba pang mga serbisyo na may reseta mula sa doktor, physician assistant, nurse practitioner, o clinical nurse specialist. Ang mga iniresetang DME na item ay sinasakop bilang medikal na kinakailangan para mapanatili ang mga paggana ng katawan na mahalaga sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o para maiwasan ang malaking pisikal na kapansanan.
- Sinasakop ng Medi-Cal Rx ang mga disposable na outpatient na device na karaniwang available mula sa pamilya para sa pagsusuri ng glucose sa dugo o ihi, tulad ng mga blood glucose monitor para sa diabetes, continuous na mga glucose monitor, mga test strip, at mga lancet.

Sa pangkalahatan, hindi sinasakop ng Molina Healthcare ang:

- Mga kagamitan, feature, at mga supply na para sa kaginhawahan, kumbinyente, o karangyaan, maliban sa retail-grade na mga breast pump gaya ng inilarawan sa unang bahagi ng kabanatang ito sa ilalim ng “Mga breast pump at supply” sa “Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong panganak”
- Mga item na hindi nilalayon na mapanatili ang mga normal na aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng mga kagamitan sa pag-eehersisyo kabilang ang mga device na nilalayon para magbigay ng higit pang suporta para sa mga aktibidad sa paglilibang o sports
- Kagamitang pangkalinisan, maliban kung medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga bagay na hindi medikal tulad ng mga sauna bath o elevator
- Mga pagbabago sa iyong tahanan (maliban kung available at ibinibigay sa pamamagitan ng Mga Suporta sa Komunidad) o kotse
- Mga electronic monitor ng puso o baga maliban sa infant apnea monitor
- Pag-aayos o pagpapalit ng kagamitan dahil sa pagkawala, paganakaw, o maling paggamit, maliban kung medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Iba pang item na hindi karaniwang pangunahing ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan

Sa ilang kaso, ang mga item na ito ay maaaring maaprubahan kapag nagsumite ang iyong doktor ng kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at ang mga item ay medikal na kinakailangan at nakakatugon sa kahulugan ng DME.

Enteral (sa bibig) at parenteral (sa ibang paraan) na nutrisyon

Ang mga pamamaraang ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan ay ginagamit kapag pinipigilan ka ng isang medikal na kondisyon na normal na kumain ng pagkain. Ang mga formula ng enteral na nutrisyon at parenteral na mga produkto ng nutrisyon ay maaaring masakop sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, kapag medikal na kinakailangan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Sinasakop ng Molina Healthcare ang enteral at parenteral na mga pump at tubing, kapag medikal na kinakailangan.

Mga hearing aid

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga hearing aid kung ikaw ay sinusuri para sa pagkabingi o paghina ng pandinig, ang mga hearing aid ay medikal na kinakailangan, at mayroon kang reseta mula sa iyong doktor. Ang coverage ay limitado sa pinakamababang halaga ng hearing aid na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Sasakupin ng Molina Healthcare ang isang hearing aid maliban kung kailangan ng hearing aid para sa bawat tainga para sa mas magandang resulta kaysa sa makukuha mo sa isang hearing aid.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang:

Sa mga county ng Sacramento, San Diego, Riverside, at San Bernardino, hinihingi ng batas ng estado sa mga batang wala pang 21 taong gulang na nangangailangan ng mga hearing aid na i-refer sa programa ng Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California (CCS) para magpasya kung ang bata ay kwalipikado para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, babayaran ng CCS ang mga gastos para sa mga medikal na kinakailangang hearing aid kung ito ay para gamutin ang medikal na kondisyon. Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, sasakupin ng Molina Healthcare ang mga medikal na kinakailangang hearing aid bilang bahagi ng coverage ng Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong may edad na 21 at mas matanda pa

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasakupin ng Molina Healthcare ang mga sumusunod para sa bawat sakop na hearing aid:

- Mga ear mold na kinakailangan para sa pagsukat
- Isang karaniwang pack ng baterya
- Mga pagpapatingin para matiyak na gumagana nang tama ang hearing aid
- Mga pagpapatingin para sa paglilinis at pagsukat ng iyong hearing aid
- Pag-aayos ng iyong hearing aid
- Mga accessory at pag-upa ng hearing aid

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasakupin ng Molina Healthcare ang isang kapalit na hearing aid kung:

- Ang iyong pagkabingi o paghina ng pandinig ay hindi maiwawasto ng kasalukuyan mong hearing aid
- Nawala, nanakaw, o nasira ang iyong hearing aid at hindi maaayos at hindi mo ito kasalanan. Dapat mong bigyan kami ng tala na nagsasabi sa amin kung paano ito nangyari



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang at mas matanda pa, **hindi** sakop ng Medi-Cal ang:

- Mga kapalit na baterya ng hearing aid

Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo sa kalusugan na ibinibigay sa iyong tahanan kapag nalaman na medikal na kinakailangan at inirereseta ng iyong doktor o ng isang physician assistant, nurse practitioner, o clinical nurse specialist.

Ang mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan ay limitado sa mga serbisyong sakop ng Medi-Cal, kabilang ang:

- Part-time na may kakayahang pangangalaga ng nurse
- Part-time na home health aide
- Mahusay na physical, occupational, at speech therapy
- Mga serbisyong medikal at kaugnay sa pakikisalamuha o pakikitungo
- Mga supply na pangmedikal

Mga supply, kagamitan, at appliance na pangmedikal

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga supply na pangmedikal na inirereseta ng mga doktor, physician assistant, mga nurse practitioner, at mga clinical nurse specialist. Ang ilang supply na pangmedikal ay sinasakop sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, bahagi ng May Bayad na Serbisyo (FFS) ng Medi-Cal, at hindi ng Molina Healthcare. Kapag sinasakop ng Medi-Cal Rx ang mga supply, sisingilin ng provider ang Medi-Cal.

Hindi sakop ng Medi-Cal ang:

- Mga karaniwang gamit sa bahay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Adhesive na tape (lahat ng uri)
 - Rubbing alcohol
 - Mga kosmetiko
 - Mga cotton ball at mga swab
 - Mga dusting powder
 - Tissue wipes
 - Witch hazel
- Mga karaniwang remedyo sa bahay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Putting petrolatum
 - Mga langis at lotion para sa nanunuyong balat
 - Talc at kombinasyon ng mga produktong talc
 - Mga oxidizing agent tulad ng hydrogen peroxide
 - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga shampoo na hindi inireseta



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Mga ipinapahid na preparation na mayroong benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment o likido, at zinc oxide paste
- Iba pang item na hindi karaniwang ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan, at na regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito

Occupational therapy

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng occupational therapy kabilang ang pagsusuri para sa occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, at mga serbisyo sa pagkonsulta.

Ang mga serbisyo ng occupational therapy ay limitado sa 2 serbisyo bawat buwan kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, chiropractic, at speech therapy (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring paunang aprubahan ng Molina Healthcare (maagang pahintulutan) ang higit pang mga serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Orthotics/prostheses

Sinasakop ng Molina Healthcare ang orthotic at prosthetic na mga device at mga serbisyo na medikal na kinakailangan at inireseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o hindi doktor na medikal na provider. Kabilang sa mga ito ang implanted na device sa pandinig, breast prosthesis/mastectomy bra, compression burn na mga garment, at prosthetics para ibalik ang paggana o palitan ang bahagi ng katawan, o para suportahan ang humina o nawala sa pormang bahagi ng katawan.

Ostomy at urological na mga supply

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga ostomy bag, urinary catheter, draining bag, irrigation supply, at adhesive. Hindi kasama rito ang mga supply na para sa kaginhawahan o kombinyente, o mga gamit o feature na para sa karangyaan.

Physical therapy

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyong medikal na kinakailangang physical therapy kapag inireseta ng doktor, dentista, o podiatrist. Kasama sa mga serbisyo ang pagsusuri para sa physical therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, mga serbisyo para sa pagkonsulta, at paglalagay ng mga ipinapahid na gamot. Ang mga reseta ay limitado sa anim na buwan at maaaring i-renew para sa medikal na pangangailangan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Rehabilitasyon ng baga

Sinasakop ng Molina Healthcare ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor.

Mga serbisyo ng skilled nursing facility

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng skilled nursing facility bilang medikal na kinakailangan kung ikaw ay may kapansanan at nangangailangan ng mataas na antas ng pangangalaga. Kasama sa mga serbisyong ito ang kuwarto at pamamalagi sa isang lisensiyadong pasilidad na may 24 na oras bawat araw na pangangalaga ng may kakayahang nurse.

Speech therapy

Sinasakop ng Molina Healthcare ang speech therapy na medikal na kinakailangan at inireseta ng isang doktor o dentista. Ang mga reseta ay limitado sa anim na buwan at maaaring i-renew para sa medikal na pangangailangan. Ang mga serbisyo ng speech therapy ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan, kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, chiropractic, at occupational therapy. Ang mga limitasyon ay hindi naaangkop sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring paunang aprubahan ng Molina Healthcare (maagang pahintulutan) ang, mahigit sa dalawang serbisyo bawat buwan bilang medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo sa transgender

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo sa transgender (mga serbisyo na ibinibigay sa partikular na kasarian) kapag medikal na kinakailangan ang mga ito o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang mga patakaran para sa reconstructive surgery.

Mga klinikal na pagsubok

Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga karaniwang gastos sa pangangalaga ng pasyente para sa mga pasyenteng tinanggap sa mga klinikal na pagsubok, kabilang ang mga klinikal na pagsubok para sa kanser, na nakalista para sa Estados Unidos sa <https://clinicaltrials.gov>. Sinasakop ng Medi-Cal Rx, bahagi ng FFS na Medi-Cal, ang karamihan sa mga inireresetang gamot para sa outpatient. Para alamin pa, basahin ang “Mga inireresetang gamot para sa outpatient” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasakop ng Molina Healthcare ang outpatient at inpatient na mga serbisyo ng laboratoryo at mga serbisyo ng X-ray kapag medikal na kinakailangan. Ang mga advanced na imaging procedure tulad ng mga CT scan, MRI, at PET scan, ay sakop batay sa medikal na pangangailangan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at para manatiling malusog at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Kasama sa sakop ng Molina Healthcare ang, ngunit hindi limitado sa:

Hinihikayat ng Molina Healthcare ang mga miyembro na nais ng tulong sa pag-inom ng alak o iba pang paggamit ng substance na makakuha ng pangangalaga. Ang mga serbisyo para sa paggamit ng substance ay makukuha mula sa mga provider gaya ng pangunahing pangangalaga, mga ospital para sa inpatient, emergency room, at substance use service provider. Ang mga serbisyo ng SUD ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga county. Depende sa kung saan ka nakatira, ang ilang county ay nagbibigay ng mas maraming opsyon sa paggamot at mga serbisyo sa pag-recover.

Para alamin pa ang tungkol sa mga opsyon sa paggamot para sa SUD, tawagan ang numero ng serbisyo sa miyembro ng Molina Healthcare sa 1(888)-665-4621.

Ang mga miyembro ng Molina Healthcare ay maaaring magkaroon ng pag-assess upang itugma sila sa mga serbisyong pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan sa kalusugan. Ang isang miyembro ay maaaring humiling ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, kabilang ang mga pag-assess ng SUD, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Molina Healthcare. Maaari ding bisitahin ng mga miyembro ang kanilang PCP na maaaring mag-refer sa kanila sa isang SUD provider para sa pag-assess. Kapag medikal na kinakailangan, ang mga magagamit na serbisyo ay kinabibilangan ng paggamot sa outpatient, at mga gamot para sa SUD (tinatawag ding Medications for Addiction Treatment o MAT) gaya ng buprenorphine, methadone, at naltrexone.

Ang mga miyembro na natukoy para sa mga serbisyo ng paggamot sa SUD ay isinasangguni sa kanilang county substance use disorder program para sa paggamot. Ang mga miyembro ay maaaring i-refer ng kanilang PCP o self-refer sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan sa isang SUD provider. Kung self-refer ang isang



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

miyembro, magsasagawa ang provider ng paunang screening at assessment para magpasya kung kwalipikado sila at ang antas ng pangangalaga na kailangan nila. Para sa isang listahan ng lahat ng numero ng telepono ng mga county pumunta sa

https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx.

Ibibigay o aayusin ng Molina Healthcare na maibigay ang MAT sa pangunahing pangangalaga, ospital para sa inpatient, emergency room, at iba pang medikal na setting. Nagbibigay din ang Molina Healthcare ng mga sakop na gamot ng MAT sa mga setting ng pag-uugali ng outpatient. Ang mas mataas na antas ng pangangalaga para sa substance abuse at kalusugan ng pag-uugali (kabilang ang inpatient o residential na paggamot) ay nakukuha sa benepisyo ng Molina. Ang mga serbisyo ng MAT sa mga setting na ito ay nasa ilalim ng may kaugnayang benepisyo ng county. Para alamin pa ang tungkol sa mga opsyon sa paggamot para sa mga serbisyo ng MAT, tawagan ang numero ng serbisyo sa miyembro ng Molina Healthcare sa 1-888-665-4621

Mga serbisyo sa ngipin

Sacramento county: Gumagamit ang Medi-Cal ng mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga upang ibigay ang iyong mga serbisyo sa ngipin. Dapat kang mag-enroll sa Dental Managed Care. Para alamin pa, pumunta sa Health Care Options sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. Ang FFS Medi-Cal Dental ay kapareho ng FFS Medi-Cal para sa iyong mga serbisyo sa ngipin. Bago ka kumuha ng mga serbisyo sa ngipin, dapat mong ipakita ang iyong Medi-Cal BIC card sa dental provider. Siguraduhin na ang provider ay kukuha ng FFS Dental at hindi ka bahagi ng isang pinamamahalaang plano ng pangangalaga na sumasakop sa mga serbisyo sa ngipin.

Sinasakop ng Medi-Cal ang malawak na hanay ng mga serbisyo sa ngipin sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental, kabilang ang:

- Mga serbisyong diagnostic at preventive dental gaya ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin
- Pang-emergency na pangangalaga para sa pagkontrol ng pananakit
- Pagbunot ng ngipin
- Mga pagpasta
- Mga paggamot sa root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Scaling at root planing
- Kumpleto at partial na pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Topical fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o gustong alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711).

Maaari ka ring pumunta sa website ng Medi-Cal Dental sa

<https://www.dental.dhcs.ca.gov>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).

Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.

O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

California Children's Services (CCS)

Ang CCS ay isang programang Medi-Cal na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit, o hindi gumagaling na problema sa kalusugan, at nakakatugon sa mga panuntunan ng programa ng CCS. Kung naniniwala ang Molina Healthcare o ang iyong PCP na ang iyong anak ay may kondisyon na karapat-dapat sa CCS, ire-refer siya sa programa ng CCS ng county upang suriin kung kwalipikado siya.

Ang kawani ng County CCS ay magpapasya kung ikaw o ang iyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng CCS. Ang Molina Healthcare ay hindi nagpapasya sa pagiging karapat-dapat sa CCS. Kung kwalipikado ang iyong anak na makakuha ng ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga provider na may panel ng CCS para sa karapat-dapat na kondisyon ng CCS. Patuloy na sasakupin ng Molina Healthcare ang mga uri ng serbisyo na walang kinalaman sa kondisyon ng CCS tulad ng mga pisikal, bakuna, at well-child check-up.

Hindi sakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyong sakop ng programa ng CCS. Para masakop ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo, at kagamitan.

Sinasakop ng CCS ang karamihan sa mga kondisyon ng kalusugan. Kasama sa mga halimbawa ng mga karapat-dapat na kondisyon ng CCS ang, ngunit hindi limitado sa:

- | | |
|--|---|
| ▪ Congenital heart disease | ▪ Pagkawala ng pandinig |
| ▪ Mga kanser | ▪ Mga katarata |
| ▪ Mga tumor | ▪ Cerebral palsy |
| ▪ Hemophilia | ▪ Mga seizure sa ilalim ng ilang sitwasyon |
| ▪ Sick cell anemia | ▪ Rheumatoid arthritis |
| ▪ Mga problema sa thyroid | ▪ Muscular dystrophy |
| ▪ Diabetes | ▪ HIV/AIDS |
| ▪ Malubhang pangmatagalang sakit sa bato | ▪ Matinding pinsala sa ulo, utak, o spinal cord |
| ▪ Sakit sa atay | ▪ Matinding pagkasunog |
| ▪ Sakit sa bituka | ▪ Matinding pagkasungki ng mga ngipin |
| ▪ Cleft lip/palate | |
| ▪ Spina bifida | |

Nagbabayad ang Medi-Cal para sa mga serbisyo ng CCS sa mga county na kalahok sa programang Whole Child Model (WCM). Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng programa ng CCS, patuloy siyang makakakuha ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Molina Healthcare.

Para alamin pa ang tungkol sa CCS, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>. O tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga gastos sa transportasyon at paglalakbay para sa CCS

Makakuha ka ng transportasyon, mga pagkain, lodging, at iba pang gastos tulad ng paradahan, mga toll, atbp. kung ikaw o ang iyong pamilya ay nangangailangan ng tulong para makakuha ng medikal na appointment kaugnay sa kondisyon na karapat-dapat sa CSS at walang ibang available na mapagkukunan. Tawagan ang Molina Healthcare at humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago ka magbayad mula sa sariling bulsa para sa transportasyon, mga pagkain, at lodging. Nagbibigay ang Molina Healthcare ng hindi medikal na transportasyon at hindi emergency na medikal na transportasyon gaya ng nakatala sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” ng handbook na ito.

Kung malaman na kinakailangan ang iyong mga gastos sa transportasyon at paglalakbay na binayaran mo at mapatunayan ng Molina Healthcare na sinubukan mong kumuha ng transportasyon sa pamamagitan ng Molina Healthcare, babayaran ka ng Molina Healthcare.

Home and community-based services (HCBS) sa labas ng mga serbisyo ng CSS

Kung kwalipikado kang mag-enroll sa isang 1915(c) waiver (espesyal na programa ng pamahalaan), maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa bahay at nakabatay sa komunidad na hindi nauugnay sa isang kondisyong kwalipikado sa CCS ngunit kinakailangan para manatili ka sa isang komunidad sa halip na isang institusyon. Halimbawa, kung kailangan mo ng mga pagbabago sa bahay upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa isang setting sa komunidad, hindi maaaring bayaran ng Molina Healthcare ang mga gastos na iyon bilang kondisyong nauugnay sa CCS. Pero kung naka-enroll ka sa isang waiver sa 1915(c), maaaring sakupin ang mga pagbabago sa tahanan kung medikal na kinakailangan ang mga ito upang maiwasan ang institutionalization.

Kapag naging 21 taong gulang ka na, lilipat ka (magbabago) mula sa programa ng CCS patungo sa pangangalagang pangkalusugan ng mga nasa hustong gulang. Sa oras na iyon, maaaring kailanganin mong mag-enroll sa isang waiver sa 1915(c) upang patuloy na makakuha ng mga serbisyong mayroon ka sa pamamagitan ng CCS, gaya ng private duty nursing.

1915(c) mga waiver para sa Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS).

Ang anim na waiver ng Medi-Cal 1915(c) ng California (mga espesyal na programa ng pamahalaan) ay pinapahintulutan ang estado na magbigay ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) sa mga tao sa isang setting sa komunidad na kanilang pinili, sa halip na kumuha ng pangangalaga sa isang nursing facility o ospital. Ang Medi-Cal



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

ay may kasunduan sa Pederal na Pamahalaan na nagpapahintulot sa mga serbisyo ng waiver na ibigay sa isang pribadong tahanan o sa setting na parang tahanan na komunidad. Ang mga serbisyong ibinigay sa ilalim ng mga waiver ay hindi dapat mas malaki kaysa sa pagkuha ng parehong pangangalaga sa isang institutional na setting. Ang mga tatanggap ng HCBS Waiver ay dapat maging kwalipikado para sa full-scope na Medi-Cal. Ang ilang 1915(c) waiver ay may limitadong kakayahang magamit sa buong Estado ng California at/o maaaring may waitlist. Ang anim na waiver ng Medi-Cal 1915(c) ay:

- Assisted Living Waiver (ALW)
- Self-Determination Program (SDP) Waiver para sa mga Indibidwal na may mga Kapansanan sa Pag-unlad
- HCBS Waiver para sa mga taga-California na may mga Kapansanan sa Pag-unlad (HCBS-DD)
- Home and Community-Based Alternatives (HCBA) Waiver
- Medi-Cal Waiver Program (MCWP), na dating tinatawag na Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (HIV/AIDS) Waiver
- Multipurpose Senior Services Program (MSSP)

Para alamin pa ang tungkol sa mga waiver ng Medi-Cal, pumunta sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/Medi-CalWaivers.aspx>. O tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

In-Home Supportive Services (IHSS)

Ang programang In-Home Supportive Services (IHSS) ay nagbibigay ng tulong sa personal na pangangalaga sa bahay bilang alternatibo sa pangangalaga sa labas ng bahay sa mga kwalipikadong taong kwalipikado sa Medi-Cal, kabilang ang mga may edad, bulag, at/o may kapansanan. Ang IHSS ay nagpapahintulot sa mga tatanggap na manatili nang ligtas sa kanilang sariling mga tahanan. Ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat sumang-ayon na kailangan mo ng tulong sa personal na pangangalaga sa bahay at na ikaw ay nasa panganib na mailagay sa pangangalaga sa labas ng bahay kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo ng IHSS. Ang programa ng IHSS ay magsasagawa rin ng pag-assess ng mga pangangailangan.

Para alamin pa ang tungkol sa IHSS na available sa iyong county, pumunta sa <https://www.cdss.ca.gov/in-home-supportive-services>. O tawagan ang iyong lokal na ahensya ng serbisyong panlipunan ng county.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga serbisyonang hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Molina Healthcare o Medi-Cal

Hindi sakop ng Molina Healthcare at Medi-Cal ang ilang serbisyo. Kasama sa mga Serbisyo ng Molina Healthcare o Medi-Cal na hindi sinasakop ang, ngunit hindi limitado sa:

- In vitro fertilization (IVF) kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga pag-aaral sa pagkabaog o mga prodecure upang ma-diagnose o magamot ang infertility
- Pagpapanatili ng fertility
- Mga pagbabago sa sasakyan
- Mga serbisyo na sinusubukan pa lang
- Cosmetic surgery

Para alamin pa tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

5. Pangangalaga ng bata at kabataan para makaiwas sa sakit

Ang mga miyembrong bata at kabataan na wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa sandaling sila ay naka-enroll. Tinitiyak nito na nakukuha nila ang tamang pangangalagang pang-iwas sa sakit, sa ngipin, at kalusugan ng isip, kabilang ang mga serbisyo sa pag-unlad at espesyalidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager

Ang mga kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay sakop at libre para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Kasama sa listahan sa ibaba ang mga karaniwang serbisyong medikal na kinakailangan upang mahanap at magamot o mapangalagaan ang anumang depekto at pisikal o mental na diagnosis. Kasama sa mga sakop na serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga pagpapatingin sa well-child at teen check-up (mahalagang regular na pagpapatingin sa doktor na kailangan ng mga bata)
- Mga pagbabakuna (mga shot)
- Pag-assess at paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (kalusugan ng isip at/o sakit sa pang-aabuso sa droga at alak).
- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip, kabilang ang indibidwal, grupo, at psychotherapy ng pamilya (sakop ng county ang mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng isip (SMHS))
- Screening para sa hindi magandang karanasan sa pagkabata (ACE)
- Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) para sa Pinagtutuunang Populasyon ng mga Bata at Kabataan (mga POF) (ang Medi-Cal managed care plan (MCP) na benepisyo)
- Mga pagsusuri ng laboratoryo, kabilang ang pagsusuri sa pagkalason sa lead ng dugo
- Edukasyong pangkalusugan at pang-iwas



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

5 | Pangangalaga ng bata at kabataan para

- Mga serbisyo sa paningin
- Mga serbisyo sa ngipin (sakop sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo sa pandinig (sakop ng California Children's Services (CCS) para sa mga bata na kwalipikado. Sasakupin ng Molina Healthcare ang mga serbisyo para sa mga bata na hindi kwalipikado para sa CCS)
- Mga Serbisyong Pangkalusugan sa Tahanan, gaya ng private duty nursing (PDN), occupational therapy, physical therapy, at mga kagamitan pangmedikal at supply

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na Medi-Cal for Kids and Teens (kilala rin bilang Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment (EPSDT)) na mga serbisyo. Ang karagdagang impormasyon para sa mga miyembro tungkol sa Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager ay matatagpuan sa

<https://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal-For-Kids-and-Teens/Pages/Member-Impormasyon.aspx>. Ang mga serbisyo ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teenager na

inirerekomenda ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga pediatrician upang matulungan ka, o ang iyong anak, na manatiling malusog ay sinasakop nang libre. Para basahin ang mga alituntunin ng Bright Futures, pumunta sa

https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.

Ang Enhanced Care Management (ECM) ay isang benepisyong ng Medi-Cal managed care plan (MCP) na makukuha sa lahat ng county ng California upang suportahan ang komprehensibong pamamahala sa pangangalaga para sa mga miyembro ng MCP na may mga kumplikadong pangangailangan. Dahil ang mga bata at kabataan na may kumplikadong mga pangangailangan ay kadalasang pinaglilingkuran na ng isa o mahigit pang mga case manager o iba pang service provider sa loob ng fragmented na sistema ng paghahatid, nagbibigay ang ECM ng koordinasyon sa pagitan ng mga system. Kasama sa mga pinagtutuunang populasyon ng mga bata at kabataang karapat-dapat para sa benepisyong ito ang:

- Mga bata at kabataang nakararanas ng kawalan ng tirahan
- Mga bata at kabataan na nasa panganib para sa maiiwasang paggamit ng ospital o emergency room
- Mga bata at kabataang may malubhang pangangailangan sa kalusugan ng isip at/o substance use disorder (SUD).
- Mga bata at kabataang naka-enroll sa California Children's Services (CCS) o CCS Whole Child Model (WCM) na may mga karagdagang pangangailangan na lampas sa kondisyon ng CCS
- Ang mga bata at kabataan na kasama sa kapakanan ng bata
- Mga bata at kabataang lumilipat mula sa pasilidad ng youth correctional

Ang karagdagang impormasyon sa ECM ay matatagpuan sa

<https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/ECM/Documents/ECM-Children-And-Youth-POFs-Spotlight.pdf>



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Bilang karagdagan, ang mga ECM Lead Care Manager ay lubos na hinihikayat na suriin ang mga miyembro ng ECM para sa mga pangangailangan sa mga serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad na ibinibigay ng mga MCP bilang mga alternatibong cost-effective sa mga tradisyunal na serbisyong medikal o mga setting at sumangguni sa mga Suporta ng Komunidad na iyon kapag karapat-dapat at available. Ang mga bata at kabataan ay maaaring makinabang mula sa marami sa mga serbisyong Suporta sa Komunidad, kabilang ang remediation ng hika, pag-navigate sa pabahay, medical respite, at mga sobering center.

Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga serbisyong ibinibigay ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal (mga MCP) at available sa mga karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal kung sila man ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng ECM.

Higit pang impormasyon sa Mga Suporta ng Komunidad ay matatagpuan sa <https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/Documents/DHCS-Medi-Cal-Community-Supports-Supplemental-Fact-Sheet.pdf>

Ang ilan sa serbisyong makukuha sa pamamagitan ng Medi-Cal for Kids and Teens, gaya ng PDN, ay itinuturing na mga karagdagang serbisyo. Ang mga ito ay hindi available sa mga miyembro ng Medi-Cal na may edad 21 at mas matanda. Upang patuloy na makakuha ng mga serbisyong ito nang libre pagkatapos na ikaw o ang iyong anak ay maging 21 taong gulang, ikaw o ang iyong anak ay maaaring kailanganing mag-enroll sa 1915(c) Home and Community-Based Services (HCBS) waiver o iba pang pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) na serbisyo sa o bago maging 21 taong gulang. Kung ikaw o ang iyong anak ay tumatanggap ng mga karagdagang serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal for Kids and Teens at malapit nang mag-21 taong gulang, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare upang pag-usapan ang mga pagpipilian para sa patuloy na pangangalaga.

Mga pagsusuri sa kalusugan ng well-child at pangangalaga sa pag-iwas sa sakit

Kasama sa pangangalaga sa pag-iwas sa sakit ang mga regular na pagsusuri sa kalusugan, mga pagsusuri upang matulungan ang iyong doktor na mahanap ang mga problema nang maaga, at mga serbisyo sa pagpapayo upang matukoy ang mga karamdaman, sakit, o medikal na kondisyon bago magdulot ng mga problema ang mga ito. Ang mga regular na check-up ay tumutulong sa iyo o sa doktor ng iyong anak na



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

makita ang anumang problema. Maaaring kabilang sa mga problema ang medikal, dental, paningin, pandinig, kalusugan ng isip, at anumang sakit sa pang-aabuso (alkohol o droga). Sinasakop ng Molina Healthcare ang mga check-up upang i-screen ang mga problema (kabilang ang pag-assess ng antas ng lead sa dugo) anumang oras na kailanganin ang mga ito, kahit na hindi ito sa panahon ng regular na check-up mo o ng iyong anak.

Kasama rin sa pangangalaga sa pag-iwas sa sakit ang mga pagbabakuna (mga shot) na kailangan mo o ng iyong anak. Dapat tiyakin ng Molina Healthcare na ang lahat ng naka-enroll na bata ay up to date sa lahat ng pagbabakuna (mga shot) na kailangan nila kapag nagpapatingin sila sa kanilang doktor. Available ang mga serbisyo at screening ng preventive care nang libre at walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Dapat magpa-check-up ang iyong anak sa mga edad na ito:

- | | |
|--|---|
| ▪ 2-4 na araw pagkatapos ng kapanganakan | ▪ 12 buwan |
| ▪ 1 buwan | ▪ 15 buwan |
| ▪ 2 buwan | ▪ 18 buwan |
| ▪ 4 na buwan | ▪ 24 na buwan |
| ▪ 6 na buwan | ▪ 30 buwan |
| ▪ 9 na buwan | ▪ Isang beses sa isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang |

Kasama sa mga pagsusuri sa kalusugan ng well-child ang:

- Isang kumpletong kasaysayan at pisikal na pagsusuri mula ulo hanggang paa
- Mga pagbabakuna (mga shot) na naaangkop sa edad (Sinusunod ng California ang iskedyl ng American Academy of Pediatrics Bright Futures: https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kabilang ang pagsusuri sa pagkalason sa lead ng dugo, kung naaangkop sa edad o kinakailangan
- Edukasyon sa kalusugan
- Pagsusuri sa paningin at pandinig
- Pagsusuri sa kalusugan ng bibig
- Pag-assess sa kalusugan ng pag-uugali

Kung makakita ang doktor ng problema sa iyong pisikal na kalusugan o sa isip o ng iyong anak sa panahon ng check-up o screening, maaaring kailanganin mo o ng iyong anak na kumuha ng karagdagang pangangalagang medikal. Sakop ng Molina Healthcare ang pangangalagang iyon nang libre, kabilang ang:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Doktor, nurse practitioner, at pangangalaga sa ospital
- Mga pagbabakuna (mga shot) para mapanatiling malusog ka o ang iyong anak
- Mga physical, speech/language, at occupational therapy
- Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan, kabilang ang mga kagamitang pangmedikal, supply, at appliance
- Paggamot para sa mga problema sa paningin, kabilang ang mga salamin sa mata
- Paggamot para sa mga problema sa pandinig, kabilang ang mga hearing aid kapag hindi sakop ang mga ito ng California Children's Services (CCS)
- Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga kondisyong pangkalusugan gaya ng mga autism spectrum disorder, at iba pang kapansanan sa pag-unlad
- Pamamahala ng kaso at edukasyon sa kalusugan
- Reconstructive surgery, na operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan na dulot ng mga congenital defect, abnormalidad sa pag-unlad, trauma, impeksiyon, tumor, o sakit upang mapabuti ang paggana o gumawa ng isang normal na hitsura (madalas sinasakop ng CSS, pero kung hindi, sasakupin ng Molina Healthcare)

Screening sa pagkalason ng lead sa dugo

Ang lahat ng bata na naka-enroll sa Molina Healthcare ay dapat makakuha ng blood lead poisoning screening sa edad na 12 at 24 na buwan, o sa pagitan ng 24 at 72 buwang gulang kung hindi sila nasuri nang mas maaga. Maaaring makakuha ng blood lead screening ang mga bata kung humiling din ang isang magulang o tagapag-alaga. Dapat ding suriin ang mga bata kapag naniniwala ang doktor na ang pagbabago sa buhay ay naglagay sa panganib sa bata.

Mga serbisyo sa pagkuha ng tulong para sa child at youth well care

Tutulungan ng Molina Healthcare ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang at ang kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan nila. Maaari naming gawing makipagtulungan sa iyo ang Molina Healthcare Pediatric Care Manager (CM). Ang isang Molina Healthcare Pediatric CM ay maaaring:

- Sabihin sa iyo ang tungkol sa mga magagamit na serbisyo
- Tumulong sa paghahanap ng mga provider na nasa network o mga provider na wala sa network, kapag kinakailangan



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Tumulong sa paggawa ng mga appointment
- Ayusin ang medikal na transportasyon upang ang mga bata ay makapunta sa kanilang mga appointment
- Tulong sa mga referral sa iba pang ahensya tulad ng California Children's Services (CCS) o Regional Centers (mga RC)
- Tumulong sa pag-coordinate ng pangangalaga para sa mga serbisyong hindi sakop ng Molina Healthcare, ngunit iyon ay maaaring makuha sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal, gaya ng:
 - Mga serbisyo sa paggamot at rehabilitasyon para sa kalusugan ng isip at mga karamdaman sa substance use (SUD)
 - Paggamot para sa mga isyu sa ngipin, kabilang ang orthodontics

Iba pang serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng Fee -for-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa

Pangangalaga sa ngipin at mga check-up

Panatiliing malinis ang mga gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpupunas sa mga gilagid ng washcloth araw-araw. Sa humigit-kumulang apat hanggang anim na buwan, magsisimula ang "pagngingipin" habang magsimulang lumabas ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kang magpa-appointment para sa unang pagpapatingin sa ngipin ng iyong anak sa sandaling lumabas ang kanyang unang ngipin o sa kanyang unang kaarawan, alinman ang mauna.

Ang mga serbisyong ito sa ngipin ng Medi-Cal ay mga libreng serbisyo para sa:

Mga sanggol edad 0-3

- | | |
|---|---|
| ▪ Unang pagpapatingin sa ngipin ng sanggol | ▪ Fluoride varnish (kada anim na buwan, at minsan higit pa) |
| ▪ Unang pagsusuri sa ngipin ng sanggol | ▪ Mga pagpasta |
| ▪ Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa) | ▪ Mga pagbunot (pagtanggap ng ngipin) |
| ▪ Mga X-ray | ▪ Pang-emergency na serbisyo sa ngipin |
| ▪ Paglilinis ng ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa) | ▪ *Pampakalma (kung medikal na kinakailangan) |



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga batang edad 4-12

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at minsan higit pa)
- Paglilinis ng ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa)
- Mga molar sealant
- Mga pagpasta
- Mga root canal
- Mga pagbunot (pagtanggag ng ngipin)
- Pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pampakalma (kung medikal na kinakailangan)

Mga kabataang edad 13-20

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa)
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at minsan higit pa)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado
- Mga pagpasta
- Mga crown
- Mga root canal
- Partial at buong pustiso
- Scaling at root planing
- Mga pagbunot (pagtanggag ng ngipin)
- Pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pampakalma (kung medikal na kinakailangan)

* Dapat isaalang-alang ng mga provider ang pampakalma at general anesthesia kapag natukoy at naidokumento nila ang isang dahilan kung bakit ang lokal na anesthesia ay hindi medikal na naaangkop, at ang paggamot sa ngipin ay paunang naaprubahan o hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Ito ang ilan sa dahilan kung bakit hindi maaaring gamitin ang lokal na anesthesia at maaaring gamitin sa halip ang pampakalma o general anesthesia:

- Pisikal, pag-uugali, pag-unlad, o emosyonal na kondisyon na humahadlang sa pasyente sa pagtugon sa mga pagsubok ng provider na magsagawa ng paggamot
- Mga pangunahing restorative o surgical procedure
- Hindi nakikipagtulungan na bata
- Acute na impeksyon sa isang lugar ng iniksyon
- Ang pagkabigo ng isang lokal na anesthesia para makontrol ang pananakit

Kung mayroon kang mga tanong o gustong alamin pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Customer Service Line sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711), o pumunta sa <https://smilecalifornia.org/>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Karagdagang mga serbisyo sa referral ng edukasyong pang-iwas sa sakit

Kung nag-aalala ka na ang iyong anak ay hindi nakikilahok at natututo nang mabuti sa paaralan, makipag-usap sa doktor at mga guro ng iyong anak, o mga administrador sa paaralan. Bilang karagdagan sa iyong mga benepisyong medikal na sakop ng Molina Healthcare, may mga serbisyong dapat ibigay ng paaralan upang matulungan ang iyong anak na matuto at hindi mahuhuli. Kasama sa mga serbisyong maaaring ibigay upang matulungan ang iyong anak na matuto ay ang:

- Mga serbisyo sa pagsasalita at wika
- Mga serbisyong psychological
- Physical therapy
- Occupational therapy
- Teknolohiyang pantulong
- Mga serbisyo ng Social Work
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga serbisyo ng nars sa paaralan
- Transportasyon papunta at pabalik ng paaralan

Ang Department of Education ng California ay nagbibigay at nagbabayad para sa mga serbisyong ito. Kasama ang mga doktor at guro ng iyong anak, dapat ay makagawa ka ng custom na plano na pinakamahusay na makakatulong sa iyong anak.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

6. Pag-uulat at paglutas sa mga problema

Mayroong dalawang paraan upang mag-ulat at malutas ang mga problema:

- Gumamit ng **reklamo (karaingan)** kapag mayroon kang problema o hindi nasisiyahan sa Molina Healthcare o sa isang provider o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na nakuha mo mula sa isang provider.
- Gumamit ng **apela** kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Molina Healthcare na baguhin ang iyong mga serbisyo o hindi sakupin ang mga ito o antalahin o tanggihan ang pagbabayad ng claim.
- May karapatan kang maghain ng mga karaingan at apela sa Molina Healthcare upang sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema. Hindi nito inaalas ang alinman sa iyong mga legal na karapatan at remedyo. Hindi kami magdidiskrimina o gaganti sa iyo para sa paghahain ng reklamo sa amin o pag-uulat ng mga isyu. Ang pagsasabi sa amin tungkol sa iyong problema ay makakatulong sa amin na mapaganda ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Maaari kang makipag-ugnayan muna sa Molina Healthcare upang ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Tawagan kami sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema.

Kung ang iyong karaingan o apela ay hindi pa rin nalulutas pagkatapos ng 30 araw, o hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari kang tumawag sa California Department of Managed Health Care (DMHC). Hilingin sa DMHC na suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng Independent Medical Review (IMR). Kung apurahan ang iyong usapin, tulad ng mga may kinalaman sa seryosong banta sa iyong kalusugan, maaari kang tumawag kaagad sa DMHC nang hindi muna nagsasampa ng karaingan o apela sa Molina Healthcare. Maaari kang tumawag sa DMHC nang libre sa 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 o 711) o pumunta sa: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Ang California Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Managed Care Ombudsman ay maaari ding tumulong. Makakatulong sila kung mayroon kang mga problema sa pagsali, pagbabago, o pag-alis sa planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lumipat ka at nagkakaproblema kang ilipat ang iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari kang tumawag sa Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 1-888-452-8609. Libre ang tawag.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Maaari ka ring maghain ng karaingan sa opisina ng pagiging karapat-dapat ng iyong county tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino mo maaaring ihain ang iyong karaingan, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Upang mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong health insurance, tumawag sa Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 1-800-541-5555.

Mga reklamo

Ang reklamo (karaingan) ay kapag mayroon kang problema o hindi nasisiyahan sa mga serbisyong nakukuha mo mula sa Molina Healthcare o isang provider. Walang limitasyon sa oras para magsampa ng reklamo. Maaari kang maghain ng reklamo sa Molina Healthcare anumang oras sa pamamagitan ng telepono, sulat sa pamamagitan ng koreo, o online. Ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ay maaari ding maghain ng reklamo para sa iyo nang may pahintulot mo.

- **Sa telepono:** Tawagan ang Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Ibigay ang iyong health plan ID number, pangalan mo, at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tawagan ang Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) at hilingin na magpadala sa iyo ng isang form. Kapag nakuha mo na ang form, sagutan ito. Siguraduhing isama ang iyong pangalan, health plan ID number, at ang dahilan ng iyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.

Ipadala sa koreo ang form sa:

Attention: Member Appeals & Grievances
200 Oceangate, Suite 100
Long Beach, CA 90802

Ang opisina ng iyong doktor ay magkakaroon ng mga form ng reklamo.

- **Online:** Pumunta sa website ng Molina Healthcare sa www.MolinaHealthcare.com.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong reklamo, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Sa loob ng limang araw sa kalendaryo pagkatapos makuha ang iyong reklamo, padadalhan ka ng Molina Healthcare ng sulat na nagsasabi sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan ka namin ng isa pang sulat na nagsasabi sa iyo



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

kung paano namin nalutas ang iyong problema. Kung tatawagan mo ang Molina Healthcare tungkol sa isang karaingan na hindi tungkol sa sakop ng pangangalagang pangkalusugan, pangangailangang medikal, o sinusubukan o sinisiyasat pa lang na paggamot, at ang iyong karaingan ay malulutas sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo, maaaring hindi ka makatanggap ng sulat.

Kung mayroon kang agarang bagay na kinabibilangan ng seryosong alalahanin sa kalusugan, magsisimula kami ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Bibigyan ka namin ng desisyon sa loob ng 72 oras. Upang humingi ng pinabilis na pagsusuri, tawagan kami sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Sa loob ng 72 oras ng pagkuha ng iyong reklamo, kami ang magpapasya kung paano namin haharapin ang iyong reklamo at kung mapapabilis namin ito. Kung nalaman namin na hindi namin mapapabilis ang iyong reklamo, sasabihin namin sa iyo na lulutasin namin ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw. Maaari mong direktang kontakin ang DMHC para sa anumang dahilan, kabilang ang kung naniniwala kang kwalipikado ang iyong alalahanin para sa pinabilis na pagsusuri, hindi tumugon sa iyo ang Molina Healthcare sa loob ng 72-oras, o kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng Molina Healthcare.

Ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng karaingan ng Molina Healthcare o karapat-dapat para sa Independent Medical Review sa Department of Managed Health Care (DMHC). Ang mga miyembro ay maaaring magsumite ng mga reklamo tungkol sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pagpindot sa 7 o 711. O pumunta sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo ng parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging karapat-dapat para sa pagsusuri sa pamamagitan ng proseso ng karaingan at apela sa Molina Healthcare at isang Independent Medical Review sa DMHC. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891). Maaari mong mahanap ang Independent Medical Review/Complaint form at mga instruksyon online sa <https://www.dmhc.ca.gov/>.

Mga apela

Ang isang apela ay iba sa isang reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para sa Molina Healthcare na suriin at baguhin ang isang desisyon na ginawa namin tungkol sa iyong mga serbisyo. Kung nagpadala kami sa iyo ng sulat na Abiso ng Aksyon (NOA)



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

na nagsasabi sa iyo na kami ay tumatanggi, inaantala, nagbabago, o tinatapos ang isang serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang humingi sa amin ng apela. Ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ay maaari ding humingi sa amin ng apela para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot mo.

Dapat kang humingi ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng NOA na nakuha mo mula sa Molina Healthcare. Kung nagpasya kaming bawasan, suspindihin, o ihinto ang isang serbisyong nakukuha mo ngayon, maaari mong ipagpatuloy ang pagkuha ng serbisyong iyon habang hinihintay mong mapagpasyahan ang iyong apela. Ito ay tinatawag na Aid Paid Pending. Upang makakuha ng Aid Paid Pending, dapat kang humingi sa amin ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa sa NOA o bago ang petsa na sinabi naming hihinto ang iyong serbisyo, alinman ang mas huli. Kapag humiling ka ng apela sa ilalim ng mga sitwasyong ito, magpapatuloy ang iyong serbisyo habang hinihintay mo ang iyong desisyon sa apela.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, sa sulat sa pamamagitan ng koreo, o online:

- **Sa telepono:** Tawagan ang Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Ibigay ang iyong pangalan, health plan ID number, at ang serbisyong iyong inaapela.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tawagan ang Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) at hilingin na magpadala sa iyo ng isang form. Kapag nakuha mo na ang form, sagutan ito. Siguraduhing isama ang iyong pangalan, health plan ID number, at ang serbisyong iyong inaapela.
- Ipadala sa koreo ang form sa:
Attention: Member Appeals & Grievances
200 Oceangate, Suite 100
Long Beach, CA 90802

Ang opisina ng iyong doktor ay magkakaroon ng mga form ng apela na magagamit.
- **Online:** Bisitahin ang website ng Molina Healthcare. Pumunta sa www.MolinaHealthcare.com.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng apela o may Aid Paid Pending, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Sa loob ng limang araw pagkatapos makuha ang iyong apela, padadalhan ka ng Molina Healthcare ng sulat na nagsasabi sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela at padadalhan ka ng sulat ng Notice of Appeal Resolution (NAR). Kung hindi namin ibibigay sa iyo ang aming



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado mula sa California Department of Social Services (CDSS) at isang Independent Medical Review (IMR) sa Department of Managed Health Care (DMHC).

Ngunit kung humiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig upang tugunan ang iyong mga partikular na isyu, hindi ka maaaring humingi ng IMR sa DMHC sa parehong isyu. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pasya. Ngunit maaari ka pa ring magsampa ng reklamo sa DMHC kung ang iyong mga isyu ay hindi kwalipikado para sa isang IMR, kahit na nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Kung gusto mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras na aabutin upang pagpasyahan ang iyong apela ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumana sa panganib, maaari kang humingi ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Upang humingi ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Magpapasya kami sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang iyong apela. Kung may apurahang alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng mga may kinalaman sa seryosong banta sa iyong kalusugan, hindi mo kailangang maghain ng apela sa Molina Healthcare bago magsampa ng reklamo sa DMHC.

Ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon sa apela

Kung humiling ka ng apela at nakatanggap ka ng sulat ng NAR na nagsasabi sa iyo na hindi namin binago ang aming desisyon, o hindi ka kailanman nakakuha ng sulat ng NAR at nakalipas na ang 30 araw, maaari kang:

- Humingi ng **Pagdinig ng Estado** mula sa California Department of Social Services (CDSS) at susuriin ng isang hukom ang iyong kaso. Ang walang bayad na numero ng telepono ng CDSS ay 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349). Maaari ka ring humingi ng Pagdinig ng Estado online sa <https://www.cdss.ca.gov>. Ang mas maraming paraan ng paghingi ng Pagdinig ng Estado ay matatagpuan sa "Mga pagdinig ng Estado" sa huling bahagi ng kabanatang ito.
- Maghain ng form ng Independent Medical Review/Reklamo sa Department of Managed Health Care (DMHC) upang masuri ang desisyon ng Molina Healthcare. Kung kwalipikado ang iyong reklamo para sa proseso ng Independent Medical Review (IMR) ng DMHC, susuriin ng isang doktor sa labas na hindi bahagi ng Molina Healthcare ang iyong kaso at gagawa ng desisyon na dapat sundin ng Molina Healthcare.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891). Mahahanap mo ang form ng IMR/Reklamo at mga instruksyon online sa <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi mo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o isang IMR.

Ikaw ay may karapatan sa parehong Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung humiling ka muna ng isang Pagdinig ng Estado at ang pagdinig upang tugunan ang iyong mga partikular na isyu ay nangyari na, hindi ka maaaring humingi ng IMR sa DMHC sa parehong isyu. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pasya. Ngunit maaari ka pa ring magsampa ng reklamo sa DMHC kung ang mga isyu ay hindi kwalipikado para sa IMR, kahit na nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Ang mga seksyon sa ibaba ay may higit pang impormasyon kung paano humingi ng Pagdinig ng Estado at isang IMR.

Ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinangangasiwaan ng Molina Healthcare. Upang magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx, tumawag sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. Ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang Independent Medical Review (IMR) kasama ng DMHC.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon na nauugnay sa iyong benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kang humingi ng Pagdinig ng Estado. Hindi ka maaaring humingi sa DMHC ng isang IMR para sa mga desisyon sa benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx.

Mga Reklamo at Independent Medical Review (IMR) sa Department of Managed Health Care (DMHC)

Ang IMR ay kapag sinuri ng isang doktor sa labas na walang kaugnayan sa Molina Healthcare ang iyong kaso. Kung gusto mo ng IMR, kailangan mo munang maghain ng apela sa Molina Healthcare para sa hindi agarang mga alalahanin. Kung wala kang narinig mula sa Molina Healthcare sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng Molina Healthcare, maaari kang humiling ng IMR. Dapat kang humingi ng IMR sa loob ng anim na buwan mula sa petsa sa abiso na nagsasabi sa iyo ng desisyon sa apela, ngunit mayroon ka lamang 120 araw para humiling ng Pagdinig ng Estado. Kaya, kung gusto mo ng IMR at pagdinig ng Estado, ihain ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Tandaan, kung humiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig upang tugunan ang iyong mga partikular na isyu, hindi ka maaaring humingi ng IMR sa DMHC sa parehong isyu. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pasya. Ngunit maaari ka pa ring magsampa ng reklamo sa DMHC kung ang mga isyu ay hindi kwalipikado para sa IMR, kahit na nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Maaari kang makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna nagsampa ng apela sa Molina Healthcare. Ito ay sa mga kaso kung saan ang iyong alalahanin sa kalusugan ay agaran, tulad ng mga may kinalaman sa isang seryosong banta sa iyong kalusugan.

Kung ang iyong reklamo sa DMHC ay hindi kwalipikado para sa isang IMR, susuriin pa rin ng DMHC ang iyong reklamo upang matiyak na ginawa ng Molina Healthcare ang tamang desisyon noong nag-apela ka sa pagtanggihan nito sa mga serbisyo.

Ang Department of Managed Health Care ng California ay may pananagutan sa pamamahala ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa **1-888-665-4621** (TTY/TDD o **711**) at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan sa karaingan na ito ay hindi pumipigil ng anumang potensyal na legal na karapatan o remedyo na posibleng magamit mo. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emergency, karaingan na hindi pa kasiya-siyang naayos ng iyong planong pangkalusugan, o karaingan na nanatiling hindi naayos nang mahigit sa 30 araw, maaari kang tumawag sa departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Kung karapat-dapat ka para sa IMR, ang proseso ng IMR ay magbibigay ng walang kinikilingan na pagsusuri sa mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa coverage para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lang at mga hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa emergency o agarang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding walang bayad na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng Departamento www.dmhc.ca.gov ay mayroong mga form ng reklamo, mga IMR application form at mga instruksyon online.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay pagpupulong sa Molina Healthcare at hukom mula sa California Department of Social Services (CDSS). Tutulungan ng hukom na lutasin ang iyong problema at magpapasya kung ang Molina Healthcare ay gumawa ng tamang desisyon o hindi. May karapatan kang humiling ng Pagdinig ng Estado kung humiling ka na ng apela sa Molina Healthcare at hindi ka pa rin nasisiyahan sa aming desisyon, o kung hindi ka nakakuha ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw.

Dapat kang humingi ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa sa aming sulat na NAR. Kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng iyong apela at gusto mong magpatuloy ito hanggang sa magkaroon ng desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat kang humingi ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw ng aming sulat na NAR o bago ang petsa na sinabi namin na ang iyong mga serbisyo ay hihinto, alinman ang mas huli.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagtiyak na ang Aid Paid Pending ay magpapatuloy hanggang sa magkaroon ng pinal na desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, tumawag sa TYY/TDD o 711. Ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ay maaaring humiling ng Pagdinig ng Estado para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot.

Minsan maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang proseso ng aming apela.

Halimbawa, kung hindi ka inabisuhan nang tama ng Molina Healthcare o nang nasa oras tungkol sa iyong mga serbisyo, maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado nang hindi kinakailangang kumpletuhin ang aming proseso ng apela. Ito ay tinatawag na Itinuturing na Naubos ang Lahat ng Remedyo. Narito ang ilang halimbawa ng Itinuturing na Naubos ang Lahat ng Remedyo:

- Hindi kami gumawa ng NOA o NAR na sulat na magagamit mo sa iyong mas gustong wika
- Nagkamali kami na nakakaapekto sa alinman sa iyong mga karapatan
- Hindi ka namin binigyan ng sulat na NOA
- Hindi ka namin binigyan ng sulat na NAR
- Nagkamali kami sa aming sulat na NAR
- Hindi namin napagdesisyunan ang iyong apela sa loob ng 30 araw
- Napagpasyahan namin na ang iyong kaso ay agaran ngunit hindi tumugon sa iyong apela sa loob ng 72 oras



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa mga ganitong paraan:

- **Sa telepono:** Tawagan ang CDSS' State Hearings Division sa 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349 o 711)
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form na ibinigay kasama ng iyong abiso sa paglutas ng mga apela at ipadala ito sa:
California Department of Social Services
State Hearings Division
744 P Street, MS 9-17-433
Sacramento, CA 95814
- **Online:** Humiling ng pagdinig online sa www.cdss.ca.gov
- **Sa pamamagitan ng email:** Sagutan ang form na kasama ng iyong notice sa paglutas ng mga apela at i-email ito sa Scopeofbenefits@dss.ca.gov
 - Tandaan: Kung ipapadala mo ito sa pamamagitan ng email, may panganib na maaaring harangin ng ibang tao maliban sa State Hearings Division ang iyong email. Pag-isipang gumamit ng mas secure na paraan para ipadala ang iyong kahilingan.
- **Sa pamamagitan ng Fax:** Sagutan ang form na kasama ng iyong notice sa pagresolba ng mga apela at i-fax ito sa State Hearings Division nang libre sa 1-833-281-0903.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Sa pagdinig, sasabihin mo sa hukom kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Molina Healthcare. Sasabihin ng Molina Healthcare sa hukom kung paano namin ginawa ang aming desisyon. Maaaring umabot ng hanggang 90 araw para mapagpasyahan ng hukom ang iyong kaso. Dapat sundin ng Molina Healthcare kung ano ang desisyon ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ng mabilis na desisyon ang CDSS dahil ang oras na kailangan para magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumana nang ganap sa panganib, ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan, o ang iyong provider ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS at humingi ng isang pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Ang CDSS ay dapat gumawa ng desisyon nang hindi lalampas sa tatlong araw ng negosyo pagkatapos nitong matanggap ang iyong kumpletong file ng kaso mula sa Molina Healthcare.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Pandaraya, pag-aaksaya, at pang-aabuso

Kung pinaghihinalaan mo na ang isang provider o isang tao na nakakuha ng Medi-Cal ay nakagawa ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso, responsibilidad mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na walang bayad na numero 1-800-822-6222 o pagsumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kasama sa pandaraya, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng provider ang:

- Pamemeke ng mga medikal na rekord
- Pagresetang ng mas maraming gamot kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng mas maraming serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagsingil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Pagsingil para sa mga propesyonal na serbisyo kahit na hindi ginawa ng propesyonal ang serbisyo
- Nagbibigay ng libre o may diskwentong mga item at serbisyo sa mga miyembro upang maimpluwensyahan kung sinong provider ang pipiliin ng miyembro
- Ang pagpapalit ng provider ng pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi nalalaman ng miyembro

Ang pandaraya, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng isang taong nakakakuha ng mga benepisyo ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta, o pagbibigay ng ID card ng planong pangkalusugan o Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) sa ibang tao
- Pagkuha ng katulad o parehong mga paggamot o gamot mula sa mahigit sa isang provider
- Pagpunta sa emergency room kahit na hindi ito emergency
- Paggamit ng Social Security number o health plan ID number ng ibang tao
- Sumakay ng mga medikal at hindi medikal na transportasyon para sa mga serbisyong hindi nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi sakop ng Medi-Cal, o kapag walang medikal na appointment o mga gamot na kukunin

Upang mag-ulat ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso, isulat ang pangalan, address, at numero ng ID ng taong gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso. Magbigay ng maraming impormasyon hangga't maaari tungkol sa tao, tulad ng numero ng telepono o espesyalidad kung ito ay isang provider. Ibigay ang mga petsa ng mga kaganapan at isang buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Compliance Director
Molina Healthcare of California
200 Oceangate, Ste. 100
Long Beach, CA 90802
Toll Free Telephone #: (866) 606-3889
Fax number (562) 499-6150
E-mail: MHC_Compliance@Molinahealthcare.com

Tawagan ang Molina Healthcare Alert Line sa 866-606-3889 Kumpletuhin ang form ng ulat ng Pandaraya, Pag-aaksaya, at Pang-aabuso online sa <https://www.molinahealthcare.alertline>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

7. Mga karapatan at mga responsibilidad

Bilang miyembro ng Molina Healthcare, mayroon kang ilang karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kasama rin sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na mayroon kang karapatan bilang miyembro ng Molina Healthcare.

Iyong mga karapatan

Ito ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng Molina Healthcare:

- Upang tratuhin nang may paggalang at dignidad, pagbibigay ng nararapat na pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa pagkapribado at ang pangangailangang panatilihin ang pagiging kompidensiyal ng iyong medikal na impormasyon tulad ng medikal na kasaysayan, mental at pisikal na kondisyon o paggamot, at reproductive o sekswal na kalusugan
- Upang mabigyan ng impormasyon tungkol sa planong pangkalusugan at mga serbisyo nito, kabilang ang mga sakop na serbisyo, provider, practitioner, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Upang makakuha ng ganap na naisaling-wika na nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iyong gustong wika, kasama ang lahat ng abiso sa karaingan at apela
- Upang gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng Molina Healthcare
- Upang makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa loob ng network ng Molina Healthcare
- Upang magkaroon ng napapanahong access sa mga network provider
- Upang lumahok sa paggawa ng desisyon sa mga provider tungkol sa iyong sariling pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot
- Upang ipahayag ang mga karaingan, berbal o sa sulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang nakuha mo
- Upang malaman ang medikal na dahilan para sa desisyon ng Molina Healthcare na tanggihan, antalahin, wakasan (tapos), o baguhin ang isang kahilingan para sa pangangalagang medikal
- Upang makakuha ng koordinasyon ng pangangalaga



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Upang humingi ng apela sa mga desisyon na tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo
- Upang makakuha ng mga libreng serbisyo sa pag-interpret at pagsasaling-wika para sa iyong wika
- Para humingi ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na opisina ng legal aid o iba pang grupo
- Upang mag-formulate ng mga paunang direktiba
- Upang humiling ng Pagdinig ng Estado kung ang isang serbisyo o benepisyo ay tinanggihan at naghain ka na ng apela sa Molina Healthcare at hindi pa rin nasisiyahan sa desisyon, o kung hindi ka nakakuha ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw, kabilang ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na pagdinig.
- Upang mag-disenroll (drop) mula sa Molina Healthcare at lumipat sa ibang planong pangkalusugan sa county kapag hiniling
- Upang ma-access ang mga serbisyo ng menor de edad na pahintulot
- Upang makakuha ng libreng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iba pang format (gaya ng braille, malalaking sukat na print, audio, at naa-access na mga electronic na format) kapag hiniling at sa napapanahong paraan na naaangkop sa format na hinihiling at alinsunod sa Welfare and Institutions (W&I) Code section 14182 (b)(12)
- Upang maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pag-iisa na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o paghihiganti
- Upang matapat na talakayin ang impormasyon sa mga magagamit na opsyon sa paggamot at mga alternatibo, na ipinakita sa paraang naaangkop sa iyong kalagayan at kakayahang maunawaan, anuman ang gastos o saklaw
- Upang magkaroon ng access at makakuha ng kopya ng iyong mga medikal na rekord, at humiling na ang mga ito ay amyendahan o itama, gaya ng tinukoy sa 45 Code of Federal Regulations (CFR) na mga seksyong 164.524 at 164.526
- Kalayaan na gamitin ang mga karapatang ito nang hindi naaapektuhan kung paano ka ginagamot ng Molina Healthcare, ng iyong mga provider, o ng Estado
- Upang magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Freestanding Birth Centers, Federally Qualified Health Centers, Indian Health Care Provider, mga serbisyo ng midwife, Rural Health Centers, mga serbisyo para sa impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik, at emergency na pangangalaga sa labas ng network ng Molina Healthcare alinsunod sa pederal na batas
- Para humiling ng Apela ng Adverse Benefit Determination sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa sa Notice of Adverse Benefit Determination (NABD) at paano ipagpatuloy ang mga benepisyo sa proseso ng apela sa plano sa pamamagitan ng Patas na Pagdinig ng Estado, kapag naaangkop.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Iyong mga responsibilidad

Ang mga miyembro ng Molina Healthcare ay mayroon ng mga responsibilidad na ito:

- Para magbigay ng impormasyon (hangga't maaari) na kailangan ng organisasyon at mga practitioner at provider nito para magbigay ng pangangalaga.
- Para sundin ang mga plano at instruksyon para sa pangangalagang pinagkasunduan nila kasama ng kanilang mga practitioner.
- Para maunawaan ang kanilang mga problema sa kalusugan at makilahok sa pagbuo ng mga layunin ng paggamot na pinagkasunduan ng isa't isa, sa antas na posible.
- Para sabihin sa aming Plano kung mayroon kang karagdagang insurance sa kalusugan.
- Para kumilos sa paraang sumusuporta sa pangangalagang ibinibigay sa iba pang mga pasyente at tumutulong sa maayos na pagpapatakbo ng opisina ng iyong doktor, mga ospital, at iba pang mga opisina.
- Para ipaalam sa amin na lumipat ka. Kung lumipat ka sa loob ng aming lugar ng serbisyo, kailangan naming panatilihin up to date ang iyong record sa pagiging miyembro. Kung lilipat ka sa labas ng lugar ng serbisyo ng aming plano, hindi ka maaaring manatiling miyembro ng aming plano, ngunit maaari naming ipaalam sa iyo kung mayroon kaming plano sa lugar na iyon.
- Ipaalam sa amin kung mayroon kang anumang tanong, alalahanin, problema, o mungkahi.

Abiso ng kawalan ng diskriminasyon

Labag sa batas ang diskriminasyon. Ang Molina Healthcare ay sumusunod sa mga batas ng estado at pederal na karapatang sibil. Ang Molina Healthcare ay hindi labag sa batas na nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang kakaiba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, marital status, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na orientasyon.

Nagbibigay ang Molina Healthcare ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas mabuti, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, audio, naa-access na mga electronic na format, at iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, tumawag sa TTY/TDD o 711 para gamitin ang California Relay Service.

Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala ka na ang Molina Healthcare ay nabigo na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na may diskriminasyon sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, marital status, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na orientasyon, maaari kang maghain ng reklamo sa Civil Rights Health Coordinator. Maaari kang maghain ng karaingan sa telepono, sa pamamagitan ng koreo, nang personal, o online:

- **Sa telepono:** Makipag-ugnayan sa Civil Rights Coordinator ng Molina Healthcare sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, tumawag sa TTY/TDD o 711 para gamitin ang California Relay Service.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang isang form ng reklamo o sumulat ng isang sulat at ipadala ito sa koreo sa
Attention: Molina Healthcare Civil Rights Coordinator
200 Oceangate, Suite 100
Long Beach, CA 90802
- **Nang personal:** Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o Molina Healthcare at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- **Online:** Pumunta sa website ng Molina Healthcare sa <https://molinahealthcare.Alertline.com>.

Opisina ng mga Karapatang Sibil – California Department of Health Care Services

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa California Department of Health Care Services (DHCS), Office of Civil Rights sa telepono, sa pamamagitan ng koreo, o online:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- **Sa telepono:** Tumawag sa 1-916-440-7370. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, tumawag sa 711 (Telecommunications Relay Service).
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

Available ang mga form para sa reklamo sa:

https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- **Online:** Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

Opisina ng Mga Karapatang Sibil – Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyon Pantao ng Estados Unidos

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa Department of Health and Human Services ng Estados Unidos, Office for Civil Rights sa telepono, sa pamamagitan ng koreo, o online:

- **Sa telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, tumawag sa TTY 1-800-537-7697 o 711 para gamitin ang California Relay Service.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

Available ang mga form para sa reklamo sa

<https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Online:** Pumunta sa Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.

Mga paraan upang makilahok bilang miyembro

Gustong may mabalitaan ang Molina Healthcare mula sa iyo. Bawat quarter, ang Molina Healthcare ay may mga pagpupulong upang pag-usapan kung ano ang gumagana nang maayos at kung paano mapaganda ang Molina Healthcare. Inaanyayahan ang mga miyembro na dumalo. Pumunta sa pagpupulong!



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Komite sa Pagpapayo ng Komunidad

Ang Molina Healthcare ay mayroong grupo na tinatawag na Community Advisory Committee. Ang grupong ito ay binubuo ng mga miyembro ng Molina Healthcare, kanilang mga caregiver, pamilya, mga advocate ng komunidad, tradisyonal at Safety Net Provider. Maaari kang sumali sa grupong ito kung gusto mo. Pinag-uusapan ng grupo kung paano pahuhusayin ang mga patakaran sa Molina Healthcare at responsable para sa:

- Pagpapayo sa Molina Healthcare sa pagbuo ng mga makabagong programa upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong nahaharap sa mga hadlang kapag nag-access sa pangangalagang pangkalusugan
- Ang pagsusuri ng mga kasalukuyang programa at serbisyo
- Ang pagbibigay ng input at mga rekomendasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa komunikasyon ng mga pangangailangan sa mga lugar tulad ng Network development at assessment, kalidad, at Health Delivery System Reforms na makakatulong na mapaganda ang mga resulta sa kalusugan

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) o mag-email sa MHCCCommunityEngagement@Molinahealthcare.com at magtanong tungkol sa Community Engagement. Maaari mo ring bisitahin ang www.MolinaHealthcare.com o www.MyMolina.com.

Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy

Ang isang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Molina Healthcare para sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal ng mga medikal na rekord ay available at ibibigay sa iyo kapag hiniling.

Kung ikaw ay nasa edad na at may kakayahang magbigay ng pahintulot sa mga sensitibong serbisyo, hindi mo kailangang kumuha ng pahintulot ng sinumang miyembro para makakuha ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng claim para sa mga sensitibong serbisyo. Para alamin pa ang tungkol sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang "Sensitibong pangangalaga" sa Kabanata 3 ng handbook na ito.

Maaari mong hilingin sa Molina Healthcare na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa isa pang mailing address, email address, o numero ng telepono na iyong pinili. Ito ay tinatawag na "kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon." Kung pumayag ka sa pangangalaga, ang Molina Healthcare ay hindi magbibigay ng impormasyon sa iyong mga serbisyo sa



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

sensitibong pangangalaga sa sinumang iba nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot. Kung hindi ka magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, magpapadala ang Molina Healthcare ng mga komunikasyon sa iyong pangalan sa address o numero ng telepono na nasa file.

Igagalang ng Molina Healthcare ang iyong mga kahilingan upang makakuha ng mga kumpidensyal na komunikasyon sa paraan at format na iyong hiniling. O sisiguraduhin namin na ang iyong mga komunikasyon ay madaling ilagay sa paraan at format na iyong hiniling. Ipapadala namin ang mga ito sa ibang lokasyon na gusto mo. Ang iyong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon ay tumatagal hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon.

Maaari mong hilingin na kunin ang iyong mga sensitibong serbisyo sa isang partikular na paraan at format. Isang protektadong miyembro lamang ang maaaring humiling. Tatanggapin namin ang iyong kahilingan kung maipapadala ang mga sensitibong serbisyo sa hiniling na paraan at format. Ang iyong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon ay tumatagal hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon.

Ang mga miyembrong maaaring pumayag na makatanggap ng mga sensitibong serbisyo ay hindi kinakailangan na kumuha ng pahintulot ng sinumang miyembro na makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng claim para sa mga sensitibong serbisyo. Ang Molina Healthcare ay magdidirekta ng mga komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa kahaliling itinalagang mailing address, email address, o numero ng telepono ng isang miyembro o, sa kawalan ng pagtatalaga, sa pangalan ng miyembro sa address o numero ng telepono na nasa file. Ang Molina Healthcare ay hindi magsisiwalat ng medikal na impormasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo sa sinumang ibang miyembro nang walang nakasulat na pahintulot mula sa miyembrong tumatanggap ng pangangalaga. Tatanggapin ng Molina Healthcare ang mga kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon sa paraan at format na hiniling, kung ito ay magagawa sa hiniling na paraan at format, o sa mga alternatibong lokasyon.

Ang kahilingan ng isang miyembro para sa mga kumpidensyal na komunikasyon na nauugnay sa mga sensitibong serbisyo ay magiging wasto hanggang sa bawiin ng miyembro ang kahilingan o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon. Upang humiling at magsumite ng isang Kumpidensyal na Mga Kahilingan sa Komunikasyon, maaari kang tumawag sa mga serbisyo sa Miyembro ng Molina 1-888-665-4621 o bisitahin ang website ng Molina sa www.molinahealthcare.com/members.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Ang pahayag ng Molina Healthcare tungkol sa mga patakaran at pamamaraan nito para sa pagprotekta sa iyong medikal na impormasyon (tinatawag na “Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy”) ay kasama sa ibaba:

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAKAKUHA NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING SURIIN ITONG MABUTI

Ang Molina Healthcare ng California ("**Molina Healthcare**", "**Molina**", "**kami**" o "**aming**") ay nagbibigay sa iyo ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng programang Medi-Cal. Gumagamit at nagbabahagi ang Molina ng protektadong impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo upang ibigay ang iyong mga benepisyo sa kalusugan. Ginagamit at ibinabahagi namin ang iyong impormasyon upang magsagawa ng paggamot, pagbabayad at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ginagamit at ibinabahagi rin namin ang iyong impormasyon para sa iba pang kadahilanan na pinapayagan at hinihiling ng batas. Kami ay may tungkulin na panatilihin pribado ang iyong impormasyon sa kalusugan at sundin ang mga tuntunin ng Abisong ito. Ang petsa ng pagiging epektibo ng abiso na ito ay Oktubre 1, 2022.

Ang ibig sabihin ng **PHI** ay protektadong impormasyon sa kalusugan. Ang ibig sabihin ng PHI ay impormasyong pangkalusugan na kinabibilangan ng iyong pangalan, numero ng miyembro o iba pang mga pagkakakilanlan, at ginagamit o ibinahagi ng Molina.

Bakit ginagamit o ibinabahagi ng Molina Healthcare ang iyong PHI?

Ginagamit o ibinabahagi namin ang iyong PHI upang mabigyan ka ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ginagamit o ibinabahagi ang iyong PHI para sa paggamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan.

Para sa Paggamot

Maaaring gamitin o ibahagi ng Molina ang iyong PHI upang ibigay sa iyo, o ayusin, ang iyong pangangalagang medikal. Kasama rin sa paggamot na ito ang mga referral sa pagitan ng iyong mga doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, maaari kaming magbahagi ng impormasyon tungkol sa kondisyon ng iyong kalusugan sa isang espesyalista. Tinutulungan nito ang espesyalista na sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa iyong paggamot.

Para sa Pagbabayad

Maaaring gamitin o ibahagi ng Molina ang PHI upang makagawa ng mga desisyon sa pagbabayad. Maaaring kabilang dito ang mga claim, pag-apruba para sa paggamot, at mga desisyon tungkol sa medikal na pangangailangan. Ang iyong pangalan, iyong



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

kondisyon, iyong paggamot, at mga supply na ibinigay ay maaaring nakasulat sa bill. Halimbawa, maaari naming ipaalam sa isang doktor na mayroon kang mga benepisyo namin. Sasabihin din namin sa doktor ang halaga ng bayarin na babayaran namin.

Para sa mga Pagpapatakbo sa Pangangalagang Pangkalusugan

Maaaring gamitin o ibahagi ng Molina ang PHI tungkol sa iyo upang mapatakbo ang aming planong pangkalusugan. Halimbawa, maaari kaming gumamit ng impormasyon mula sa iyong claim upang ipaalam sa iyo ang tungkol sa isang programang pangkalusugan na maaaring makatulong sa iyo. Maaari din naming gamitin o ibahagi ang iyong PHI upang malutas ang mga alalahanin ng miyembro. Ang iyong PHI ay maaari ding gamitin upang makita kung nababayaran nang tama ang mga claim.

Kasama sa mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan ang maraming araw-araw na pangangailangan sa negosyo. Kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Pagpapaganda ng kalidad;
- Mga aksyon sa mga programang pangkalusugan upang matulungan ang mga miyembro na may ilang partikular na kondisyon (tulad ng hika);
- Pagsasagawa o pagsasaayos para sa medikal na pagsusuri;
- Mga serbisyong legal, kabilang ang mga programa sa pagtuklas ng pandaraya at pang-aabuso at pag-uusig;
- Mga pagkilos upang tulungan tayong sumunod sa mga batas;
- Tugunan ang mga pangangailangan ng miyembro, kabilang ang paglutas ng mga reklamo at karaingan.

Ibabahagi namin ang iyong PHI sa iba pang kumpanya ("**mga business associate**") na nagsasagawa ng iba't ibang uri ng mga aktibidad para sa aming planong pangkalusugan. Maaari din naming gamitin ang iyong PHI upang bigyan ka ng mga paalala tungkol sa iyong mga appointment. Maaari naming gamitin ang iyong PHI upang bigyan ka ng impormasyon tungkol sa iba pang paggamot, o iba pang benepisyo at serbisyong nauugnay sa kalusugan.

Kailan maaaring gamitin o ibahagi ng Molina ang iyong PHI nang hindi kumukuha ng nakasulat na awtorisasyon (pag-apruba) mula sa iyo?

Pinapayagan o hinihiling ng batas sa Molina na gamitin at ibahagi ang iyong PHI para sa ilang iba pang layunin kabilang ang mga sumusunod:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Hinihiling ng batas

Gagamitin o ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo ayon sa hinihiling ng batas. Ibabahagi namin ang iyong PHI kapag hinihiling ng Kalihim ng Department of Health and Human Services (HHS). Maaaring para ito sa isang kaso sa hukuman, iba pang legal na pagsusuri, o kapag kinakailangan para sa mga layuning pagpapatupad ng batas.

Kalusugan ng Publiko

Maaaring gamitin o ibahagi ang iyong PHI para sa mga aktibidad sa kalusugan ng publiko. Maaaring kabilang dito ang pagtulong sa mga ahensya ng kalusugan ng publiko para maiwasan o makontrol ang sakit.

Pangangasiwa ng Pangangalaga sa Kalusugan

Maaaring gamitin o ibahagi ang iyong PHI sa mga ahensya ng gobyerno. Maaaring kailanganin nila ang iyong PHI para tingnan kung paano nagbibigay ng mga serbisyo ang aming planong pangkalusugan.

Mga Legal o Pang-administratibong Paglilitis

Ang iyong PHI ay maaaring ibahagi sa isang hukuman, imbestigador o abogado kung ito ay tungkol sa pagpapatakbo ng Medi-Cal. Ito ay maaaring may kasamang pandaraya o mga aksyon para mabawi ang pera mula sa iba, kapag ang programa ng Medi-Cal ay nagbibigay ng iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kailan kailangan ng Molina ang iyong nakasulat na pahintulot (pag-apruba) para magamit o maibahagi ang iyong PHI?

Kailangan ng Molina ang iyong nakasulat na pag-apruba para gamitin o ibahagi ang iyong PHI para sa isang layunin maliban sa mga nakalista sa Abisong ito. Kailangan ng Molina ang iyong pahintulot bago namin ihayag ang iyong PHI para sa mga sumusunod: (1) karamihan sa mga paggamit at paghahayag ng mga tala ng psychotherapy; (2) paggamit at paghahayag para sa mga layunin ng marketing; at (3) mga paggamit at paghahayag na may kinalaman sa pagbebenta ng PHI. Maaari mong kanselahin ang nakasulat na pag-apruba na ibinigay mo sa amin. Hindi naaangkop ang iyong pagkansela sa mga aksyon na nagawa na namin dahil sa pag-apruba na ibinigay mo na sa amin.

Ano ang iyong mga karapatan sa impormasyon sa kalusugan?

May karapatan ka na:

- Humiling ng mga Paghihigpit sa mga Paggamit o Paghahayag ng PHI (Pagbabahagi ng Iyong PHI)

Maaari mong hilingin sa amin na huwag ibahagi ang iyong PHI para magsagawa ng paggamot, pagbabayad o mga gawain sa pangangalagang pangkalusugan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Maaari mo ring hilingin sa amin na huwag ibahagi ang iyong PHI sa pamilya, mga kaibigan o iba pang taong pinangalanan mo na sangkot sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, hindi kami kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan. Kakailanganin mong gawin ang iyong kahilingan nang nakasulat. Maaari mong gamitin ang form ng Molina sa paggawa sa iyong kahilingan.

▪ Humiling ng Kumpidensyal na Mga Komunikasyon ng PHI

Maaari mong hilingin sa Molina na ibigay sa iyo ang iyong PHI sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lugar para makatulong na mapanatiling pribado ang iyong PHI. Susundin namin ang mga makatwirang kumpidensyal na kahilingan sa komunikasyon para magbigay ng PHI sa isang partikular na anyo o format, kung ito ay madaling magawa sa hiniling na form at format, o sa mga alternatibong lokasyon. Kakailanganin mong gawin ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng sulat o sa pamamagitan ng elektronikong paghahatid.

▪ Suriin at Kopyahin ang Iyong PHI

May karapatan kang suriin at makakuha ng kopya ng iyong PHI na hawak namin. Maaaring kabilang dito ang mga rekord na ginamit sa paggawa ng coverage, mga claim at iba pang desisyon bilang miyembro ng Molina. Kakailanganin mong gawin ang iyong kahilingan nang nakasulat. Maaari mong gamitin ang form ng Molina upang gawin ang iyong kahilingan. Maaari ka naming singilin ng makatwirang bayad para sa pagkopya at pagpapadala sa koreo ng mga rekord. Sa ilang kaso, maaari naming tanggihan ang kahilingan. *Mahalagang Paalala: Wala kaming kumpletong kopya ng iyong mga medikal na rekord. Kung gusto mong tingnan, kumuha ng kopya, o baguhin ang iyong mga medikal na rekord, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong doktor o klinika.*

▪ Baguhin ang Iyong PHI

Maaari mong hilingin na amyendahan namin (baguhin) ang iyong PHI. Ito ay kinabibilangan lang ng mga rekord na pinanatili namin tungkol sa iyo bilang miyembro. Kakailanganin mong gawin ang iyong kahilingan nang nakasulat. Maaari mong gamitin ang form ng Molina upang gawin ang iyong kahilingan. Maaari kang mag-file ng sulat na hindi sumasang-ayon sa amin kung tatanggihan namin ang kahilingan.

▪ Makatanggap ng Paglilista ng Mga Paghahayag ng PHI (Pagbabahagi ng Iyong PHI)

Maaari mong hilingin na bigyan ka namin ng listahan ng ilang partikular na partido na pinagbahaginan namin ng iyong PHI sa loob ng anim na taon bago ang petsa ng iyong kahilingan. Hindi isasama sa listahan ang PHI na ibinahagi ayon sa sumusunod:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- para sa paggamot, pagbabayad o mga gawain sa pangangalagang pangkalusugan;
- sa mga tao tungkol sa kanilang sariling PHI;
- ginawa ang pagbabahagi gamit ang iyong pahintulot;
- insidente sa paggamit o paghahayag maliban kung pinahihintulutan o hinihiling sa ilalim ng naaangkop na batas;
- inilabas ang PHI para sa interes ng seguridad ng bansa o para sa mga layunin ng intelligence; o
- bilang bahagi ng limitadong set ng data alinsunod sa naaangkop na batas.

Maniningil kami ng makatwirang bayad para sa bawat listahan kung hihilingin mo ang listahang ito nang mahigit sa isang beses sa loob ng 12 buwan. Kakailanganin mong gawin ang iyong kahilingan nang nakasulat. Maaari mong gamitin ang form ng Molina upang gawin ang iyong kahilingan.

Maaari mong gawin ang alinman sa mga kahilingang nakalista sa itaas, o maaari kang makakuha ng papel na kopya ng Abisong ito. Mangyaring tawagan ang aming Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-665-4621**.

Paano ako magreklamo?

Kung naniniwala ka na hindi namin pinoprotektahan ang iyong privacy at gustong magreklamo, maaari kang maghain ng reklamo (o karaingan) sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa amin sa:

Molina Healthcare of California

Manager of Member Services

200 Oceangate, Suite 100

Long Beach, CA 90802

Telepono: 1-888-665-4621

O maaari kang tumawag, sumulat o makipag-ugnayan sa mga ahensya sa ibaba:

Privacy Officer

c/o Office of Legal Services

Privacy Officer and Senior Staff Counsel

California Department of Health Care Services

1501 Capitol Avenue

P.O. Box 997413, MS 0010



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).

Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.

O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Sacramento, CA. 95899-7413

(916)440-7700

Email: privacyofficer@dhcs.ca.gov

O

Office for Civil Rights

U.S. Department of Health & Human Services

90 7th Street, Suite 4-100

San Francisco, CA 94103

(800) 368-1019; (800) 537-7697(TDD);

(202) 619-3818 (FAX)

Ano ang mga tungkulin ng Molina?

Kinakailangan ng Molina na:

- Panatiliing pribado ang iyong PHI;
- Bigyan ka ng nakasulat na impormasyon, tulad nito, sa aming mga tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado tungkol sa iyong PHI;
- Magbigay sa iyo ng abiso kung sakaling magkaroon ng anumang paglabag sa iyong hindi ligtas na PHI;
- Huwag gamitin o ihayag ang impormasyon ng iyong genes para sa mga layunin ng pag-underwrite;
- Sundin ang mga tuntunin ng Abisong ito.

Maaaring Magbago ang Abisong Ito

Inilalaan ng Molina ang karapatang baguhin ang mga gawi sa impormasyon nito at ang mga tuntunin ng abisong ito anumang oras. Kung gagawin namin ito, gagamitin ang mga bagong tuntunin at gawi sa lahat ng PHI na aming pinapanatili. Kung gagawa kami ng anumang materyal na pagbabago, ipo-post ng Molina ang binagong Abiso sa aming web site at ipapadala ang binagong Abiso, o impormasyon tungkol sa materyal na pagbabago at kung paano makuha ang binagong Abiso, sa aming susunod na taunang pagpapadala ng sulat sa aming mga miyembro na sakop ng Molina.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Kung mayroon kang anumang tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa sumusunod na opisina:

Molina Healthcare of California

Attention: Manager of Member Services

200 Oceangate, Suite 100

Long Beach, CA 90802

Telepono: 1-888-665-4621

<https://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Documents/Notice-of-Privacy-Practices-English.pdf>.

Mga abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang naaangkop sa Handbook ng Miyembro na ito. Ang mga batas na ito ay maaaring makaapekto sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na ang mga batas ay hindi kasama o ipinaliwanag sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na naaangkop sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal tungkol sa programa ng Medi-Cal. Ang iba pang batas ng pederal at estado ay maaaring naaangkop din.

Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling magbabayad, iba pang coverage sa kalusugan (OHC), at tort recovery

Ang programa ng Medi-Cal ay sumusunod sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na may kaugnayan sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng Molina Healthcare ang lahat ng makatwirang hakbang para matiyak na ang programa ng Medi-Cal ang huling magbabayad.

Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay maaaring magkaroon ng ibang coverage sa kalusugan (OHC), na tinutukoy din bilang pribadong insurance sa kalusugan. Dapat gamitin ng mga miyembro ng Medi-Cal na may OHC ang kanilang OHC para sa mga sakop na serbisyo bago gamitin ang kanilang mga benepisyo ng Medi-Cal. Bilang



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

kondisyon ng pagiging kwalipikado sa Medi-Cal, dapat kang mag-apply para sa o panatilihin ang anumang available na OHC kapag available ito sa iyo nang wala kang babayaran.

Ang mga batas ng pederal at estado ay hinihiling sa mga miyembro ng Medi-Cal na mag-ulat ng OHC at anumang mga pagbabago sa umiiral nang OHC. Maaaring kailanganin mong bayaran ang DHCS para sa anumang benepisyong nabayaran nang hindi sinasadya kung hindi ka nag-uulat ng OHC nang nasa oras. Isumite ang iyong OHC online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>.

Kung wala kang access sa internet, maaari mong iulat ang OHC sa Molina Healthcare sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O maaari mong tawagan ang OHC Processing Center ng DHCS sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 711) o 1-916-636-1980.

Ang sumusunod ay hindi kumpletong listahan ng insurance na **hindi** itinuturing na OHC:

- Personal na pinsala at/o coverage sa medikal na pagbabayad sa ilalim ng insurance ng sasakyan. Tandaan: Basahin ang tungkol sa mga kinakailangan sa pag-aabiso para sa personal na pinsala at mga programa ng kabayaran sa mga manggagawa sa ibaba.
- Insurance sa buhay
- Kabayaran sa mga manggagawa
- Insurance ng may-ari ng bahay
- Umbrella na insurance
- Insurance sa aksidente
- Insurance sa kapalit ng kita (halimbawa, Aflac)

Ang DHCS ay may karapatan at responsibilidad na mabayaran para sa mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang Medi-Cal ay hindi ang unang nagbabayad.

Halimbawa, kung nasaktan ka sa isang aksidente sa sasakyan o sa trabaho, maaaring kailanganin munang magbayad ng insurance sa sasakyan o kabayaran sa mga manggagawa para sa iyong pangangalagang pangkalusugan o bayaran ang Medi-Cal kung binayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo.

Kung ikaw ay nasaktan, at mananagot ang isa pang partido para sa iyong pinsala, ikaw o ang iyong legal na kinatawan ay dapat na abisuhan ang DHCS sa loob ng 30 araw pagkatapos maghain ng legal na aksyon o claim.

Isumite ang iyong abiso online sa:

- Programa sa Personal na Pinsala sa <https://dhcs.ca.gov/PIForms>
- Programa sa Pagbawi ng Kabayaran sa mga Manggagawa sa <https://dhcs.ca.gov/WC>



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Para alamin pa, pumunta sa website ng DHCS Third Party Liability and Recovery Division sa <https://dhcs.ca.gov/tplrd> o tumawag sa 1-916-445-9891.

Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Ang programa ng Medi-Cal ay dapat humingi ng pagbabayad mula sa mga probated estate ng ilang namatay na miyembro para sa mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap sa o pagkatapos ng kanilang ika-55 kaarawan. Kasama sa pagbabayad ang May Bayad na Serbisyo at mga premium ng pinamamahalaang pangangalaga o mga capitation na pagbabayad para sa mga serbisyo ng nursing facility, mga serbisyo sa bahay at komunidad, at mga nauugnay na serbisyo sa ospital at inireresetang gamot na natanggap noong ang miyembro ay isang inpatient sa isang nursing facility o tumatanggap ng mga serbisyo sa bahay at komunidad. Ang pagbabayad ay hindi maaaring lumampas sa halaga ng probated estate ng isang miyembro.

Para alamin pa, pumunta sa website ng DHCS Estate Recovery program sa <https://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa 1-916-650-0590.

Abiso ng Aksyon

Magpapadala sa iyo ang Molina Healthcare ng sulat na Abiso ng Aksyon (NOA) anumang oras na tatanggihan, aantalahin, tatapusin, o babaguhin ng Molina Healthcare ang isang kahilingan para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Molina Healthcare, maaari kang maghain ng apela sa Molina Healthcare. Pumunta sa seksyong “Mga Apela” sa Kabanata 6 ng handbook na ito para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng iyong apela. Kapag nagpadala sa iyo ang Molina Healthcare ng NOA, sasabihin nito sa iyo ang lahat ng karapatan mo kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon na ginawa namin.

Mga nilalaman sa mga abiso

Kung ibabatay ng Molina Healthcare ang mga pagtanggig, pagkaantala, pagbabago, pagtapos, pagsususpindi, o pagbabawas sa iyong mga serbisyo sa kabuuan o bahagi nito sa medikal na pangangailangan, ang iyong NOA ay dapat maglaman ng sumusunod:

- Isang pahayag ng aksyon na nilalayong gawin ng Molina Healthcare
- Isang malinaw at maikling paliwanag ng mga dahilan para sa desisyon ng Molina Healthcare



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Paano nagpasya ang Molina Healthcare, kasama ang mga panuntunang ginamit ng Molina Healthcare
- Ang mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat malinaw na isaad ng Molina Healthcare kung paano hindi natutugunan ng iyong kondisyon ang mga tuntunin o alituntunin.

Mga pagsasalin-wika

Kinakailangan ng Molina Healthcare na ganap na isalin-wika at magbigay ng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa mga karaniwang mas gustong wika, kasama ang lahat ng abiso sa karaingan at apela.

Dapat kasama sa ganap na isinaling-wika na abiso ang medikal na dahilan para sa desisyon ng Molina Healthcare na tanggihan, antalahin, baguhin, tapusin, suspindihin, o bawasan ang kahilingan para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung ang pagsasalin-wika sa iyong mas gustong wika ay hindi available, ang Molina Healthcare ay kinakailangang magbigay ng berbal na tulong sa iyong mas gustong wika para maunawaan mo ang impormasyong makukuha mo.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

8. Mga mahahalagang numero at salita na dapat malaman

Mga mahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711)
- Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711
- Impormasyon sa Pagiging Kwalipikado: 1-800-357-0172
- 24 na Oras na Linya ng Tulong Mula sa Nars: 1-888-275-8750
- Para Enfermera En Español: 1-866-648-3537
- Abiso sa Pagkaka-admit sa Ospital: 1-866-553-9263 (Fax)

Mga salitang dapat malaman

Aktibong pagle-labor: Ang panahon kung kailan ang isang buntis na miyembro ay nasa tatlong yugto ng panganganak at hindi ligtas na maililipat sa ibang ospital bago ang panganganak o ang paglipat ay maaaring makasama sa kalusugan at kaligtasan ng miyembro o hindi pa isinisilang na bata.

Malubha: Isang maikli at biglaang kondisyong medikal na nangangailangan ng mabilis na atensyong medikal.

American Indian: Indibidwal na nakakatugon sa kahulugan ng “Indian” sa ilalim ng pederal na batas sa 42 seksyon 438.14 ng Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon (CFR), na tumutukoy sa isang tao bilang isang “Indian” kung natutugunan ng tao ang alinman sa mga sumusunod:

- Miyembro ng pederal na kinikilalang tribong Indian
- Nakatira sa isang urban center at natutugunan ang isa o mahigit pa sa mga sumusunod:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Miyembro ng tribo, banda, o iba pang organisadong grupo ng mga Indian, kabilang ang mga tribo, banda o mga grupong iyon na tinapos mula pa noong 1940 o ang mga kinikilala ngayon o sa hinaharap ng estado na tinitirhan nila, o na descendant sa una o pangalawang antas ng sinumang nasabing miyembro
- Isang Eskimo o Aleut o iba pang Katutubo sa Alaska
- Itinuturing ng Kalihim ng Interior bilang Indian para sa anumang layunin
- Itinuturing na Indian sa ilalim ng mga regulasyon na ibinigay ng Kalihim ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao
- Itinuturing ng Kalihim ng Interior bilang Indian para sa anumang layunin
- Itinuturing ng Kalihim ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao bilang Indian para sa mga layunin ng pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Indian, kabilang ang bilang California Indian, Eskimo, Aleut, o iba pang Katutubo sa Alaska.

Apela: Kahilingan ng miyembro na suriin at baguhin ang desisyong ginawa ng Molina Healthcare tungkol sa coverage para sa hiniling na serbisyo.

Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali: May kasamang mga serbisyo sa kalusugan ng isip (SMHS) na kailangan ng espesyalidad, mga serbisyo sa kalusugan ng isip (NSMHS) na hindi kailangan ng espesyalidad, at mga serbisyo sa paggamot sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak (SUD) para suportahan ang isip at emosyonal na kapakanan ng mga miyembro. Ang NSMHS ay ibinibigay sa pamamagitan ng planong pangkalusugan para sa mga miyembrong nakararanas ng hindi malubha hanggang katamtamang kondisyon ng kalusugan ng isip. Ang SMHS ay ibinibigay sa pamamagitan ng Mga Plano para sa Kalusugan ng Isip ng county para sa mga miyembrong may malubhang kapansanan o mataas ang panganib ng paghina ng pagganap dahil sa sakit sa kalusugan ng isip. Sakop ang mga pang-emergency na serbisyo sa kalusugan ng isip, kabilang ang mga pag-assess at paggamot sa mga emergency na setting. Nagbibigay din ang iyong county ng mga serbisyo para sa paggamit ng alak o droga, na tinatawag na mga serbisyo sa SUD.

Mga benepisyo: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at mga gamot na sakop sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

Mga Serbisyo sa Mga Bata sa California (CCS): Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga bata hanggang sa edad na 21 na may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit, o hindi gumagaling na mga problema sa kalusugan.

Tagapamahala ng Pangangalaga: Ang Tagapamahala ng Pangangalaga ay isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan—tulad ng Rehistradong Nurse (RN), Licensed Vocational Nurse (LVN)/Licensed Practical Nurse (LPN), Social



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Worker, o isa pang sinanay na espesyalista—na tumutulong sa mga miyembro na maunawaan ang kanilang mga kondisyon ng kalusugan at i-coordinate ang pangangalaga sa kanilang mga provider.

Ang mga Tagapamahala ng Pangangalaga ay mahigpit na nakikipagtulungan sa iyo at sa iyong team ng pangangalagang pangkalusugan para matiyak na natatanggap mo ang suporta at mga serbisyong kailangan para mabisang pamahalaan ang iyong kalusugan.

Certified nurse midwife (CNM): Isang tao na lisensyado bilang isang rehistradong nurse at sertipikado bilang isang nurse midwife ng California Board of Registered Nursing. Ang isang sertipikadong nurse midwife ay pinapayagang pangasiwaan ang mga kaso ng normal na panganganak.

Chiropractor: Isang provider na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng manu-manong pagmamaniplula.

Hindi gumagaling na kondisyon: Isang sakit o iba pang medikal na problema na hindi ganap na mapagagaling o na lumalala sa paglipas ng panahon o kailangang gamutin para hindi lumala ang miyembro.

Klinika: Isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang pangunahing provider ng pangangalaga (PCP). Ito ay maaaring alinman sa Pederal na Kwalipikadong Health Center (FQHC), klinika ng komunidad, Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC), Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP), o iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.

Mga serbisyo sa komunidad para sa nasa hustong gulang (CBAS): Outpatient, nasa pasilidad na mga serbisyo para sa pangangalaga ng may kasanayang nurse, mga serbisyong panlipunan, mga therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapag-alaga, mga serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga miyembrong kwalipikado.

Mga Suporta sa Komunidad: Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga serbisyong tumutulong na mapabuti ang pangkalahatang kalusugan ng mga miyembro. Nagbibigay ang mga ito ng mga serbisyo para sa mga panlipunang pangangailangang nauugnay sa kalusugan tulad ng pabahay, pagkain, at personal na pangangalaga. Tinutulongan ng mga ito ang mga miyembro sa komunidad, na nakatuon sa pagtataguyod ng kalusugan, katatagan, at kalayaan.

Reklamo: Ang berbal o nakasulat na pagpapahayag ng kawalan ng kasiyahan ng miyembro tungkol sa isang serbisyo, na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa:



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Kalidad ng pangangalaga o mga serbisyong ibinigay;
- Mga pakikipag-ugnayan sa isang provider o empleyado;
- Karapatan ng miyembro na tutulan ang pagpapalawig ng oras na iminungkahi ng Molina Healthcare, isang programa sa kalusugan ng isip ng county o para sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak, o isang provider ng Medi-Cal.

Ang isang reklamo ay kapareho ng isang karaingan.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano na patuloy na makakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanyang umiiral na provider na wala sa network nang hanggang 12 buwan kung sumang-ayon ang provider at Molina Healthcare.

Listahan ng mga Gamot sa Kontrata (CDL): Ang inaprubahang listahan ng gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan maaaring mag-order ang isang provider ng mga sakop na gamot na kailangan ng miyembro.

Pangangasiwa ng mga Benepisyo (COB): Ang proseso ng pagtukoy kung aling coverage ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance, o iba pa) ang may pangunahing mga responsibilidad sa paggamot at pagbabayad para sa mga miyembrong may mahigit sa isang uri ng coverage ng insurance sa kalusugan.

Copayment (co-pay): Ang pagbabayad na ginagawa ng miyembro, kadalasan sa oras ng serbisyo, bilang karagdagan sa pagbabayad ng Molina Healthcare.

Mga Sakop na Serbisyo: Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang Molina Healthcare ang may pananagutan sa pagbabayad. Ang mga sakop na serbisyo ay napapailalim sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal, anumang pagbabago sa kontrata, at gaya ng nakalista sa Handbook ng Miyembro na ito (kilala rin bilang Pinagsamang Katunayan ng Coverage (EOC) at Form ng Paghahayag).

DHCS: Ang California Department of Health Care Services. Ito ang tanggapan ng estado na nangangasiwa sa programa ng Medi-Cal.

Pag-alis sa pagkaka-enroll: Para ihinto ang paggamit ng isang planong pangkalusugan dahil ang miyembro ay hindi na kwalipikado o lilipat sa bagong planong pangkalusugan. Ang miyembro ay dapat pumirma sa isang form na nagsasabing hindi na niya gustong gamitin ang planong pangkalusugan o tumawag sa Health Care Options at umalis sa pagkaka-enroll sa pamamagitan ng telepono.

DMHC: Ang California Department of Managed Health Care (DMHC). Ito ang tanggapan ng estado na nangangasiwa sa mga plano sa kalusugan ng pinamamahalaang pangangalaga.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga serbisyo ng Doula: Kasama sa mga serbisyo ng Doula ang edukasyon sa kalusugan, adbokasiya, at suportang pisikal, emosyonal, at hindi medikal. Ang mga miyembro ay maaaring makakuha ng mga serbisyo ng doula bago, habang, at pagkatapos ng panganganak o pagtatapos ng pagbubuntis, kabilang ang postpartum. Ang mga serbisyo ng Doula ay ibinibigay bilang mga serbisyong pang-iwas sa sakit at dapat irekomenda ng isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner.

Matibay na Kagamitang Medikal (DME): Mga kagamitang medikal na medikal na kinakailangan at iniutos ng doktor ng miyembro o iba pang provider na ginagamit ng miyembro sa tahanan, komunidad, o pasilidad na ginagamit bilang tahanan.

Maaga at pana-panahong screening, diyagnostiko, at paggamot (EPSDT): Pumunta sa “Medi-Cal for Kids and Teens.”

Pang-emergency na pangangalaga: Isang pagsusuri na isinasagawa ng isang doktor o kawani sa ilalim ng pangangasiwa ng doktor, ayon sa pinahihintulutan ng batas, para malaman kung mayroong emergency na medikal na kondisyon. Mga serbisyo na medikal na kinakailangan para maging stable ang iyong kondisyon nang ayon sa mga kakayahan ng pasilidad.

Emergency na medikal na kondisyon: Isang medikal o pangkaisipang kondisyon na may matinding sintomas, tulad ng aktibong pagle-labor (pumunta sa kahulugan sa itaas) o matinding pananakit, na makatwirang pinaniniwalaan ng isang taong may karaniwang kaalaman tungkol sa kalusugan at medisina na ang hindi makakuha ng agarang pangangalagang medikal ay maaaring:

- Ilagay ang kalusugan ng miyembro o ang kalusugan ng kanyang hindi pa isinisilang na sanggol sa malubhang panganib
- Magdulot ng kapansanan sa paggana ng katawan
- Maging sanhi ng isang bahagi ng katawan o organ na hindi gumana nang tama
- Magresulta sa kamatayan

Pang-emergency na transportasyong pangmedikal: Transportasyon sa isang ambulansya o pang-emergency na sasakyan papunta sa isang emergency room para makakuha ng pang-emergency na pangangalagang pangmedikal.

Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (ECM): Ang ECM ay interdisciplinary at para sa buong tao na pamamaraan sa pangangalaga na tumutugon sa mga klinikal at hindi klinikal na pangangailangan ng mga Miyembro na may pinakamasalimuot na medikal at panlipunang pangangailangan.

Naka-enroll: Isang tao na miyembro ng isang planong pangkalusugan at nakakakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Dati nang pasyente: Isang pasyente na may kasalukuyang relasyon sa provider at pumunta sa provider na iyon sa loob ng tinukoy na panahon na itinatag ng planong pangkalusugan.

Paggamot na sinusubukan pa lang: Mga gamot, kagamitan, procedure, o mga serbisyo na nasa yugto na sinusubukan sa laboratoryo o mga pag-aaral sa hayop bago subukan sa mga tao. Ang mga serbisyong sinusubukan ay hindi sumasailalim sa isang klinikal na pagsisiyasat.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya: Mga serbisyo para maiwasan o maantala ang pagbubuntis. Ang mga serbisyo ay ibinibigay sa mga miyembro ng nasa edad na maaaring mag-anak para matukoy nila ang bilang at agwat ng mga bata.

Federal na Kwalipikadong Health Center (FQHC): Health center sa isang lugar na walang maraming provider. Ang isang miyembro ay maaaring makakuha ng pangunahin at pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa isang FQHC.

May Bayad na Serbisyo (FFS) na Medi-Cal: Minsan hindi sinasakop ng Molina Healthcare ang mga serbisyo, ngunit makukuha pa rin ito ng miyembro sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal, tulad ng maraming serbisyo ng parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Follow-up na pangangalaga: Regular na pangangalaga ng doktor para suriin ang progreso ng miyembro pagkatapos ng pagkakaospital o sa haba ng paggamot.

Pandaraya: Sinadyang pagkilos para linlangin o pagsisinungaling ng isang taong alam na ang panlilalang ay maaaring magresulta sa ilang hindi awtorisadong benepisyo para sa tao o sa ibang tao.

Mga Nagsasariling Paanakan (FBCs): Mga pasilidad sa kalusugan kung saan ang panganganak ay nakaplanong mangyari nang malayo sa tirahan ng buntis na miyembro at lisensyado o kung hindi man ay inaprubahan ng estado para magbigay ng pangangalaga sa pagle-labor bago manganak at sa panganganak o postpartum at iba pang serbisyo sa nakakalakad na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

Karaingan: Ang berbal o nakasulat na pagpapahayag ng kawalan ng kasiyahan ng miyembro tungkol sa isang serbisyo, na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Kalidad ng pangangalaga o mga serbisyong ibinigay;
- Mga pakikipag-ugnayan sa isang provider o empleyado;
- Karapatan ng miyembro na tutulan ang pagpapalawig ng oras na iminungkahi ng Molina Healthcare, isang programa sa kalusugan ng isip ng county o para sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak, o isang provider ng Medi-Cal.

Ang isang reklamo ay kapareho ng isang karaingan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga serbisyo at kagamitan para sa habilitation: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa miyembro na panatilihin, matutunan, o pahasayin ang mga kakayahan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Health Care Options (HCO): Ang programa na maaaring mag-enroll o mag-alis sa pagkaka-enroll sa isang miyembro mula sa isang planong pangkalusugan.

Insurance sa kalusugan: Coverage ng insurance na nagbabayad para sa mga gastos na pangmedikal at para sa operasyon sa pamamagitan ng pagbabayad sa taong nakaseguro para sa mga gastos mula sa pagkakasakit o pinsala o direktang pagbabayad sa provider ng pangangalaga.

Pangangalaga sa kalusugan sa tahanan: Pangangalaga ng may kasanayang nurse at iba pang serbisyong ibinibigay sa bahay.

Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan: Mga provider na nagbibigay sa mga miyembro ng pangangalaga ng may kasanayang nurse at iba pang serbisyo sa bahay.

Hospisyo: Pangangalaga para mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na mga kawalan ng ginhawa para sa miyembrong may nakamamatay na sakit. Ang pangangalaga ng hospisyo ay available kapag ang miyembro ay inaasahang mabubuhay nang anim na buwan o mas mababa.

Ospital: Isang lugar kung saan nakakakuha ang miyembro ng inpatient at outpatient na pangangalaga mula sa mga doktor at nurse.

Outpatient na pangangalaga sa ospital: Pangangalagang pangmedikal o kaugnay sa operasyon na ginagawa sa isang ospital nang hindi ina-admit bilang inpatient.

Pagkakaospital: Pagkaka-admit sa isang ospital para gamutin bilang inpatient.

Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP): Isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinapatakbo ng Serbisyo sa Kalusugan para sa Indian (IHS), isang Tribo ng Indian, Programa sa Kalusugan ng Tribo, Organisasyon ng Tribo o Organisasyon ng Indian sa Lungsod (UIO) dahil ang mga salitang iyon ay tinukoy sa Seksyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (25 Seksyon 1603 ng Kodigo ng Estados Unidos).

Inpatient na pangangalaga: Kapag kailangang manatili nang magdamag ang miyembro sa isang ospital o ibang lugar para sa pangangalagang pangmedikal na kailangan.

Intermediate care facility o tahanan: Pangangalaga na ibinibigay sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o tahanan na nagbibigay ng 24 na oras na serbisyo sa tirahan. Ang mga uri ng intermediate care facility o tahanan ay kinabibilangan ng



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

intermediate care facility/developmentally disabled (ICF/DD), intermediate care facility/developmentally disabled-habilitative (ICF/DD-H), at intermediate care facility/developmentally disabled-nursing (ICF/DD-N).

Paggamot na sinisiyasat pa lang: Gamot na ginagamit sa paggamot, biyolohikal na produkto, o device na matagumpay na nakumpleto ang yugto isa ng klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA), ngunit hindi naaprubahan para sa pangkalahatang paggamit ng FDA at nananatiling nasa ilalim ng pagsisiyasat sa isang klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng FDA.

Pangmatagalang pangangalaga: Pangangalaga sa isang pasilidad nang mas mahaba kaysa sa buwan ng pagkaka-admit at isa pang buwan.

Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS): Mga serbisyong tumutulong sa mga taong may pangmatagalang mga problema sa kalusugan o kapansanan na mamuhay o magtrabaho kung saan nila pipiliin. Ito ay maaaring sa bahay, sa trabaho, sa isang panggrupong tahanan, isang nursing home, o ibang pasilidad ng pangangalaga. Kasama sa LTSS ang mga programa para sa pangmatagalang pangangalaga at mga serbisyong ibinibigay sa tahanan o sa komunidad, na tinatawag ding mga serbisyo sa tahanan at komunidad (HCBS). Ang ilang serbisyo ng LTSS ay ibinibigay ng mga planong pangkalusugan, habang ang iba ay ibinibigay nang hiwalay.

Plano ng pinamamahalaang pangangalaga: Isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na gumagamit lang ng ilang doktor, espesyalista, klinika, parmasya, at mga ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na naka-enroll sa planong iyon. Ang Molina Healthcare ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

Medi-Cal for Kids and Teens: Isang benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang para matulungan silang manatiling malusog. Ang mga miyembro ay dapat kumuha ng tamang mga pag-check up ng kalusugan para sa kanilang edad at naaangkop na mga screening para mahanap ang mga problema sa kalusugan at magamot ang mga sakit nang maaga. Dapat silang magpagamot para mapangalagaan o matulungan ang mga kondisyong maaaring makita sa mga check-up. Ang benepisyong ito ay kilala rin bilang benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diyagnostiko, at Paggamot (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

Medi-Cal Rx: Isang serbisyo ng benepisyo ng parmasya na bahagi ng FFS na Medi-Cal at kilala bilang “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo ng parmasya, kabilang ang mga inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Pangmedikal na tahanan: Isang pamamaraan ng pangangalaga na nagbibigay ng mga pangunahing tungkulin ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang komprehensibong pangangalaga, nakatuon sa pasyente, pinangangasiwaang pangangalaga, naa-access na mga serbisyo, at kalidad at kaligtasan.

Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan): Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay mahahalagang serbisyo na makatwiran at nagpoprotekta sa buhay. Ang pangangalaga ay kailangan para maiwasan ang mga pasyente na magkaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding pananakit sa pamamagitan ng pag-diagnose o paggamot sa sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ng Medi-Cal ang pangangalaga na kailangan para ayusin o matulungan ang isang pisikal o pangkaisipang sakit o kondisyon, kabilang ang mga sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak (SUD).

Pangmedikal na transportasyon: Transportasyon na inirereseta ng isang provider para sa miyembro kapag ang miyembro ay hindi pisikal o medikal na makakagamit ng kotse, bus, tren, taxi, o iba pang paraan ng pampubliko o pribadong transportasyon para makapunta sa isang sakop na medikal na appointment o para kumuha ng mga gamot. Nagbabayad ang Molina Healthcare para sa pinakamababang gastos sa transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment.

Medicare: Ang pederal na programa ng insurance sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda pa, ilang mas bata pa na may mga kapansanan, at mga taong may end-stage renal disease (permanenteng kidney failure na nangangailangan ng dialysis o transplant, na kung minsan ay tinatawag na End-Stage Renal Disease (ESRD).

Miyembro: Sinumang kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal na naka-enroll sa Molina Healthcare na may karapatang makakuha ng mga sakop na serbisyo.

Provider ng serbisyo sa kalusugan ng isip: Mga propesyonal sa Pangangalagang Pangkalusugan na nagbibigay ng kalusugan sa isip sa mga pasyente.

Mga serbisyo ng kumadrona: Pangangalaga habang bago magbuntis, habang nagbubuntis at pagkatapos manganak, kabilang ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga para sa bagong silang na sanggol, na ibinibigay ng mga sertipikadong nurse midwife (CNM) at mga lisensyadong midwife (LM).

Network: Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang provider na nakakontrata sa Molina Healthcare para magbigay ng pangangalaga.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Provider ng network (o provider na nasa network): Pumunta sa “Kalahok na provider.”

Hindi sakop na serbisyo: Isang serbisyo na hindi sakop ng Molina Healthcare.

Hindi pangmedikal na transportasyon: Transportasyon kapag nagbibiyahe papunta at mula sa isang appointment para sa sakop na serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng provider ng miyembro at kapag kumukuha ng mga gamot at mga medikal na supply.

Hindi kalahok na provider: Provider na wala sa network ng Molina Healthcare.

Orthotic na device: Isang device na ginagamit sa labas ng katawan upang suportahan o itama ang nasaktan o may sakit na bahagi ng katawan, na medikal na kinakailangan para gumaling ang miyembro.

Iba pang coverage sa kalusugan (OHC): Ang iba pang coverage sa kalusugan (OHC) ay tumutukoy sa pribadong insurance sa kalusugan at mga nagbabayad ng serbisyo maliban sa Medi-Cal. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang pangmedikal, pang-ngipin, para sa paningin, parmasya, mga Medicare Advantage plan (Bahagi C), plano ng gamot ng Medicare (Bahagi D), o karagdagang plano ng Medicare (Medigap).

Mga serbisyo na wala sa area: Mga serbisyo habang ang isang miyembro ay nasa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare.

Provider na wala sa network: Isang provider na hindi bahagi ng network ng Molina Healthcare.

Outpatient na pangangalaga: Kapag ang isang miyembro ay hindi kailangang manatili nang magdamag sa isang ospital o ibang lugar para sa pangangalagang medikal na kailangan.

Outpatient na mga serbisyo sa kalusugan ng isip: Outpatient na mga serbisyo para sa mga miyembrong may banayad hanggang katamtamang kondisyon sa kalusugan ng isip kabilang ang:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip ng indibidwal o grupo (psychotherapy)
- Pagsusuri ng sakit sa isip kapag sinabi ng mga doktor para suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip
- Outpatient na mga serbisyo para sa mga layunin ng pagsubaybay sa therapy sa pamamagitan ng gamot
- Pagkonsulta para sa isip
- Outpatient na laboratoryo, mga supply, at mga suplemento

Pangangalaga para maibsan ang pananakit: Pangangalaga para bawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na kakulangan sa ginhawa para sa miyembrong may malubhang karamdaman. Ang pangangalaga para maibsan ang pananakit ay hindi hinihiling sa miyembro na magkaroon ng inaasahang itatagal ng buhay na anim na buwan o mas maikli.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Kalahok na ospital: Isang lisensiyadong ospital na may kontrata sa Molina Healthcare para magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa oras na makakuha ng pangangalaga ang isang miyembro. Ang mga sakop na serbisyo na maaaring ibigay ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay limitado ng pagsusuri sa paggamit ng Molina Healthcare at ng mga patakaran sa pagtiyak ng kalidad o ng kontrata ng Molina Healthcare sa ospital.

Kalahok na provider (o kalahok na doktor): Isang doktor, ospital, o iba pang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensiyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa Molina Healthcare para magbigay ng mga sakop na serbisyo sa mga miyembro sa oras na makakuha ng pangangalaga ang isang miyembro.

Mga serbisyo ng doktor: Mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisensyado sa ilalim ng batas ng estado para magsagawa ng panggagamot o osteopathy, hindi kasama ang mga serbisyong ibinibigay ng mga doktor habang ang miyembro ay naka-admit sa isang ospital na sinisingil sa bill ng ospital.

Plano: Pumunta sa “Plano ng pinamamahalaang pangangalaga.”

Mga serbisyo pagkatapos maging stable ang kondisyon: Mga sakop na serbisyong nauugnay sa isang emergency na medikal na kondisyon na ibinibigay pagkatapos ma-stabilize ang miyembro para mapanatiling stable ang miyembro. Sinasakop at binabayaran ang mga serbisyo sa pangangalaga pagkatapos maging stable ang kondisyon. Maaaring kailanganin ng mga ospital na wala sa network ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot): Ang proseso kung saan ang isang miyembro o ang kanyang provider ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa Molina Healthcare para sa ilang serbisyo upang matiyak na sasakupin ng Molina Healthcare ang mga ito. Ang isang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang pag-apruba ay kapareho ng paunang pahintulot.

Coverage ng inireresetang gamot: Coverage para sa mga gamot na inirereseta ng isang provider.

Mga inireresetang gamot: Isang gamot na ayon sa batas ay nangangailangan ng utos mula sa isang lisensiyadong provider para maibigay, hindi katulad ng mga gamot na over-the-counter (“OTC”) na hindi nangangailangan ng reseta.

Pangunahing pangangalaga: Pumunta sa “Karaniwang pangangalaga.”



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP): Ang lisensyadong provider na mayroon ang isang miyembro para sa karamihan ng kanyang pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang pangangalaga na kailangan niya.

Ang PCP ay maaaring isang:

- Pangkalahatang practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Family practitioner
- OB/GYN
- Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP)
- Pederal na Kwalipikadong Health Center (FQHC)
- Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC)
- Nurse practitioner
- Physician assistant
- Klinika

Paunang pahintulot (paunang pag-apruba): Ang proseso kung saan ang isang miyembro o ang kanyang provider ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa Molina Healthcare para sa ilang serbisyo para matiyak na sasakupin ang mga ito ng Molina Healthcare. Ang isang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang pahintulot ay kapareho ng paunang pag-apruba.

Prosthetic device: Isang artipisyal na device na nakakabit sa katawan para palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

Direktoryo ng Provider: Isang listahan ng mga provider sa network ng Molina Healthcare.

Pang-emergency na medikal na kondisyon sa isip: Isang sakit sa isip kung saan ang mga sintomas ay malubha o sapat na malubha para magdulot ng agarang panganib sa miyembro o sa iba pa o ang miyembro ay hindi kaagad makakapagbigay o makakagamit ng pagkain, tirahan, o damit dahil sa sakit sa isip.

Mga serbisyo sa kalusugan ng publiko: Mga serbisyo sa kalusugan na naka-target sa buong populasyon. Kabilang dito, bukod sa iba pa, ang pagsusuri sa sitwasyon ng kalusugan, pagsubaybay sa kalusugan, pagtataguyod ng kalusugan, mga serbisyo na pang-iwas sa sakit, pagkontrol sa nakakahawang sakit, pangangalaga sa kapaligiran at kalinisan, paghahanda at pagtugon sa sakuna, at kalusugan sa trabaho.

Kwalipikadong provider: Isang doktor na kwalipikado sa larangan ng pagsasanay na angkop para gamutin ang kondisyon ng isang miyembro.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Reconstructive surgery: Ang operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan para mapabuti ang paggana o gumawa ng isang normal na hitsura hangga't maaari. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay ang mga dulot ng depekto mula sa pagkapanganak, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, mga tumor, o sakit.

Referral: Kapag sinabi ng PCP ng miyembro na makakakuha ang miyembro ng pangangalaga mula sa ibang provider. Ang ilang sakop na serbisyo ng pangangalaga ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Rehabilitative at habilitative na mga serbisyo ng therapy at mga device: Mga serbisyo at device para tulungan ang mga miyembrong may mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na mga kondisyon na makuha o mabawi ang mga kakayahan sa isip at pisikal.

Karaniwang pangangalaga: Mga serbisyong medikal na kinakailangan at pangangalagang pang-iwas sa sakit, mga well-child visit, o pangangalaga tulad ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC): Health center sa isang lugar na walang maraming provider. Ang mga miyembro ay maaaring makakuha ng pangunahin at pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa isang RHC.

Mga sensitibong serbisyo: Mga serbisyong nauugnay sa kalusugan ng isip, sekswal at kakayahang mag-anak, pagpapalano ng pamilya, mga impeksyon na naipapasa sa pakikipagtalik (mga STI), HIV/AIDS, sekswal na pang-aatake at mga aborsyon, sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak (SUD), pangangalaga na partikular sa kasarian, at karahasan sa intimate partner.

Malubhang sakit: Isang sakit o kondisyon na dapat gamutin at maaaring magresulta sa kamatayan.

Lugar ng serbisyo: Ang heyograpikong lugar na pinaglilingkuran ng Molina Healthcare. Kabilang dito ang mga county ng Sacramento, San Diego, Riverside, at San Bernardino.

Pangangalaga ng may kasanayang nurse: Mga sakop na serbisyong ibinibigay ng mga lisensyadong nurse, technician, o therapist sa panahon ng pananatili sa isang skilled nursing facility o sa bahay ng isang miyembro.

Skilled nursing facility: Isang lugar na nagbibigay ng 24 na oras sa isang araw na pangangalaga ng nurse na tanging mga sinanay na propesyonal sa kalusugan lang ang makapagbibigay.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Espesyalista (o doktor na may espesyalisasyon): Isang doktor na gumagamot sa ilang uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ginagamot ng isang orthopedic surgeon ang mga nabaling buto; ginagamot ng isang allergist ang mga alerhiya; at ang isang cardiologist ay gumagamot sa mga problema sa puso. Sa karamihan ng mga sitwasyon, ang isang miyembro ay mangangailangan ng referral mula sa kanyang PCP para pumunta sa isang espesyalista.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad (SMHS): Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na mas mataas kaysa sa banayad hanggang sa katamtamang antas ng kapansanan.

Subacute na pasilidad ng pangangalaga (matanda o bata): Isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga para sa mga miyembrong may sakit na kailangan ng mga espesyal na serbisyo, tulad ng inhalation therapy, pangangalaga para sa tracheotomy, intravenous tube feeding, at masusing pangangalaga ng kumplikadong sugat.

Sakit na nakamamatay: Isang medikal na kondisyon na hindi na maibabalik sa dati at pinakamalamang na magdulot ng kamatayan sa loob ng isang taon o mas maikli kung susundin ng sakit ang natural na haba nito.

Tort recovery: Kapag ang mga benepisyo ay ibinigay o ibibigay sa miyembro ng Medi-Cal dahil sa isang pinsala kung saan may pananagutan ang isa pang partido, binabawi ng DHCS ang makatwirang halaga ng mga benepisyo na ibinigay sa miyembro para sa pinsalang iyon.

Triage (o screening): Ang pagsusuri ng kalusugan ng miyembro ng isang doktor o nurse na sinanay para sumuri para sa layunin ng pagtukoy sa pagiging apurahan ng iyong pangangailangan para sa pangangalaga.

Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo): Mga serbisyong ibinibigay para gamutin ang isang hindi pang-emergency na sakit, pinsala o kondisyon na nangangailangan ng pangangalagang medikal. Maaaring makakuha ng agarang pangangalaga ang mga miyembro mula sa isang provider na wala sa network kung pansamantalang hindi available o naa-access ang mga provider na nasa network.

1915(c) Waiver para sa Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS): Ito ay isang espesyal na programa ng pamahalaan para sa mga taong nasa panganib na mailagay sa isang nursing home o sa isang institusyon. Ang programa ay nagpapahintulot sa DHCS na magbigay ng HCBS sa mga taong ito para manatili sila sa kanilang tahanan na nasa komunidad. Kasama sa HCBS ang pamamahala ng kaso,



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

personal na pangangalaga, may kakayahang pangangalaga ng nurse, habilitasyon, at mga serbisyo ng maybahay o home health aide. Kasama rin sa mga ito ang mga pangumagang programa para sa nasa hustong gulang at pansamantalang pangangalaga para makapahinga ang tagapag-alaga. Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay dapat mag-apply nang hiwalay at maging kwalipikado na ma-enroll sa isang waiver. May mga waiting list ang ilang waiver.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711).
Nandito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.